# Ang Gabay sa Katothanan



*GAWANG*
*SANGAY SA PAGSAALIN NG WIKA*
*SA AMING TANGGAPAN*

THE COOPERATIVE OFFICE FOR CALL & GUIDANCE Al- SULAY, RIYADH
P.O.BOX 1419 ZIP CODE 11431, TEL.NO (01) 2410615 -FAX (01) 2414488-232

# ANG GABAY SA KATOTOHANAN

# الهداية إلى الحق

Tinipon ni:

**ABDULKHALIQ S. SARIPADA**

**Second Revised Edition 1422h / 2001g**
الطباعة الثانية
نسخة مزيدة و منقحة

© The Cooperative Office For Call and Guidance Al-Sulay, 1422H.

*King Fahad National Library Cataloging in Publication Data*

The Cooperative Office for Call & Guidance at Al-Sulay

Saripada , AbdulKhaliq S.
Ang Gabay sa Katotohanan – 2nd Edition – Riyadh.
p. 95 cm....
ISBN: 9960-9356-2-0

1- Ang Da'awah sa Islam    A- Title

213 dc    4425/22

Legal Deposit no: 4425/22
ISBN: 9960-9356-2-0

All Rights Reserved
Second Revised Edition
2001g

# Ang Mga Nilalaman


| No. | Mga Titulo | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Mga Nilalaman | 1 |
| 2 | Ang Panimula | 5 |
| 3 | **KABANATA - 1** | |
| | Islam, Ang Pinakaunang Relihiyon sa Pilipinas | 7 |
| 4 | **KABANATA - II** | |
| | Ano ang Islam? | 14 |
| | Islam: Ang Relihiyon para sa Allah | 15 |
| | Sino ang Allah? | 15 |
| | Sino ang Muslim | 16 |
| | Sino si Muhammad? | 17 |
| | Ano ang Banal na Kor'an? | 18 |
| | Ano ang Hadith? | 19 |
| | Sino ang mga Sahabah? | 20 |
| | Ano ang Ihsan? | 21 |
| | Ano ang Iman? | 21 |
| | **Mga Saligan ng Paniniwala sa Islam** | |
| | Paniniwala sa Pagka-iisa ng Allah | 22 |
| | Paniniwala sa mga Anghel | 25 |
| | Paniniwala sa mga Banal na Kasulatan | 27 |
| | Paniniwala sa mga Propeta | 29 |
| | Ang mga Propeta | 31 |
| | Paniniwala sa Pinakahuling Araw | 32 |
| | Paniniwala sa mga Qadar o Kahihinatnan | 33 |
| | **Mga Haligi ng Pananampalataya sa Islam** | |
| | Ang Shahadatayn ? | 34 |
| | Ang Tawhedullah | 35 |
| | Tawheed Al-Rububiyyah | 35 |
| | Tawheed Al-Asma was-Sifaat | 37 |
| | Tawheed Al-Uluhiyyah | 38 |
| | Mga Elemento sa Pagpapahayag | 39 |
| | Ang Shirk | 43 |
| | Mga Bagay na Makakasira sa Tawheed | 43 |
| | Ang Mga Pagdarasal sa Islam | 47 |
| | Ang Zakah | 52 |

| | | |
|---|---|---|
| | Ang Pag-aayuno | 54 |
| | Ang Hajj | 56 |
| | Ang Paraiso | 58 |
| | Ang Impiyerno | 59 |
| 5 | **KABANATA - III** | |
| | Mga Paliwanag sa mga maling pakahulugan tungkol sa Islam. | |
| | Paniniwala kay Kristo Hesus | 62 |
| | Ang Shariah sa Islam | 67 |
| | Ang Kahulugan ng Jihad sa Islam | 72 |
| | Ang Poligamiya sa Islam | 78 |
| | Ang Muhammadanismo | 82 |
| 6 | **KABANATA - IV** | |
| | Kung bakit ako yumakap sa Islam | 84 |

## Mga Palatandaan

| | | |
|---|---|---|
| ﷽ | Bismillahir Rahmanir Raheem | Sa Ngalan ng Allah, ang Maawain at Mahabagin |
| ﷻ | Jalla-Jallaluho | Ang Kataas-taasan |
| سبحانه وتعالى | Subhanaho Wata'ala | Ang Walang Kapintasan |
| ﷺ | Sallallahu Alayhi Wasallam | Mapasa-kanya ang pagpupuri ng Allah at ang kapayapaan. |
| رضي الله عنهم | Radhiallaho Anhom | Kalugdan sila ng Allah. |
| رضي الله عنه | Radhiallaho Anho (a) | Kalugdan siya ng Allah. |
| عليه السلام | Alayhis Salam | Sumakanya nawa ang kapayapaan |

بسم الله الرحمن الرحيم

## ANG PANIMULA

Ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah ﷻ lamang, ang Panginoon ng sanlibutan at ng sangkatauhan. Ang pagpapala at pagbati ng Allah ﷻ ay mapasa-lahat ng mga Propeta, kay Propeta Muhammad ﷺ, sa kanyang pamilya, at sa lahat ng kanyang kamag-anak, mga kasamahan at sa lahat ng sumunod sa kanyang mga gawi at katuruan.

Mula sa kahilingan ng madla ay aking naisipang gawin ang pangalawang pagpapalimbag sa aklat na ito dahil sa aming napansin ang higit na pangangailangan nito lalung-lalo na sa larangan ng Da'awah. Ang unang pagpapalimbag nito ay ginawa noong taong 1999 o 1420 ng Hejrah at kami ay nagpalabas nito ng sampung libong kopya at sa loob nang maikling panahon, ito ay madaling naubos. Naipamahagi namin ito sa iba't ibang bansang mayroong mga manggagawang Pilipino. May mga susog o mga mumunting pagbabago sa mga nilalaman nito ang aking ginawa na ayon sa aking paniniwala ay para na rin sa kabutihan, kapakanan at mga karagdagang kaalaman tungo sa magandang pang-unawa ng mga mambabasa nito lalung-lalo na sa mga hindi pa Muslim tungkol sa wastong katuruan at kaalaman sa relihiyong Islam.

Ang munting aklat na ito ay aming inihahandog sa lahat ng Muslim o hindi Muslim na masusing nananaliksik tungkol sa tamang kaalaman sa Islam.

Kasama sa aming mga panalangin na nawa ay tanggapin ng Allah ﷻ ang aming maganda at mabuting layunin sa paglalathalang muli sa munting gabay na ito at nawa ay mapakinabangan ng mga mambabasa nito at makatulong sa pagpapalaganap ng Islam sa ating bansa.

Maraming salamat po at Wassalamu Alaikom Wa Rahmatullahi Wabarakatuho.

ABDULKHALIQ SHARIF SARIPADA
Tanggapang Kooperatiba sa Panawagan
at Pamatnubay sa Pamayanan ng Al-Sulay
Al-Riyadh, Kaharian ng Saudi Arabia

October 1, 2001g
Rajab 14, 1422h

## KABANATA – I

### "Islam : Ang Pinakaunang Relihiyon Sa Pilipinas"
### (Ang Maikling Kasaysayan , Kahulugan at Kaugnayan)

Ang Relihiyong Islam ay may malalim at malawak na kasaysayan sa isang bansang noon ay mapayapa at mga mamamayang Muslim at pagano lamang ang naninirahan dito. Ito ang bansang Pilipinas sa kasalukuyan[1].

Kung ito ay masusi nating pag-aaralan, malalaman natin mula sa kasaysayang ito na kahit papaano ay makapagdudulot o makapagbibigay sa atin ng mga magagandang aral, kaalaman at paliwanag tungkol sa mga nakaraang karanasan ng ating pinakamamahal na bansa.

Kung titingnan natin sa Hiograpya, ang ating bansa ay makikita natin na nasa Timog-Silangang Asya (South-East Asia) na karamihan sa mga kalapit- bansang nakapaligid dito ay mga bansang Muslim.

Kung ihahambing natin ang katayuan ng Relihiyong Islam sa mga bansa ng Timog-Silangang Asya ay makikita natin na ang Relihiyong Islam ay siyang nangunguna sa lahat ng relihiyon sa buong ASEAN (Association of South East Asian Nation).

Mula sa talaan ng mga bansa sa ibaba ay mapapansin natin ang katayuan ng relihiyong Islam sa mga bansa ng ASEAN na kung hindi Islam ang pangunahing relihiyon ay siya ang pangalawang relihiyon.

Ang lahi ng mga Pilipino sa kasalukuyan ay tinaguriang Lahing Indo-Malay (Indo-Malay race) na ang kahulugan ay lahing nagmula sa pinaghalong lahi ng mga

[1] Tingnan ang Mapa sa pahina bilang 10.

Indonesian at Malaysian. Samakatuwid,ang pinagmulan ng ating lahi ay purong Muslim.

| Pangalan ng Bansa | Relihiyon | Pangalan ng Bansa | Relihiyon |
|---|---|---|---|
| **Malaysia** | **Islam**<br>Budhismo<br>Kristiyanismo | **Japan** | Budhismo<br>**Islam** |
| **Brunie** | **Islam** | **Singapore** | Budhismo<br>**Islam** |
| **Philippines** | Kristiyanismo<br>**Islam** | **Thialand** | Budhismo<br>**Islam** |
| **Indonesia** | **Islam**<br>Kristiyanismo | **Korea**<br>North/South | Budhismo<br>**Islam** |
| **China** | Budhismo<br>**Islam** | | |

Naniniwala ang mga mananalaysay natin na ang pinagmulan ng mga tao sa ating bansa ay galing sa lupalop ng Asya at nagkataon lamang na sa kapuluan ng Pilipinas sila nanirahan.

Ang Islam ay dumating sa ating bansa[2] dala ng mga mangangalakal na mga Muslim na nanggaling sa mga kalapit bansang Muslim pagpasok ng ika labing tatlong siglo (13th Century) sa pamumuno ni Sharif Makhdum na isang misyonaryong Muslim noong taon 1380 upang mapalawak ang kaalaman at katuruan sa Islam. Ang Islam ay siya ang pinakaunang relihiyon na dumating at tinanggap ng ating mga ninuno. Ang batas ng Islam ang naging batas sa kapuluan ng Pilipinas sa loob ng mahigit na labing dalawang daang taon hanggang sa pagpasok ng ika-labing limang siglo (15th Century), Taong 1521 na iyon din ang unang pagdating ng mga dayuhang Kastila sa ating bansa sa pamumuno ni Ferdinand Magellan na isang Portugalista. Mula nang sila ay dumating sa


---

[2]. Kasaysayan ng Pilipinas ni Dr. Cezar A. Majul, Institute of Islamic Studies. PCAS,University of the Philippines at ni Dr. Peter G. Gowing ng Dansalan Junior College, Marawi City

ating bansa, ang kapuluan nating ito ay kanilang bininyagan sa pangalang ***Pilipinas*** (The Philippines) ito ay hinango mula sa pangalan at karangalan ni Haring Philip II ng bansang Espanya bilang palatandaan na ang bansang ito ay kasama sa mga bansang nasakop ng kaharian ng Espanya. Kanilang itinanim sa ating kapuluan ang pinakaunang krus sa Isla ng Limasawa bilang tanda ng kanilang balak na sakupin at baguhin ang kredo ng ating bansa sa kahit anong pamamaraan. Subalit sila ay sinalubong ng ating mga ninunong Muslim ng malaki at malawak na sagupaan upang ipagtanggol ang sariling bansa, karangalan at kredo (pananampalataya sa Islam). Ang sandata ng ating mga ninuno katulad ng kris, tabak at palaso ay hindi kayang itapat sa baril at kanyon ng mga dayuhang Kastila dahil sa panahong ito ay kalakasan ng Emperador ng Espanya at sila ay kasama sa mga malalakas na imperyo sa buong daigdig. Ang mga Muslim ay mahihina at walang kalaban-laban sa pakikipagdigmaan sa mga dayuhang Kastila, kaya walang nagawa ang kanilang pagpapakasakit, maliban lang kung sila ay sumuko o makikipaglaban hanggang wakas. Maliban sa pulo ng Mindanao, halos ang buong kapuluan ay sumuko at lumuhod sa kaharian ng Espanya. Ito ang araw ng tagumpay at pagwawagi ng mga dayuhang Kastila dahil halos ang buong kapuluan at ang lahat ng kayamanang napapaloob dito ay nasa kanilang kapangyarihan. Ito rin ang araw na napakasakit at ang kanilang mga angkan (tayo) ay magiging dayuhan at alipin sa sariling bansa.

Maliwanag sa mga pangyayaring ito na ang hangarin ng mga dayuhang Kastila sa kanilang paglalakbay ay upang mapalaki at mapalawak ang koloniya ng Espanya at kredong Kristiyanismo sa kahit na anong pamamaraan. Marahas man o masakit, kung ito ay kinakailangan, ay gagawin nila magtagumpay lamang ang kanilang hangarin.

Bilang pagpapatunay sa tunay ng kasaysayan at karanasang tinamo ng mga ninuno nating mga Muslim sa panahon ng pagdating ng mga dayuhang Kastila sa ating bansa, at sa loob ng mahigit na apat na raang taon na ang nakaraan, ay mayroon pa ring mga bakas ang naiwan




**Ang inang-bayan ng mga Moro**

**Ang pook ng mga Muslim sa Pilipinas bago dumating ang mga Kastila noong taong 1521**

ng kanilang kahapon upang sila ay maala-ala at magunita sa kanilang mga kapuri-puring gawa, kadakilaan at kabayanihan bilang mga tagapagtanggol sa sarili nating bansa, kredo at karangalan. Sa bandang Kamaynilaan, sa may daungan ng Maynila (Port Area) ay makikita natin dito ang Intramuros (The Muslim Forts). Ito ang malaking kuta ng mga Muslim sa pamumuno ni Rajah Lakandula[3], Rajah Soliman at Rajah Matanda sa kanilang pakikipagdigmaan laban sa mga dayuhang Kastila, sa bandang Kabisayaan naman ay sina Rajah Humabon ng Isla ng Cebu at Datu Lapu-lapu (Katiladufu) na siya ang pumatay kay Ferdinand Magellan noong magsagupaan sila sa dalampasigan ng Isla ng Mactan.

Maging sa ating mga paaralan ay itinuturo sa atin ang katayuan ng The Ten Bornean Datus na kasama dito sina Datu Puti, Datu Sumakwel, Datu Sikatuna, Datu Paiburong , Datu Bangkaya , Datu Paduhinog, Datu Lubay, Datu Dumangsol, Datu Dumalogdog at Datu Balensuela . Ang mga Datu na ito ay namuno at nanirahan sa bahagi ng Luzon at Bisayas. Sa

---

[3] Mula sa mga nakasalansang dokumentong nasa pangangalaga ng "Management and Archives Office of the National Commission for Culture and Arts", ay kasama sa mga papeles na ito (na nagkakaidad sa mahigit na dalawang daang taon), ang nagsabi na noong taong 1660's pagkatapos makipagdigmaan ang mga Kastila sa pamumuno ni Miguel Lopez de Legazpi laban sa mga Muslim sa pook na kasalukuyang tinatawag na Maynila sa pamumuno nina Rajah Lakandula, Rajah Soliman at Rajah Matanda ay gumawa sila ng kasunduan para sa kapayapaan at pagkakaibigan sa pagitan ng Administrasyong Espanyol at ang mga Muslim. Si Lakandula ay isa sa mga pinakamakapangyarihang (Datu) pinuno ng mga Muslim sa Tondo at ang buong kalawakan ng Hilagang Maynila, Bulakan at Pampanga. Noong taong 1751, si Haring Ferdinand VI ay nagpalabas ng batas para sa mga angkan ng tatlong pinuno ng mga Muslim na ito (Rajah Lakandula, Rajah Soliman, Rajah Matanda) na nag-uutos na sila ay di-saklaw ng kautusan sa pagbabayad ng buwes at mga sapilitang trabaho. Mula sa batas na ito (ang paglilibre sa pagbabayad ng buwes at mga sapilitang trabaho) ay siya ang naging dahilan sa pagkalap sa lahi ng tatlong pinuno na ito ng mga Kastila. Noong 1754, ay isinagawa ng administrasyong Kastila ang sensus (census) sa bayan ng Bulakan at Pampanga at kinuha ang mga pangalan ng mga taong kasama sa angkan ng mga pinunong ito. Ang pangangalap na ito ay napangalagaan hanggang taong 1885. Ang mga pinuno na ito ay mga kamag-anakan ng Sultan of Brunie at Sultan of Sulu. (Ref: Special report from the Arab News Vol. XXVII No. 96 dated March 3, 2001 by Armand N. Nocum, based from the presentation of Jaime C. Laya, Chairman, National Commission for Culture and Arts on the occasion of awarding the Gawad sa Manlilikha ng Bayan 2000 in Malacanang Palace, Manila) .

ngayon kasama sa mga matataas na parangal na inihahandog ng ating bansa ang Datu Puti, Datu Sumakwel at Datu Sikatuna Awards.

Ang kapuluan ng Mindanao ay alam nating lahat na ito ay lugar ng mga Moro Muslim. Ang pangalang Moro ay katagang ginamit ng mga dayuhang kastila sa lahat ng taong sumasalungat at hindi sumusunod sa kanilang mga kagustuhan. Nang dahil ang mga ninuno natin ay lumaban sa kanilang administrasyon, kaya sila ay tinawag nilang Moros. Ang pangalang Moros ay hinango mula sa mga mamamayan ng isang lugar sa Africa na ang pangalan ay Moor. Ang lugar na ito ay gustong sakupin ng Espanya. Ngunit sa kasamaang palad sila ay nabigo at natalo. Kaya, noong sila ay dumating sa ating bansa at nakita ang mga gawain at tradisyon ng ating mga ninuno na may pagkahawig sa tradisyon ng mga Muslim Moros sa Africa, sila ay tinawag na mga Moro.

Ang mga Muslim na ito (sa Mindanao), ay sila ang mga naiwang ala-ala ng ating mga ninunong Muslim na nakipaglaban sa mga Kastila. Sila ay hindi natalo at hindi naman sumuko. Sila ang naging salamin ng ating kahapon bilang mga dakilang mandirigma. Pinag-ingatan nilang mabuti ang kredo o pananampalatayang iniwan sa kanila ng ating mga ninuno. Iyon ang Islam. Sila ay kasama sa mga magaganda at malinaw na pruweba tungkol sa katotohanang nakalipas sa kasaysayan ng ating bansa.

Alhamdulillah, ang mga Pilipino, sa loob ng mahabang panahong pagkakakulong ng kanilang kalayaan , gawa ng mga nagkasunod-sunod na mga kolonialista, ay hindi nangangahulugan na pati na ang kanilang mga kaugnayan ay mapaguho nila. Kahit nawasak nila ang kredo o pananampalataya sa Islam sa ating bansa. Salamat sa Allah ﷻ, dahil dito natalo ang mga dayuhang Kastila, sapagkat lalo silang naging matatag at makabuluhang pagmamahalan ang naitaguyod nila sa isat-isa sa maraming kadahilanan. Maaaring ito ay dahil sa katangiang sila ay may iisang pinagmulang kasaysayan, iisang bansa at iisang diwa. Hindi naging sagabal sa kanila ang uri ng kanilang pananampalataya at sariling pamamaraan sa pamumuhay.

Naitayo nila ang matatag na sagisag ng kanilang pagkakaunawaan at pagsasamahan kahit sa larangan ng pampamilya na sa kasalukuyan ay lalong naging mahirap tiyakin ang kanilang mga kulay dahil sa dami ng naging bunga ng kanilang pagmamahalan at pagsasamahan. Malaki ang posibilidad na sa pamamagitan ng bagong henerasyon ay maaaring maibalik nila ang kalayaang inagaw ng mga dayuhang Kastila sa ating inang bansa, ito ang pagka-iisang bansa, iisang diwa at iisang paniniwala sa poong Maykapal na ito ang pinaghirapan, ipinagtanggol at hinangad ng ating mga ninuno at ang kanilang buhay ang naging kapalit alang alang sa atin.

oOo

# KABANATA - II

## "Mga Mahahalagang Patnubay o Aral Sa Pundamental Ng Islam"

- **ANO ANG ISLAM?** ما هو الإسلام؟

❑ Ang Islam إسلام ay katagang Arabik na galing sa salitang ugat na سلام SALAM at سلم SILM at ang kahulugan ay: Pagsuko استسلام , Pagtalima إنقياد , Pagsunod خضوع at Kapayapaan, Kaligtasan at Katiwasayan سلام

Ang Islam ay ang pagsuko, pagtalima at pagsunod sa mga kautusan ng Allah ﷻ upang makamit ang Kapayapaan, Katiwasayan at Kaligtasan.

Ito ang katayuang pagpapaubaya sa sarili at sariling kagustuhan ayon sa kagustuhan ng Allah ﷻ alinsunod sa mga katuruan ng Banal na Kor'an at 'Hadeeth (Tradisyon) ng Propeta Muhammad ﷺ.

Ito ang ganap na pagsuko at pagsunod nang walang kasamang pag-aalinlangan sa mga kautusan ng Allah ﷻ at mamuhay sa tamang pamamaraan ayon sa katuruang isinasaad ng Islam.

Bawat nilikha ng Allah ﷻ ay may kalikasan upang sumunod sa kautusan at kagustuhan ng Dakilang Manlilikha. Hindi ipinagkaloob sa kanila ng Allah ﷻ ang gumawa ng anumang bagay na magmumula sa kanilang sariling kagustuhan, maliban sa tao na Kanyang binigyan ng kalayaan upang pumili sa sariling landasin ng pamumuhay.

### DEEN AL ISLAM دين الإسلام ANG RELIHIYON PARA SA ALLAH ﷻ.

Ang katagang دين *Deen* ay may malawak na kahulugan. Sa literal na kahulugan ay Daan o panuntunan ng Buhay (sa Islam). Ang katagang relihiyon ay di-ganap na ipinakahulugan dito subalit siya ang pinakamalapit sa kahulugan nito. Samakatuwid, ito ay nagsasaad na ang daan at pamamaraan sa buhay ng mga Muslim ay ayon sa katuruan ng Islam.

قال تعالى: ﴿ إِنَّ الدِّينَ عِنْدَ اللَّهِ الإِسْلَـٰمُ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Katotohanan, ang (*Deen*) relihiyon para sa Allah ﷻ ay Islam." (Al-Imran 3:19)

قال تعالى: ﴿ الْيَوْمَ أَكْمَلْتُ لَكُمْ دِينَكُمْ وَأَتْمَمْتُ عَلَيْكُمْ نِعْمَتِي وَرَضِيتُ لَكُمُ الإِسْلَـٰمَ دِينًا ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

Sa araw na ito ay Aking ginawang ganap ang relihiyon para sa inyo, at (Aking) nilubos ang (Aking) biyaya para sa inyo, at (Aking) napili ang Islam na inyong relihiyon. (Al-Maidah 5:3)

قال تعالى: ﴿ وَمَنْ يَبْتَغِ غَيْرَ الإِسْلَـٰمِ دِينًا فَلَنْ يُقْبَلَ مِنْهُ وَهُوَ فِي الأَخِرَةِ مِنَ الْخَـٰسِرِينَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ

" At ang sinumang magnanais ng ibang relihiyon maliban sa Islam ay hindi ito tatanggapin sa Kanya ﷻ, at sa Kabilang Buhay ay isa siya sa mga talunan." (Al-Imran 3:85)

### • SINO ANG ALLAH ﷻ ? من هو الله؟

Ang Allah ﷻ ay pangalan ng (Tunay na) Diyos. Walang kasarian, anyo at uri. Ang pangalan na ito ay pangka-isahan lamang at kailanman hindi maaaring gamitin sa pangkaramihan. Siya ang tanging Diyos ng sanlibutan at ng

sangkatauhan. Hindi ipinanganak at hindi nanganganak. Siya ay walang katulad.

قال تعالى: ﴿ هُوَ اللَّهُ الَّذِي لَآ إِلَـٰهَ إِلَّا هُوَ، عَـٰلِمُ الْغَيْبِ وَالشَّهَـٰدَةِ، هُوَ الرَّحْمَـٰنُ الرَّحِيمُ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ

" Siya ang Allah ﷻ, walang diyos maliban sa Kanya; batid Niya ﷻ (ang lahat ng bagay) ang mga nalilihim at nalalantad; Siya ﷻ, ang Mahabagin at Maawain. (Al-Hashr 59:22)

قال تعالى: ﴿ هُوَ اللَّهُ الَّذِى لَآ إِلَـٰهَ إِلَّا هُوَ الْمَلِكُ الْقُدُّوسُ السَّلَـٰمُ الْمُؤْمِنُ الْمُهَيْمِنُ الْعَزِيزُ الْجَبَّارُ الْمُتَكَبِّرُ ، سُبْحَـٰنَ اللهِ عَمَّا يُشْرِكُونَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Siya ang Allah ﷻ, walang diyos maliban sa Kanya; Ang Hari, Malaya sa lahat ng kapintasan, ang Nagbibigay ng Katiwasayan, Taga-Bantay sa Kanyang mga nilikha, Ang Lubos na Makapangyarihan, Ang Hindi kayang Salungatin o Kalabanin, Ang Supremo. Kaluwalhatian ay para sa Allah ﷻ! Na (ang mga politista ay) Siya ay bigyan ng katambal." (Al-Hashr 59:23)

قال تعالى: ﴿ هُوَ اللَّهُ الْخَـٰلِقُ الْبَارِئُ الْمُصَوِّرُ لَهُ الْأَسْمَآءُ الْحُسْنَىٰ، يُسَبِّحُ لَهُ مَا فِي السَّمَـٰوَٰتِ وَالْأَرْضِ وَهُوَ الْعَزِيزُ الْحَكِيمُ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

Siya ﷻ ang Tagapaglikhang Allah ﷻ. Tagapaglikha sa lahat ng bagay, Nagbibigay ng Anyo, Sa Kanya ang lahat ng Magagandang Pangalan, Ang lahat ng nilalaman ng mga kalangitan at daigdig ay lumuluwalhati sa Kanya. Siya ang Lubos na Makapangyarihan at Lubos na Marunong. (Al-Hashr 59:24)

## • Sino Ang Muslim? من هو المسلم ؟

Ang Muslim ay mga nilikha ng Allah ﷻ na tumalima at sumunod sa Kanyang mga kautusan. Ang lahat ay nilikha ng Allah ﷻ, ang mga planeta ang kalikasan at ang lahat ng bagay

sa mga kalangitan, daigdig, at mga tao. Silang lahat ay may tungkulin sa Allah ﷻ na dapat nilang gampanan at sundin. Sila ang tinatawag na mga Muslim.

Subalit, ang tao lamang ang malimit sumuway sa kagustuhan at batas ng Allah ﷻ. Ang mga taong hindi tumalima at sumunod sa batas ng Allah ﷻ ay hindi maaaring tawaging Muslim. Maaaring sila ay kasama sa mga Munafiq (Ipokrito o mga mapagkunwaring banal) o di kaya ay Kaafer (kawalang-paniniwala).

### • Sino Si Muhammad ﷺ ? من هو محمد ؟

Si Muhammad ﷺ ay isang Arabo na ipinanganak sa Makkah. Ang kanyang ama ay si Abdullah bin Abdul Muttaleb at ang kanyang nanay ay si Aminah bint Wahab bin Abd Manaf. Siya ay kabilang sa angkan ng mga Quraish at Hashim, na ito ay kabilang sa angkan ni Propeta Abraham na siyang tinaguriang "Ama ng Mananampalataya' mula sa kanyang panganay na anak na lalaki, si Isma'el (sumakanilang lahat nawa ang kapayapaan). Ang kanyang unang asawa ay si Khadijah bint Al 'Khuwailid. Siya ﷺ ay nahirang na Propeta at Sugo ng Allah ﷻ sa edad na kuwarenta (40) at sa kanya ipinahayag ang banal na Kor-an sa kuweba ng Hira sa bundok ng Jabal Nur sa Makkah sa dating Kaharian ng Hijaaz (Kingdom of Saudi Arabia sa kasalukuyan). Siya ﷺ ang kahuli-hulihang Propeta na ipinadala ng Allah ﷻ sa daigdig at yumao sa edad na anim napu't-tatlong taong (63) gulang lamang. Ang kanyang ﷺ puntod ay nasa lungsod ng Medina sa Bansa ng Saudi Arabia.

قال تعالى: ﴿ وَمَا مُحَمَّدٌ إِلاَّ رَسُوْلٌ قَدْ خَلَتْ مِنْ قَبْلِهِ الرُّسُلُ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Si Muhammad ﷺ ay walang iba kundi **Sugo**. Katunayan (marami) ang mga Mensaherong nauna sa kanya." (Al-Imran 3:144)

قال تعالى: ﴿ مَا كَانَ مُحَمَّدٌ أَبَآ أَحَدٍ مِنْ رِّجَالِكُمْ وَلَـٰكِنْ رَسُوْلَ اللَّهِ وَخَاتَمَ النَّبِيِّـينَ ، وَكَانَ اللَّهُ بِكُلِّ شَيْءٍ عَلِيْماً ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ

"Si Muhammad ﷺ ay hindi ama ng sinuman sa inyo. Subalit siya ay **Sugo ng Allah** at pinakahuli sa mga Propeta (ng Allah ﷻ). At ang Allah ﷻ, Kailanman ay Lubos na Nakakaalam sa lahat ng bagay." (Al-Ahzab 33:40)

قال تعالى: ﴿ قُلْ يَـٰٓأَيُّهَا النَّاسُ إِنِّي رَسُوْلُ اللهِ إِلَيْكُمْ جَمِيْعًا الَّذِي لَهُ مُلْكُ السَّمَـٰوَٰتِ وَ الْأَرْضِ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ

Sabihin mo (O Muhammad ﷺ ) " O sangkatauhan! katotohanan, ako ay ipinadala sa inyong lahat bilang **Sugo ng Allah** ﷻ, Sa Kanya ang Kapangyarihan sa mga kalangitan at lupa. (Al-A'raf 7:158)

## ANO ANG BANAL NA KOR'AN ? ما هو القرآن ؟

Ang Banal na Kor-an ay ang kahuli-hulihang Aklat (o Kasulatan) na ipinadala ng Allah ﷻ sa sangkatauhan . Ito ay naglalaman ng mga batas sa Islam at ang kabuuan na rin ng mga Banal na Kasulatan, Ang Torah kay Propeta Moises, Ang Psalmo kay Propeta David, Ang Ebanghelyo kay Propeta Hesus (sa kanilang lahat nawa ang kapayapaan). Ito ay Kanyang ipinahayag kay Propeta Muhammad ﷺ sa loob ng dalawampu at tatlong taon (23) sa Makkah at ang iba ay sa Madinah.

قال تعالى: ﴿ وَهَـٰذَا كِتَـٰبٌ أَنْزَلْنَـٰهُ مُبَارَكٌ فَاتَّبِعُوْهُ وَاتَّقُوا لَعَلَّكُمْ تُرْحَمُوْنَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"At ito ang banal na Aklat ( Ang Kor'an) na aming ibinaba, kaya sundin ito at matakot sa Allah ﷻ para makamit ang Kanyang ﷻ habag." (Al-An'am 6:155)

قال تعالى: ﴿ تَنْزِيْلُ الْكِتَـٰبِ لَا رَيْبَ فِيْهِ مِنْ رَبِّ الْعَـٰلَمِيْنَ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Ang pagpapahayag sa Aklat (Ang Kor'an) ay mula sa Panginoon ng mga mundo." (As- Sajdah 32:2)

قال تعالى: ﴿ إِنَّ هَـٰذَا الْقُرْءَانَ يَهْدِى لِلَّتِى هِيَ أَقْوَمُ وَيُبَشِّرُ الْمُؤْمِنِينَ الَّذِينَ يَعْمَلُونَ الصَّـٰلِحَـٰتِ أَنَّ لَهُمْ أَجْرًا كَبِيرًا﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Katotohanan, ang Kor'an na ito ay namamatnubay sa pinakamakatarungan, pinakatamang patnubay at nagbibigay ng magagandang balita sa mga (may paninininiwala na) gumagawa ng mga mabubuting gawain, sila ay magkakaroon ng malaking gantimpala (Ang Paraiso)." (Al-Isra 17:9)

قال تعالى: ﴿ الٓر، كِتَـٰبٌ أَنزَلْنَـٰهُ إِلَيْكَ لِتُخْرِجَ النَّاسَ مِنَ الظُّلُمَـٰتِ إِلَى النُّورِ بِإِذْنِ رَبِّهِمْ إِلَىٰ صِرَاطِ الْعَزِيزِ الْحَمِيدِ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Alif Lam Ra [4], Ito ang Aklat (Kor'an) na aming ipinahayag sa iyo ( O Muhammad ﷺ) upang sa gayon ay maakay mong palabas ang sangkatauhan mula sa dilim patungo sa liwanag sa kapahintulutan ng kanilang Panginoon para sa landas ng Lubos na Makapangyarihan na Nagmamay-ari sa lahat ng Papuri." (Ibrahim 14:1)

## ANO ANG HADITH ? ما هو الحديث ؟

Ang Hadith ay katipunan ng mga (Sunnah) Salawikain, Gawa at Tradisyon ng Propeta Muhammad ﷺ at tinipon ng kanyang mga Sahabah (o kasamahan). Ang Hadith ay siyang nagpapaliwanag sa kahulugan ng banal na Kor'an.

قال تعالى: يَـٰٓأَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا أَطِيعُوا اللَّهَ وَأَطِيعُوا الرَّسُولَ وَأُولِى الْأَمْرِ مِنكُمْ، فَإِن تَنَـٰزَعْتُمْ فِي شَيْءٍ فَرُدُّوهُ إِلَى اللَّهِ وَالرَّسُولِ إِن كُنتُمْ تُؤْمِنُونَ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْأَخِرِ ، ذَٰلِكَ خَيْرٌ وَأَحْسَنُ تَأْوِيلًا.

---

[4]. Tungkol sa kahulugan nito ay ang Allah ﷻ lamang ang nakaka-alam dito.

Sinabi ng Allah ﷻ :

"O! kayong mga naniniwala! Tanggapin (at sundin) ang (ano mang bagay na) galing sa Allah ﷻ at ang Kanyang Sugo at sa mga namumuno sa inyo. At kung kayo man ay mayroong hindi pagkakaunawaan, Isangguni sa Allah ﷻ (Kor'an) at sa Kanyang Sugo ﷺ (Sunnah), kung kayo ay may paniniwala sa Allah ﷻ at sa Huling Araw. Iyan ang mabuti at magandang pasiya ." (An-Nisa 4:59)

## SINO ANG MGA SAHABAH? من هم الصحابة ؟

Ang mga Sahabah ay ang mga kasamahan ni Propeta Muhammad ﷺ . Sila ang mga naunang tumanggap sa Islam at masigasig na tumulong sa dakilang Propeta sa pagpapalaganap sa Relihiyon ng Allah ﷻ, ang Islam. Kasama dito **(Ang Apat na naging Khalifah o Katiwala sa pamunuan ng mga Muslim)** ay sina Abubakr al-Siddique ؓ, Omar bin al-Khattab ؓ, 'Uthman bin 'Affan ؓ, at 'Ali bin Abi Taleb ؓ at ang mga iba pa nilang mga kasamahan katulad nina Hamzah ؓ, Khaled bin al Waled ؓ, Bilal ibn Rabah ؓ at marami pa. Sila ay kilala sa titulong RADHIALLAHO ANHOM.

قال تعالى: وَالسَّٰبِقُونَ الأَوَّلُونَ مِنَ الْمُهَٰجِرِينَ وَالأَنْصَارِ وَالَّذِينَ اتَّبَعُوهُم بِإِحْسَٰنٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمْ وَرَضُوا عَنْهُ وَأَعَدَّ لَهُمْ جَنَّٰتٍ تَجْرِي تَحْتَهَا الأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَآ أَبَداً، ذَٰلِكَ الْفَوْزُ الْعَظِيمُ.

Sinabi ng Allah ﷻ :

"At ang pinakaunang yumakap sa Islam ay mula sa mga Muhajirin (mga Muslim na nanggaling sa Makkah patungong Madinah) at ang mga Ansar (ang mga mamamayan ng Al-Madinah, na tumanggap at tumulong sa mga Muhajirin) at ang mga Tabe-'in (mga sumunod sa pananampalataya). Kinalugdan sila ng Allah at ganoon din ang pagkalugod nila (sa Allahﷻ). Kanyang inihanda para sa kanila ang mga Hardin (Paraiso) na nasa ilalim doon ang mga dumadaloy na mga batis upang sila ay manatiling manirahan dito. Iyan ang pinakadakilang tagumpay." (At-Taubah 9:100)

### ANO ANG IHSAN? ما هو الإحسان ؟

Ang Ihsan ay ang paniniwala na kahit hindi mo nakikita ang Diyos ﷻ ikaw ay naniniwala na Siya ﷻ ay nakatingin sa iyo sa lahat mong ginagawa, ikaw man ay nag-iisa o may kasama. Ang paniniwalang ito ay nagsasaad ng lubos na proteksiyon upang tayo ay mailayo sa paggawa ng mga hindi kanais-nais o hindi katanggap-tanggap na gawaing salungat sa batas ng Allah ﷻ. Ang mga taong masunurin sa ganitong paniniwala ay tinatawag na mga **Muhsineen.**

قال تعالى: وَمَنْ يُسْلِمْ وَجْهَهُ إِلَى اللَّهِ وَهُوَ مُحْسِنٌ فَقَدِ اسْتَمْسَكَ بِالْعُرْوَةِ الْوُثْقَى وَإِلَى اللَّهِ عَاقِبَةُ الْأُمُورِ .

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Ang sinumang ipaubaya ang mukha (buong sarili) sa Allah ﷻ, at gumawa ng kabutihan (pagka-masunurin sa Allah ﷻ sa lahat ng bagay) ay kanyang nahawakan ang mapagkatiwalaang tanganan. " (Al-Luqman 31:22)

### ANO ANG IMAN? ما هو الإيمان ؟

Ang Iman ay ang katayuang ①pagtalima ng puso (sa mga paniniwala sa Allah ﷻ) التصديق بالجنان, ②maipahayag ito (ng dila) والإقرار باللسان, ③maisagawa at maisabuhay ang mga saligang tuntunin ng pananampalataya (sa Allah ﷻ) والعمل بالأركان, ④ at ang pagtaas ng pagka-masunurin sa Al-Ra'hman (ang Allah ﷻ) يزيد بطاعة الرحمن ⑤ at ang pagbaba ng mga pagsunod sa (mga utos at bulong ng) shaytan (satanas). وينقص بطاعة الشيطان

## Mga Saligan o Batayan ng Paniniwala sa Islam. (Arkaanul Imaan أركان الإيمان)

1. Ang Paniniwala sa (Nag-iisang) Diyos (Allah ﷻ). الإيمان بالله
2. Ang Paniniwala sa mga Anghel. الإيمان بالملائكة
3. Ang Paniniwala sa mga Banal na Kasulatan. الإيمان بالكتب
4. Ang Paniniwala sa mga Sugo at Propeta. الإيمان بالرسل
5. Ang Paniniwala sa Pinakahuling Araw. الإيمان باليوم الآخر
6. Ang Paniniwala sa Kahihinatnan o Kapalaran. الإيمان بالقدر

### ❶ PANINIWALA SA (PAGKA-IISA NG) ALLAH ﷻ: الإيـــمان بالله

Ito ang paniniwala na totoong mayroong Diyos, ang Allah ﷻ [5], ang Nag-iisa at maliban sa Kanya ay walang ibang Diyos. Ito rin ang paniniwala sa pagka-iisa ng Diyos sa tunay na katayuan. Ang paniniwalang ito (ang Pagka-iisa ng Allah ﷻ) ay siya ang mensahing ipinag-utos ng Allah ﷻ sa lahat ng Kanyang Sugo at Propeta, mula kay Propeta Adan, Noe, Abraham, Moises, David, Hesus at Muhammad sumakanilang lahat nawa ang kapayapaan. Ang paniniwalang ito (sa Pagka-iisa ng Allah ﷻ) ay napapatunayan na hanggang sa ngayon ay nakasulat sa mga kasulatan ng mga Hudyo at Kristiyano, nababasa ito at itinuturo pa rin nila ang mensahe sa pagka-iisa ng Diyos. Ang katuruan ng Kristiyanismo at Islam ay nagka-isa sa paniniwala sa pagka-iisa ng Diyos[6] at hindi

---

[5]. Ang katagang Allah ay isang wikang Arabik na nangangahulugan "Ang Tunay na Diyos".

[6]. Sinabi ng Allah swt. sa Surah Al-Ikhlas:

قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ ، اللَّهُ الصَّمَدُ ، لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ , وَلَمْ يَكُن لَّهُ كُفُوًا أَحَدٌ.

"Ipahayag! Siya ang Allah, ang Nag-iisa. Allah, ang Walang Hanggan, ang Ganap, Sandigan ng Lahat. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak. At Siya ay walang katulad."

**maramihan[7], Diyos na Taga-paglikha sa lahat at hindi nilikha[8], Siya ang Panginoong Tagapagligtas[9], Ang Maka-pangyarihan[10],**

---

** *Sa Lumang Tipan ay mababasa natin sa Deuteronomio 6:4 at ganoon din sa Bagong Tipan sa Markus 12:29 na nagsabi: "**Dinggin mo, Oh Israel: ang Panginoon nating Diyos ay isang Panginoon.**"*

**(Samakatuwid ang bersekulong ito ay isa sa mga bersekulo mula sa bibliya na nagpapatunay na ang Diyos ay iisa.) ****

**[7]. Sinabi ng Allah ﷻ sa Surah Al-Maidah 5:73:**

**لَقَدْ كَفَرَ الَّذِينَ قَالُوا إِنَّ اللَّهَ ثَالِثُ ثَلَـٰثَةٍ وَمَا مِنْ إِلَـٰهٍ إِلاَّ إِلَـٰهٌ وَاحِدٌ.**

**"(Katotohanan) Sila ay gumagawa ng (kawalang paniniwala o) kalapastanganan (sa Allah swt.), silang nagsasabi: "Ang Allah ay pangatlo (o isa) sa tatlo (sa Trinidad); Subalit walang diyos (na karapat dapat sambahin) maliban sa iisang Diyos (Allah ﷻ)."**

** *Sa Lumang Tipan ay mababasa natin sa Isaias 45:21-23: "**At walang diyos maliban sa Akin, Diyos na makatarungan at Taga-pagligtas; Maliban sa Akin ay wala.** Bumaling sa Akin at ikaw ay maililigtas... Sa Akin, ang bawat tuhod ay yuyuko.* **

**(Maliwanag na marami pa sa mga katuruan ng bibliya ang nagpapatotoo na ang Diyos ay iisa lamang. Ang doktrina ng Trinidad ay kasama sa mga makabagong doktrina sa katuruan ng Kristiyanismo.**

**[8]. Ito ay nagpapatunay na ang Diyos (Allah ﷻ) ay hindi nilikha bagkus Siya ang lumikha sa lahat. Sinabi ng Allah ﷻ;**

**بَدِيعُ السَّمَوَٰتِ وَالأَرْضِ وَإِذَا قَضَىٰ أَمْرًا فَإِنَّمَا يَقُولُ لَهُ كُنْ فَيَكُونُ**

**"(Sa Kanya (ang Allah ﷻ)) Ang pinagmulan ng mga kalangitan at daigdig: Kapag mayroon Siyang (gustong) iutos (o gagawin) Kanya lang babanggitin: "Maging" at Nangyari." (Al-Baqarah 2:117)**

**إِنَّ رَبَّكُمُ اللَّهُ الَّذِي خَلَقَ السَّمَـٰوَٰتِ وَالأَرْضَ وَمَا بَيْنَهُمَا فِي سِتَّةِ أَيَّامٍ ثُمَّ اسْتَوَىٰ عَلَى الْعَرْشِ يُدَبِّرُ الأَمْرَ**

**"Katotohanan ang inyong Panginoon ay ang Allah, Siya ang naglikha sa mga kalangitan at daigdig, at ang lahat sa pagitan nila, sa loob ng anim na Araw, Pagkatapos (Siya) ay pumaroon sa Kanyang Trono ((ng pamamahala) sa pamamaraang bumabagay (o umaangkop) sa Kanyang Kamahalan), Nangangasiwa at namamahala sa lahat ng bagay. (Yunus 10:3)**

** *Kung babasahin natin ang nakasulat sa bibliya; sa Isaias 45:18: Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong lumikha sa langit, na* siyang *Diyos na nag-anyo sa lupa at gumawa niyaon, na* kaniyang *itinatag, at hindi* niya *nilikha na walang-kabuluhan, na* kaniyang *inanyuhan upang tirahan (tahanan) ako ang Panginoon; at wala nang iba.* **

Ang Diyos na walang kamatayan at walang katapusan, Diyos na hindi napapagod[11], hindi naiidlip at hindi natutulog[12] at Siya lamang ang Diyos na sinasamba[13].

---

[9]. Ang kahulugan ng katagang Arabik "Rabb رب " ay "Panginoon" at kasama sa mga katangian nito ay Taga-panustos at Mapagmahal (sa Kanyang mga nilikha). Ito ay humihikayat sa tao na sa kanilang mga pangangailangan ay sa Allah swt, humingi dahil Siya ang lumikha sa atin, at nararapat sa Kanya na tustusan tayo. Sinabi ng Allah swt:

اَلْحَمْدُ لِلّٰهِ رَبِّ الْعَـالَمِيْنَ ، الرَّحْمَـنِ الرَّحِيْمِ

" Ang lahat ng pagpupuri ay sa Allah (lamang), Ang Panginoon ng mga daigdig, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin." (Al-Fatiha, 1:2-3)

ذَلِكُمُ اللّٰهُ رَبُّكُمْ لآ إِلَـٰهَ إِلاَّ هُوَ

"Iyan ang Allah, ang inyong Panginoon! Walang diyos kundi Siya"

رَبُّ الْمَشْرِقَيْنِ وَ رَبُّ الْمَغْرِبَيْنِ

"(Siya, ang) Panginoon ng dalawang silangan at Panginoon ng dalawang kanluran" (Al-Rahman 55:17)

Mula sa Hadith ng Propeta sknk: Sinabi ni Abu 'Abbas ang anak na lalaki ni 'Abbas ﷺ: "Isang araw ako ay nasa likuran ng Propeta ﷺ at kanyang sinabi sa akin: Binata, tuturuan kita ng mga salita (payo): Maging maalalahanin sa (mga patnubay ng) Allah ﷻ at ikaw ay kanyang kakalingain. Maging maalalahanin sa (mga patnubay ng) Allah ﷻ, at Siya ﷻ ay matatagpuan mo sa iyong harapan. Kapag ikaw ay hihingi, humingi sa Allah ﷻ; kung ikaw ay naghahanap ng tulong, hanapin ang tulong ng Allah ﷻ. Unawain (o kilalanin) na kahit magkaisa ang sangkatauhan para sa iyong pakinabang sa anumang bagay, (ay walang pakinabang na maibibigay sa iyo) maliban sa itinakda ng Allah ﷻ para sa iyo. At kung sila (ang sangkatauhan) ay magkaisa upang sirain ka sa anumang bagay. (ay wala silang maibibigay upang ikaw ay masira) maliban sa itinakda ng Allah ﷻ para sa iyo. Naitaas (o inangat) ang panulat at ang papel ay natuyo. (Tirmidhi)

[10]. Sinabi ng Allah ﷻ: إِنَّ اللّٰهَ هُوَ الرَّزَّاقُ ذُو الْقُوَّةِ الْمَتِيْنُ

(Katotohanan) Para sa Allah ay Siya ang nagbibigay sa lahat ng sustento (o kabuhayan), May-ari (o Panginoon) ng Kapangyarihan, ang Pinaka-Malakas. Surah Al-Dhariyat 51:58

[11]. Sinabi ng Allah ﷻ:

وَ لَقَدْ خَلَقْنَا السَّمَـٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ وَمَا بَيْنَهُمَا فِي سِتَّةِ أَيَّامٍ وَمَا مَسَّنَا مِنْ لُغُوبٍ

"At sa katotohanan, Aming nilikha ang mga kalangitan at Ang daigdig at ang lahat sa pagitan nila sa loob ng Anim na Araw, at hindi kami nakaramdam (o inabutan) ng pagkapagod." Qaf 50:38

[12]. Sinabi ng Allah ﷻ:

## ❾PANINIWALA SA MGA ANGHEL الإيمان بالملائكة

Ito ang paniniwala sa mga Anghel. Ang mga Anghel ay isa sa mga nilikha ng Allah ﷻ mula sa liwanag, marami ang mga anghel subalit ang Allah ﷻ lamang ang nakakaalam sa kanilang bilang. Sila ay isa sa mga nilikha ng Allah ﷻ na walang kalayaang gumawa ng sarili nilang pasiya maliban sa sila ay napapaloob sa Kapangyarihan ng Allah ﷻ at naghihintay sa Kanyang mga kautusan. Sila ay hindi karapat-dapat na sambahin o pagkalooban ng pagka-sagrado o di kaya ay pagkalooban ng mga pag-aalay. Hindi rin makatarungan na sila ay gawing taga-pamagitan sa tao at sa Allah ﷻ. Kasama sa mga anghel na ito ay sina Arkanghel Gabriel at Mikail, Harut at Marut (ang dalawang anghel na nagtuturo ng Mahika), Malik (ang anghel ng Impiyerno) Israfil (ang taga-ihip ng trompeta), Malakul-Mawt (ang Anghel ng Kamatayan) at marami pang iba. Halimbawa, Ang ulan ay hindi maaaring bumuhos, ang hangin ay hindi maaaring gumalaw, ang tao ay hindi maaring mamatay, ang mga mensahe o kapahayagan ay hindi maaaring maipahayag sa mga Sugo o mga Propeta maliban sa kautusang nanggagaling (muna) sa Allah ﷻ para sa Kanyang mga anghel upang isagawa ang anumang kautusang Kanyang nanaisin.

---

اَللّٰهُ لَآ إِلَـٰهَ إِلاَّ هُوَ الْحَيُّ الْقَيُّومُ لاَ تَأْخُذُهُ سِنَةٌ وَلاَ نَوْمٌ

"Allah! Walang diyos maliban sa Kanya, ang Buhay, ang Nananatili sa Kanyang Sarili, Walang Hanggan. Hindi naaabutan ng pagka-idlip o di kaya ay pagka-tulog." Al-Baqarah 2:55

[13]. Sinabi ng Allah ﷻ: وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنسَ إِلاَّ لِيَعْبُدُونِ.

"At hindi Ko nilikha ang mga Jinn at tao, kundi upang Ako ay sambahin nila (na Nag-iisa)." Al-Dhariyat 51:56.

Sinabi ng Allah swt:

ذَٰلِكُمُ اللّٰهُ رَبُّكُمْ لَآ إِلَـٰهَ إِلاَّ هُوَ خَـٰلِقُ كُلِّ شَيْءٍ فَاعْبُدُوهُ وَهُوَ عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ وَكِيلٌ

"Iyan ang Allah, ang inyong Panginoon! Walang diyos kundi Siya, Ang Taga-paglikha sa lahat ng bagay; **Kaya sambahin Siya (ng Nag-iisa)**; At Siya ang Wakil (Kumakatawan, o May Pasiya sa mga gawain) sa lahat ng bagay." (Al-An'am 6:102)

*** Kung titingnan natin ang bibliya ay mababasa natin sa Mateo 4:10: "**Sambahin ang Panginoon , ang inyong Diyos, at Siya lang ang iyong paglingkuran (o pagsilbihan).** ***

قال تعالى: ﴿الْحَمْدُ لِلَّهِ فَاطِرِ السَّمَـٰوَٰتِ وَالْأَرْضِ جَاعِلِ الْمَلَـٰٓئِكَةِ رُسُلًا أُولِىٓ أَجْنِحَةٍ مَّثْنَىٰ وَثُلَـٰثَ وَرُبَـٰعَ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Ang lahat ng papuri ay para sa Allah ﷻ. Ang Lumikha sa mga kalangitan at mga daigdig. **Kanyang ginawa ang mga anghel na mga mensahero** na may mga pakpak, dalawa o tatlo o apat." (Fatir 35:1)

قال تعالى: ﴿وَإِنَّ عَلَيْكُمْ لَحَـٰفِظِينَ ، كِرَامًا كَـٰتِبِينَ ، يَعْلَمُونَ مَا تَفْعَلُونَ﴾ ...

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Subalit Katotohanan, sa inyong itaas (ay mga anghel na inilalaan) para kayo ay bantayan, *Kiraman* (mabait at marangal) *Katibin* (taga-sulat sa inyong mga gawa), Alam nila (at naiintindihan) ang lahat ng inyong ginagawa." [14]

قال تعالى: ﴿وَنَادَوْا يَـٰمَـٰلِكُ لِيَقْضِ عَلَيْنَا رَبُّكَ قَالَ إِنَّكُم مَّـٰكِثُونَ﴾ .

Sinabi ng Allah ﷻ:

"At sila ay iiyak; "O Malik! Maaari ba sa iyong Panginoon na kami ay bigyan ng katapusan (kamatayan)? Kanyang sasabihin: "Katotohanan, kayo ay maninirahan diyan (magpakailanman)." (Surah Al-Zukhruf 43:77)

---

[14]. Al-Infitar 82:10-12 (basahin ang Surah Qaf 50:17-23)

♦ Mula sa salaysay ni Abu Huraira ؓ ay kanyang sinabi: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ, "Ang mga Anghel ay pumupunta sa inyo nang magkakasunod-sunod sa gabi at araw at nagsasabay-sabay lahat sa panahon ng pagdarasal sa Fajr at 'Asr. Silang (mga Anghel na) dumaan (o namalagi) sa inyo sa gabi ay aakyat (sa langit) at sila ay tatanungin ng Allah ﷻ kahit alam ng Allah ﷻ ang lahat tungkol sa iyo, "Sa anong katayuan bago ninyo iniwan ang aking mga alipin?" Ang sagot ng mga Anghel: Noong iwanan namin, sila ay nagdarasal at noong kami ay dumating, sila'y dinatnan naming nagdadasal."

♦ Naiulat ni Abu Hurairah ؓ: "Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: "Sabihin mo ang "Aameen" kapag sinabi ng Imam "Aameen", dahil sinuman ang banggitin ito at magpanabay sa mga anghel, siya ay mabibigyan ng kapatawaran sa kanyang mga nakaraang pagkakasala.".

## ❸ Paniniwala sa mga Banal na Kasulatan الإيمان بالكتب

Ito ang paniniwala sa mga Banal na Kasulatang ipinahayag ng Allah ﷻ sa Kanyang mga Sugo bilang gabay at patnubay sa kani-kanilang henerasyon maliban sa Banal na Kor'an na ito ay pàra sa sangkatauhan. Subalit ang kailangan nating paniwalaan ay ang mga Kasulatang naiwan sa orihinal na katayuan at malaya sa mga susog at pagbabago ng tao. Ngunit sa kasawiang-palad ang iba sa mga naunang kasulatan katulad ng Taurah (kay Propeta Moises ﷺ) at Zabur (kay Propeta David ﷺ) ay nawala at walang kasulatang naiwan na nagpapatunay na siya ang orihinal o kopya mula sa orihinal na manuskrito. Ang iba naman ay naging biktima ng mga susog at pagbabago ng tao katulad nang nangyari sa (Injeel) Ebanghelyo[15] (kay Propeta Hesus ﷺ). Ang Kor'an ay siya lamang ang naiwan sa mga banal na Kasulatan ng Allah ﷻ sa kanyang orihinal at tunay na kalagayan. Sa loob ng mahigit na isang libo at apat na raang taon ang nakaraan at sa dami ng mga pagtatangkang ginawa ng mga kaaway nang Islam upang sirain ang Kor'an ay hindi sila pinahintulutan ng Allah ﷻ upang magtagumpay sa kanilang masamang hangarin.

Sinabi ng Allah ﷻ:

قال تعالى: إِنَّا نَحْنُ نَزَّلْنَا الذِّكْرَ وَإِنَّا لَهُ لَحَافِظُونَ

"Kami ay walang pag-aalinlangan, Aming ibinaba ang Mensahe (Kapahayagan); At tiyak Aming babantayan ito (mula sa mga katiwalian). (Al-Hijr 15:9)

---

[15]. Ang Bibliya ay binubuo ng dalawang bahagi; ang Lumang Tipan at ang Bagong Tipan. Ang Lumang Tipan ay pinaniniwalaang lumabas ito noong hindi pa naipanganak si Hesus ﷺ at ang Bagong Tipan ay noong mawala si Hesus ﷺ, Samakatuwid ang Bibliya ay hindi ito umaangkop sa panahon ni Hesus ﷺ, kaya hindi karapat-dapat na tayo ay maniwala na ang Bibliya ay siya ang Aklat o kapahayagan (Ang Ebanghelyo) kay Hesus ﷺ Maraming ibat ibang kopya ng Bibliya ang lumabas na hindi magkakapareho ang nilalaman at interpretasyon. Sa kasalukuyan ang mababasa nating ebanghelyo ayon sa loob ng Bibliya ay ang (mga) ebanghelyo nina Markus, Lukas, Pablo at Juan subalit nasaan ang orihinal na Ebanghelyo ni Hesus ﷺ?

## ANG MGA BANAL NA KASULATAN

1. **SUHUF** = Ang Banal na Kasulatan kay Propeta Abraham.

قال تعالى: إِنَّ هَـٰذَا لَفِي الصُّحُفِ الأُولَى، صُحُفِ إِبْرَاهِيمَ وَمُوسَى

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Katotohanan! Ito ay nasa mga naunang Kasulatan, Ang Kasulatan kay Abraham at Moises." (Al-A'la 87:19)

2. **TAURAT** = o Torah kay Propeta Moises ﷺ :

قال تعالى: إِنَّا أَنزَلْنَا التَّوْرَاةَ فِيهَا هُدًى وَنُورٌ

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Katotohanan, Aming ibinaba ang Taurat (Torah kay Moises ﷺ), napapaloob dito ang Gabay at Liwanag." (Al-Maidah 5:44)

3. **ZABUR** = Ang Psalmo o Mga Awit kay Propeta David ﷺ.

قال تعالى: وَءَاتَيْنَا دَاوُدَ زَبُورًا

Sinabi ng Allah ﷻ :

"At kay David ﷺ Aming ibinigay ang Psalmo." (Al-Isra 17:55)

4. **INJEEL** = Ang Gospel o Ebanghelyo kay Propeta Hesus ﷺ

قال تعالى: وَقَفَّيْنَا عَلَى ءَاثَارِهِمْ بِعِيسَى ابْنِ مَرْيَمَ مُصَدِّقاً لِّمَا بَيْنَ يَدَيْهِ مِنَ التَّوْرَاةِ وَءَاتَيْنَـٰهُ الإِنْجِيلَ فِيهِ هُدًى وَنُورٌ وَمُصَدِّقاً لِّمَا بَيْنَ يَدَيْهِ مِنَ التَّوْرَاةِ وَهُدًى وَمَوْعِظَةً لِّلْمُتَّقِينَ

Sinabi ng Allah ﷻ :

"At sa kanilang mga bakas, Aming ipinadala si Hesus ﷺ, na anak ni Maria, nagpapatunay sa pagkauna ng Torah, at Aming ibinigay sa kanya (Hesus ﷺ) ang Ebanghelyo , na Patnubay at Liwanag at nagpapatunay na mas naunang dumating ang Torah, gabay at payo sa mga banal (relihiyoso)." (Al-Maidah 5:46)

**5. KOR'AN**= Kay Propeta Muhammad ﷺ.

قال تعالى: وَأَنزَلْنَآ إِلَيْكَ ٱلْكِتَـٰبَ بِٱلْحَقِّ مُصَدِّقًا لِّمَا بَيْنَ يَدَيْهِ مِنَ ٱلْكِتَـٰبِ وَمُهَيْمِنًا عَلَيْهِ

Sinabi ng Allah ﷻ :

"At Aming ipinanaog sa iyo (O Muhammad ﷺ) ang Aklat (Ang Kor'an). Katotohanan ito ay nagpapatunay sa mga naunang Kasulatan, dakilang mapagkakatiwalaan at saksi (sa mga naunang Kasulatan) ." (Al-Maidah 5:48)

قال تعالى: قُلْ أَيُّ شَيْءٍ أَكْبَرُ شَهَـٰدَةً قُلِ ٱللَّهُ شَهِيدٌۢ بَيْنِى وَبَيْنَكُمْ وَأُوحِىَ إِلَىَّ هَـٰذَا ٱلْقُرْءَانُ لِأُنذِرَكُم بِهِۦ وَمَنۢ بَلَغَ

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Ipahayag, (O, Muhammad ﷺ) Ano ang bagay na pinakamalaking saksi? Sabihin, ang Allah ﷻ ang Siyang saksi sa pagitan natin, (ako at kayo); Ang Kor'an na ito ay ipinahayag sa akin upang kayo ay bigyan ng babala at kahit kaninuman makarating." (Al-Anam 6:19)

## ● PANINIWALA SA MGA PROPETA NG ALLAH ﷻ: الإيمان بالرسل

Ito ang paniniwala sa mga Sugo at Propeta ng Allah ﷻ. Sila ay mga taong ipinadala at pinagkatiwalaan ng Allah ﷻ sa Kanyang mga mensahe at kapahayagan upang maiparating ito sa sangkatauhan. Bawat nasyon ay pinadalhan ng Allah ﷻ ng Sugo upang maipamahayag ang mga kautusan ng Allah ﷻ. Ang mga Propeta o mga Sugo ay hindi maaaring pagkalooban ng mga pag-alay o di kaya ay sambahin dahil sila ay mga taong nilikhang katulad natin. Sila ay walang kapangyarihan maliban sa mga kapangyarihang ipinagkaloob sa kanila ng Allah ﷻ.

قال تعالى: وَلَقَدْ بَعَثْنَا فِى كُلِّ أُمَّةٍ رَّسُولًا أَنِ ٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ وَٱجْتَنِبُوا۟ ٱلطَّـٰغُوتَ.

Sinabi ng Allah ﷻ:

" At katotohanan, Kami ay nagpadala sa bawat nasyon ng Sugo, (na may kautusang ipamahayag) "Sambahin ang

Allah at umiwas sa Taghut (o umiwas sa (pagsamba sa) mga diyus-diyosan). (Surah Al-Nahl 16:36)

Ang mga Propeta ay magkakapatid sa paniniwala at pananampalataya dahil iisa lamang ang mensahing dala nila, iisa ang kanilang relihiyon, iisa ang kanilang katuruan at iisa ang Diyos na pinaglilingkuran.

Sinabi ng Allah ﷻ:

قال تعالى: وَإِنَّ هَٰذِهِ أُمَّتُكُمْ أُمَّةً وَاحِدَةً وَأَنَا رَبُّكُمْ فَاتَّقُونِ.

"At katotohanan ang inyong kapatiran ay iisang kapatiran, At ako ang inyong Panginoon; kaya matakot kayo sa Akin (Ako lang ang inyong paglingkuran, at wala ng iba). (Al-Mu'minun 23:52)

Ang mga Propeta ay mga taong hinirang ng Allah ﷻ, dalisay ang kanilang pagkatao at mapagkakatiwalaan sa kanilang tungkulin at kailanman ay hindi nagkulang ang tiwala sa kanila ng Allah ﷻ.

قال تعالى: وَمَا كَانَ لِنَبِيٍّ أَنْ يَغُلَّ.

Sinabi ng Allah ﷻ:

"(Kailanman) Walang Propeta na maaaring sinungaling (o taksil) sa ipinagkatiwala sa kanya." (Surah Al-Imran 3:161)

Subalit ang iba sa mga Sugo at Propeta ay tinanggihan ng kani-kanilang tauhan at ang iba naman ay pinagpapatay sa maraming makasariling dahilan ng kanilang mga tauhan.

Sinabi ng Allah ﷻ:

قل تعالى: فَإِن كَذَّبُوكَ فَقَدْ كُذِّبَ رُسُلٌ مِّن قَبْلِكَ جَآءُو بِالْبَيِّنَٰتِ وَالزُّبُرِ وَالْكِتَٰبِ الْمُنِيرِ.

"Pagkatapos, kung ikaw ay kanilang tanggihan ay ganoon din ang (kanilang) pagtanggi sa mga Sugong nauna sa iyo, na sila ay dumating na may kasamang maliwanag na mga palatandaan, at ang Banal na Kasulatan at ang Ang Aklat ng Paliwanag." (Surah-Al-Imran 3:184)

قال تعالى: قُلْ قَدْ جَآءَكُمْ رُسُلٌ مِّنْ قَبْلِي بِالْبَيِّنَٰتِ وَ بِالَّذِى قُلْتُمْ فَلِمَ قَتَلْتُمُوهُمْ إِنْ كُنتُمْ صَٰدِقِينَ.

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Sabihin mo: "Katotohanan dumating sa inyo ang mga Sugong nauna sa akin na may dalang maliwanag na mga palatandaan at kahit anuman ang sasabihin (o hingin) ninyo; bakit ninyo sila (ang mga naunang Sugo) pinagpapatay kung kayo ay (nagsasabi ng) katotohanan?" (Surah Al-Imran 3:183)

قال تعالى: وَالَّذِينَ ءَامَنُوا بِاللَّهِ وَرُسُلِهِ وَلَمْ يُفَرِّقُوا بَيْنَ أَحَدٍ مِّنْهُمْ أُولَٰئِكَ سَوْفَ يُؤْتِيهِمْ أُجُورَهُمْ ، وَكَانَ اللَّهُ غَفُوراً رَّحِيماً

Sinabi ng Allah ﷻ :

"At silang mga naniniwala sa Allah ﷻ, sa Kanyang Sugo at walang ibinukod na pagkakaiba sa pagitan ng bawat isa sa kanila ( sa mga Mensahero ng Allahﷻ), karapat-dapat na Kami ay magbigay ng gantimpala para sa kanila, Ang Allah ﷻ ay Lubos na Mapagpatawad, Lubos na Maawain." (An-Nisa 4:152)

- **ANG MGA PROPETA:** الأنبياء

| | NAMES: | ARABIC: | ENGLISH: |
|---|---|---|---|
| 1 | Adam | آدم | Adan |
| 2 | Idres | ادريس | Enoch |
| 3 | Nooh | نوح | Noe |
| 4 | Hud | هود | Hud |
| 5 | Saleh | صالح | Saleh |
| 6 | Ibraheem | إبراهيم | Abraham |
| 7 | Lut | لوط | Lot |
| 8 | Isma'el | إسماعيل | Isma'el |
| 9 | Ishaq | إسحاق | Isaac |
| 10 | Ya'qoob | يعقوب | Jacob |
| 11 | Yusoph | يوسف | Joseph |
| 12 | Shuaib | شعيب | Shuaib |
| 13 | Ayyub | أيوب | Job |
| 14 | Dhulkifl | ذو الكفل | Ezekiel |
| 15 | Musa | موسى | Moses |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 16 | Haron | هارون | Aaron |
| 17 | Daud | داود | David |
| 18 | Solaiman | سليمان | Solomon |
| 19 | Ilyas | إلياس | Elias |
| 20 | Alyasa | اليسع | Elisha |
| 21 | Yunos | يونس | Jonah |
| 22 | Zakariyya | زكريا | Zacharias |
| 23 | Yahya | يحيى | John the Baptist |
| 24 | Eisa | عيسى | Jesus |
| 25 | Muhammad | محمد | Muhammad |

### ❻ PANINIWALA SA PINAKAHULING ARAW: الإيمان باليوم الآخر

Ito ang paniniwala na tayong lahat ay bubuhaying muli ng Allah ﷻ mula sa ating libingan upang harapin ang Araw ng Paghuhukom. Tayong lahat ay kasintulad ng mga halamang sisibol mula sa lupa, ang iba ay kakaibang anyo ang ulo, mayroong anyo ng hayop, ahas at iba pa, ayon sa timbang ng kanilang mga gawa. Masasaksihan natin sa Araw na ito ang katotohanan tungkol sa Impiyerno at Paraiso. Ito ay nakalaan para sa sangkatauhan. Ang lahat ng may mabigat na timbang na mabuti ay makakamit nila ang Paraiso ng Allah ﷻ na sila ay magpasawalang hanggang maninirahan dito. Subalit ang sinuman ang may mabigat na timbang na masama ay nakalaan para sa kanila ang mahigpit at walang hanggang parusa sa Impiyerno at sila ay maninirahan dito magpakailanman.

قال تعالى: وَكُلُّهُمْ ءَاتِيهِ يَوْمَ الْقِيَمَةِ فَرْدًا

Sinabi ng Allah ﷻ :

"At bawat isa sa kanila ay haharap sa Kanya sa Araw ng Paghuhukom na nag-iisa. (Maryam 19:95)

قال تعالى: ثُمَّ إِنَّكُمْ بَعْدَ ذَلِكَ لَمَيِّتُونَ ، ثُمَّ إِنَّكُمْ يَوْمَ الْقِيَـٰمَةِ تُبْعَثُونَ

Sinabi ng Allah ﷻ :

"At pagkatapos, hindi magtatagal kayo ay mamatay na rin, at sa Araw ng Paghuhukom kayo ay bubuhaying muli." (Al-Mo'minun 23:15-16)

قال تعالى: مَا خَلْقُكُمْ وَلَا بَعْثُكُمْ إِلَّا كَنَفْسٍ وَاحِدَةٍ، إِنَّ اللَّهَ سَمِيعٌ بَصِيرٌ

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Ang paglilikha sa inyong lahat at ang pagbubuhay sa inyong muli ay kasintulad (para sa Allah ﷻ ) sa paglikha sa iisang tao, Katotohanan ang Allah ﷻ ang Siyang Lubos na Nakakarinig at Nakakakita." (Luqman 31:28)

## ⑥ Paniniwala Sa mga Kahihinatnan: الإيمان بالقدر

Ang paniniwalang ito ay tumatalakay sa isang matatag na paniniwala na ang lahat ng mga pangyayari na nakatakdang mangyayari sa buhay ng mga nilikha ng Allah ﷻ ay nakasulat sa Talaan ng Tadhana. Ito ay nangangahulugan na dahil lingid sa ating kaalaman ang ating kapalaran, mabuti man o masama ang Allah lamang ang nakababatid kung ano ang nakalaan para sa atin. Kaya karapat-dapat na tayo ay gumawa ng mga kabutihan upang magkaroon ng katiyakan at kapanatagan ang ating sarili upang humarap sa katotohanan.

قال تعالى: إِنَّا كُلَّ شَيْءٍ خَلَقْنَاهُ بِقَدَرٍ

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Katotohanan, Aming nilikha ang lahat sa tamang Panukala, sukat at timbang." (Al Qamar 54:49)

قال تعالى: أَلَمْ تَعْلَمْ أَنَّ اللَّهَ يَعْلَمُ مَا فِي السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ إِنَّ ذَٰلِكَ فِي كِتَابٍ إِنَّ ذَٰلِكَ عَلَى اللَّهِ يَسِيرٌ

"At hindi ninyo alam na batid sa kaalaman ng Allah ﷻ ang nilalaman ng langit at lupa? Katotohanan, ito ay lahat nakatala sa (Lauh Al-Mahfuz) Talaan ng Tadhana (bago namin likhain). Katotohanan ito ay magaan para sa Allah ﷻ. (Al Hajj 22:70)

## Mga Haligi Ng Pananampalataya Sa Islam. (ARKAN AL-ISLAM أركان الإسلام)

Ang Pananampalataya sa Islam ay binubuo ng limang mahahalagang Haligi. Ang pananam-palatayang ito ay nangangailangan ng gawa at dapat maisabuhay. Ito ay obligasyon na dapat maisagawa ng mga Muslim. Ito ay ang mga sumusunod;

1. Shahadatayn (Ang Pagsasaksi)
2. Salah (Ang Pagdarasal)
3. Zakat (Ang Kawanggawa)
4. Sawm (Ang Pag-aayuno)
5. Hajj (Ang Paglalakbay sa Panahon ng Hajj)

عَنْ ابْنِ عُمَرَ رَضِيَ اللهُ عَنْهُمَا قَالَ : قَالَ رَسُوْلُ اللهِ صلى الله عليه وسلم : بُنِيَ الإِسْلام عَلَى خَمْسٍ : شَهَادَةِ أَنْ لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَأَنَّ مُحَمَّداً رَسُوْلُ اللهِ ، وَإِقَامُ الصَّلاَةِ ، وَإِيْتَاءِ الزَّكَاةِ، وَالْحَجُّ ، وَصَوْمِ رَمَضَانَ. (البخاري)

Mula sa salaysay ni Ibn Umar: sinabi ng Sugo ng Allah: Ang pundasyon ng Islam ay lima: al-shahadatayn (Shahaadato Allaailaaha Illallaho wa anna Muhammadan Rasulollah, al- salah, al- zakah, al- hajj at al-sawm.

### ① Ano Ang Shahadatayn?

Ang Shahadatayn ay ang pagtanggap sa Iman **(tawhedullah)** at ang susi sa pagpasok sa relihiyong Islam .

Ang una; ay ang pagtanggap sa Kaisahan ng Allah. Ito ang paniniwala sa *Ash-hadu Alla-Ila-Ha Illallah* na ang kahulugan ay "Ako ay sumasaksi na walang Diyos na karapat dapat sambahin Kundi ang Allah lamang". Samakatuwid ito na ang pagtatakwil sa lahat ng mga bagay na sinasamba, mga diyus-diyosan, imahen, rebulto at lahat ng mga pag-aalay sa pagsamba, Katulad halimbawa, ng pag-aalay ng anumang bagay sa mga santo, sa mga engkanto, sa mga puno at marami pang kahalintulad nito kagaya ng mga paniniwala sa mga pamahiin lalung-lalo na kung ito ay taliwas sa katuruan ng Islam ay

ipinagbabawal sa lahat ng mga Muslim dahil. ito ay kasama sa **SHIRK.** Sa halip, ang lahat ng mga uri ng pag-aalay at pagsamba ay tanging sa tunay na Diyos lamang ( Ang Allah ﷻ).

Ang pangalawa; ay ***Wa Ash-hadu Anna Mu'hammadan Rasulollah*** na ang kahulugan ay "At ako ay sumasaksi na si Muhammad ﷺ ay, Propeta at Sugo ng Allah ﷻ". Ito ang pagtanggap sa pagka-Propeta ni Muhammad ﷺ dahil ang mga Hudyo at Kristiyano ay hindi naniniwala sa kanyang pagka-Propeta kahit na ito ay nakasaad sa kanilang kasulatan. Ito rin ang pagtanggap sa kanya bilang kahuli-hulihang Sugo o Propeta ng Allah ﷻ, na ang Banal na Qur-an ay sa kanya ipinahayag sa loob ng 23 taon.

- **ANG TAWHEEDULLAH**

Ito ang paniniwala sa Kaisahan ng Diyos, (ang Allah ﷻ). Kaisahan sa Pagka-Panginoon, Pangalan at Katangian at sa Pagsamba sa Kanya.

**TATLONG BAHAGI NG TAW'HEED:**

1. Taw'heed Al-Rububiyyah
2. Taw'heed Al-Asma was Sifaat
3. Taw'heed Al-Ulohiyyah

## TAW'HEED AL-RUBUBIYYAH توحيد الربوبية

(Pagka-iisa sa Pagka-Panginoon).

Ang katagang Rububiyyah ay galing sa salitang ugat na "Rabb رب" at ang kahulugan nito ay "Panginoon" samakatuwid ang tamang kahulugan ng Rububiyyah ay Pagka-Panginoon at kasama sa mga katangian nito ay Taga-panustos at Mapagmahal (sa Kanyang mga nilikha).

Ito ang paniniwala na ang Allah ﷻ ang Panginoon ng Sanlibutan, Panginoon ng dalawang Silangan at dalawang Kanluran na Siya ang Tagapaglikha sa lahat ng bagay at silang lahat ay Kanyang tinutustusan mula sa Kanyang Habag at Awa. Ito ay humihikayat sa tao upang kilalanin ang Pagka-Panginoon ng Allah swt. na sa kanilang mga pangangailangan

ay sa Allah ﷻ lamang lumapit at humingi sa pamamagitan ng pagsamba sa Kanya.

Sinabi ng Allah ﷻ.

قال تعالى: يَـٰٓأَيُّهَا النَّاسُ اذْكُرُوا نِعْمَتَ اللَّهِ عَلَيْكُمْ ، هَلْ مِنْ خَـٰلِقٍ غَيْرُ اللَّهِ يَرْزُقُكُم مِّنَ السَّمَآءِ وَالْأَرْضِ ، لَآ إِلَـٰهَ إِلَّا هُوَ فَأَنَّىٰ تُؤْفَكُونَ.

"O Sangkatauhan! Gunitain ang mga biyaya sa inyo ng Allah! Mayroon bang Taga-Paglikha maliban sa Allah na kayo ay Kanyang tinutustusan mula sa (mga bagay na galing sa) langit at lupa? (La-Ilaha Illa-Huwa) Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Kanya, paano kayo napalayo o naligaw ( mula sa Katotohanan)? (Fatir 35:3)

Mula sa Hadith ng Propeta sknk: Sinabi ni Abu 'Abbas ang anak na lalaki ni 'Abbas ﷺ : "Isang araw ako ay nasa likuran ng Propeta ﷺ at kanyang sinabi sa akin: Binata, tuturuan kita ng mga salita (payo): Maging maalalahanin sa (mga patnubay ng) Allah ﷻ at ikaw ay kanyang kakalingain. Maging maalalahanin sa (mga patnubay ng) Allah ﷻ, at Siya ﷻ ay matatagpuan mo sa iyong harapan. Kapag ikaw ay hihingi, humingi sa Allah ﷻ; kung ikaw ay naghahanap ng tulong, hanapin ang tulong ng Allah ﷻ. Unawain (o kilalanin) na kahit magkaisa ang sangkatauhan para sa iyong pakinabang sa anumang bagay, (ay walang pakinabang na maibibigay sa iyo) maliban sa itinakda ng Allah ﷻ para sa iyo.at kung sila (ang sangkatauhan) ay magkaisa upang sirain ka 'sa anumang bagay, (ay wala silang maidudulot upang ikaw ay masira) maliban sa itinakda ng Allah ﷻ para sa iyo. naitaas (o inangat) ang panulat at ang papel ay natuyo. (Tirmidhi)

قال تعالى: وَلَئِن سَأَلْتَهُم مَّنْ خَلَقَ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضَ وَسَخَّرَ الشَّمْسَ وَ الْقَمَرَ لَيَقُولُنَّ اللَّهُ فَأَنَّىٰ يُؤْفَكُونَ .

"At kung sila (ang mga politista at ang mga walang paniniwala sa Islam) ay tatanungin mo: Sino ang lumikha sa mga kalangitan at mundo at sino ang namamahala sa araw at buwan? Katotohanan kanilang isasagot: "Ang Allah." Paano

**kayo (ang mga politista at ang mga kaafir) napalayo o naligaw (mula sa katotohanan)? "** (Surah al-'Ankabut 29:61)

قال تعالى : تَبَـٰرَكَ الَّذِى بِيَدِهِ الْمُلْكُ وَهُوَ عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ .

**"Kaluwalhatian sa Kanya, na sa Kanyang mga Kamay ang Kapangyarihan (at Pamamahala ); At Siya ay may Kakayahan sa lahat ng bagay."** (Surah Al-Mulk 67:1)

## TAW'HEED AL-ASMA WAS SIFAAT توحيد الأسماء والصفات

**(Pagka-iisa sa Kanyang mga Pangalan at Katangian).**

**Ito ang paniniwala sa sariling mga pangalan at katangian ng Allah ﷻ. Ang Kanyang mga pangalan at katangian ay para sa Kanya lamang at hindi ito maaaring gayahin, pantayan o ihalintulad kaninuman dahil ito ay para sa Kanya lamang.**

**Sinabi ng Allah ﷻ:**

و قال تعالى: ﴿ هُوَ اللَّهُ الْخَـٰلِقُ الْبَارِئُ الْمُصَوِّرُ لَهُ الْأَسْمَآءُ الْحُسْنَىٰ، يُسَبِّحُ لَهُ مَا فِى السَّمَـٰوَٰتِ وَالْأَرْضِ وَهُوَ الْعَزِيزُ الْحَكِيمُ ﴾

**At sinabi ng Allah ﷻ:**

**"Siya ang Tagapaglikhang Allah ﷻ. Tagapaglikha sa lahat ng bagay, Nagbibigay ng Anyo, Sa Kanya ang lahat ng Magagandang Pangalan[16], Ang lahat ng nilalaman ng mga kalangitan at daigdig ay lumuluwalhati sa Kanya. Siya ang**

[16]. Naisalaysay ni Abu Hurairah ra: Sinabi ng Sugo ng Allah sknk. "Ang Allah ﷻ ay mayroon Siyang siyamnaput siyam na mga Pangalan, kulang ang isangdaan ng isa; at siyang nakasaulo nang taus-puso sa lahat ng ito ay makakapasok sa Paraiso." Ang ibilang (o isama sa bilang) ang bagay ay nangangahulugang taus-pusong pag-aaralan (o aalamin) ito. (Ang isaulo ang mga Pangalan ng Allah ﷻ ay nangangahulugan na dapat maniwala sa mga Katangiang nagmumula sa mga Pangalan ng Allah ﷻ at maisagawa ang paniniwalang ito sa tamang pamamaraan. Ang taos-pusong pagsasaulo sa mga Pangalan ng Allah ﷻ ay hindi sapat na dahilan upang maipasok ang (isang) masamang tao sa Paraiso. Samakatuwid, ang kahulugan ng katagang pagsasaulo ayon sa Hadith ay kumilos ayon sa mga pahiwatig ng mga Pangalan ng Allah ﷻ) Sahih Al-Bukhari, Vol.9 Hadith No. 490, Page 363.

Lubos na Makapangyarihan at Lubos na Marunong." (Al-Hashr 59:24)

## TAW'HEED AL-ULUHIYYAH توحيد الألوهية

(Pagkaiisa sa Pagsamba sa Kanya).

Ito ang paniniwala sa pagsamba sa Allah ﷻ nang nag-iisa at karapat-dapat na ang lahat ng uri nang pagsamba ay sa Kanya lamang mai-alay. Kautusan para sa atin ang matakot, umasa, manalig, magpaubaya, at magbigay nang pamimitagan sa Kanya. Ganoon din ang lahat ng mga pag-aalay, panunumpa at paghingi ng tulong at pagsamba ay para lamang sa Kanya.

قال تعالى: وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنسَ إِلاَّ لِيَعْبُدُونْ

Sinabi ng Allah ﷻ;

"At hindi Ko nilikha ang mga Jinn at mga tao maliban sa Ako ay (dapat nilang) sambahin (na Nag-iisa). (Ad-Dhariyat 51:56)

قال تعالى: وَمَا أَرْسَلْنَا مِنْ قَبْلِكَ مِنْ رَسُوْلٍ إِلاَّ نُوْحِي إِلَيْهِ أَنَّهُ لآإِلَـهَ إِلاَّ أَنَا فَاعْبُدُونِ

" At hindi Kami nagpadala ng mga Sugong nauna sa iyo (O Muhammad sknk) hanggat hindi Namin maipahayag sa kanya (ang La-ilaaha illallah) na walang diyos na karapat dapat sambahin maliban sa Akin (ang Allah swt), kaya sambahin Ako (na Nag-iisa)." (Al-Anbiya 21:25)

قال تعالى: وَ أَنَّ الْمَسَاجِدَ لِلَّهِ فَلاَ تَدْعُوا مَعَ اللَّهِ أَحَدًا .

"At ang mga mosque ay para sa Allah (lamang) kaya huwag manalanging may kasama ang Allah." (Al-Jinn 72:18)

## ANG MGA ELEMENTO ( PINAKAMAHALAGANG SANGKAP ) SA PAGPAPAHAYAG SA PANINIWALA SA PAGKA-ISA NG ALLAH ﷻ.

## شروط لا إله إلا الله

### 1. Ang Kaalaman Laban Sa Kamangmangan.

Ito ang kaalaman tungkol sa ating sinasampalataya o sinasamba sa Kanyang; tunay na kaanyuan, katayuan, kaisipan at pamamaraan kung paano Siya ﷻ sambahin. Ang mga ito ay tumutukoy sa paggawa o pagpapatupad sa mga pang-unawa sa kaalaman sa Islam. Ang isang mataas na uri ng kaalaman ang magiging gabay sa ganap na pagtiwalag mula sa mga maling diyus-diyosan patungo sa isang taos-pusong hangarin sa Allah ﷻ lamang.

قال تعالى: ﴿ فَاعْلَمْ أَنَّهُ لَآ إِلَـٰهَ إِلَّا اللَّهُ وَاسْتَغْفِرْ لِذَنْبِكَ وَ لِلْمُؤْمِنِيْنَ وَالْمُؤْمِنَـٰتِ وَاللَّهُ يَعْلَمُ مُتَقَلَّبَكُم وَ مَثْوَاكُمْ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"At alamin na walang karapat-dapat na sambahin kundi ang Allah ﷻ. At humingi ng kapatawaran sa inyong mga pagkakasala, at mga (pagkakasala ng mga ) may paniniwalang (mga Muslim na) lalaki at mga babae. Ang Allah ang Lubos na Nakakaalam kung saan ang inyong patutunguhan at pook na pahingahan (tirahan)." (Muhammad 47:19)

قال النبي ﷺ : ﴿ مَنْ مَاتَ وَ هُوَ يَعْلَمُ أَن لاَ إِلَهَ إِلاَّ الله دَخَلَ الْجَنَّةَ ﴾

Sinabi ng Propeta ﷺ :

"Ang sino mang mamatay na alam niya (mabuti) na walang tunay na Diyos na karapat dapat sambahin maliban sa Allah ﷻ, Ay makakapasok sa ***Jannah*** (Paraiso)." (Muslim)

### 2.) Ang Katiyakan Laban Sa Hinala.

Ito ang pagpapahayag na walang halong paghihinala sa kahulugan nito (Ang Shahadah).

قال تعالى: ﴿ إِنَّمَا الْمُؤْمِنُونَ الَّذِينَ آمَنُوا بِاللَّهِ وَرَسُولِهِ ثُمَّ لَمْ يَرْتَابُوا وَجَاهَدُوا بِأَمْوَالِهِمْ وَأَنفُسِهِمْ فِي سَبِيلِ اللَّهِ، أُولَٰئِكَ هُمُ الصَّادِقُونَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Silang mga naniniwala, yaong mga naniniwala sa Allah ﷻ At sa Kanyang Sugo at kailanman ay hindi naghinala bagkus ay nagsusumikap na (gugulin) ang kanilang kayamanan at sarili sa landas ng Allah. Sila ang mga makatotohanan." (Al- Hujjurat 49:15)

قال النبي ﷺ : ﴿ أَشْهَدُ أَنْ لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللَّهُ وَأَنِّي رَسُولُ الله ، لاَ يَلْقَى اللَّهَ بِهِمَا عَبْدٌ غَيْرَ شَاكٍّ فَيُحْجَبُ عَنِ الْجَنَّةِ ﴾

Ang Propeta Muhammad ﷺ ay nagwika:

"Ako ay sumasaksi na walang Diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah ﷻ at ako ay Kanyang Sugo. Ang alipin ng Allah ﷻ na makikipagtagpo sa Kanya (Allah) na walang pag-aalinlangan tungkol dito (shahadatayn) ay makakapasok sa *Al-Jannah* (Paraiso)." (Muslim)

### 3.) Ang Pagka-Dalisay ng Pananampalataya Laban Sa Pakikianib o Pagpapanalig Sa Iba (Shirk).

"Ito ay ang hangarin sa pagtanggap sa Islam at pagsasagawa sa lahat ng mga pamamaraan ng mga pagsamba, na ito ay kailangang maialay para sa Allah ﷻ lamang."

قل تعالى: قُلْ إِنِّي أُمِرْتُ أَنْ أَعْبُدَ اللَّهَ مُخْلِصًا لَّهُ الدِّينَ

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Sabihin (O! Muhammad ﷺ): "Katotohanan, ako ay inutusan para sambahin ang Allah ﷻ (na nag-iisa at walang pagtatambal ng kahalintulad sa pagsamba sa Kanya) sa pamamaraang pagsunod sa Kanya at ang paggawa ng mga makarelihiyosong gawaing tapat na para sa Kanya ﷻ lamang." (Al-Zumar 39:11)

### 4.) Ang Pagiging Matapat (Taos-Puso) Laban Sa Mga Pagkukunwaring Banal (Ipokrito).

Ito ang pinakatotoo o marangal na daang makapagbibigay sa pinakamakahulugang pang-unawa sa

pagpapahayag na ito (Shahadah). At makapagpapalakas sa tao upang makamit niya ang kaalaman tungkol sa kanyang Tagapaglikha, ang Allah ﷻ. Binibigkas ng mga Ipokrito o ng mga mapagkunwaring banal ang pagpapahayag sa Kaisahan ng Allah ﷻ, subalit ang mga pagtanggi (sa Shahadah) ang niloloob ng kanilang puso.

قال تعالى: ﴿ يَقُولُونَ بِأَلْسِنَتِهِم مَّا لَيْسَ فِي قُلُوبِهِمْ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:
"Binibigkas ng kanilang dila ang mga bagay na wala sa loob ng kanilang puso." (Al-Fath 48:11)

5.) **ANG PAGTANGGAP O PAGSUKO LABAN SA PAGMAMALAKI AT PAGMAMATAAS.**

Ito ang pagtatangkilik sa kahulugan ng pagpapahayag at mailalayo ang tao sa alin mang hindi tama o maling pagmamalaki at pagmamataas. Ang katotohanan ay ang Kor-an at ang mga katuruan ng Propeta Muhammad ﷺ. Ang pagtangkilik sa katotohanang ito ay makapagbibigay-laya sa isang Muslim mula sa bulag na pagaya-gaya at makapagkakaloob ng sapat na seguridad sa wastong daan tungo sa kaalaman sa Islam.

قال تعالى: وَكَذَٰلِكَ مَآ أَرْسَلْنَا مِن قَبْلِكَ فِي قَرْيَةٍ مِّن نَّذِيرٍ إِلَّا قَالَ مُتْرَفُوهَآ إِنَّا وَجَدْنَآ ءَابَآءَنَا عَلَىٰٓ أُمَّةٍ وَإِنَّا عَلَىٰٓ ءَاثَـٰرِهِم مُّقْتَدُونَ، قَـٰلَ أَوَلَوْ جِئْتُكُم بِأَهْدَىٰ مِمَّا وَجَدتُّمْ عَلَيْهِ ءَابَآءَكُمْ قَالُوٓا۟ إِنَّا بِمَآ أُرْسِلْتُم بِهِۦ كَـٰفِرُونَ ، فَٱنتَقَمْنَا مِنْهُمْ فَٱنظُرْ كَيْفَ كَانَ عَـٰقِبَةُ ٱلْمُكَذِّبِينَ .

Sinabi ng Allah ﷻ:
"At kasintulad nito, mayroon Kaming naipadalang taga-pagbigay ng babala na nauna sa iyo (O! Muhammad ﷺ) sa bawat bayan (o bansa) subalit sinabi ng mga marangya sa kanila: " at nakita namin ang aming mga ama na sila ay sumusunod sa isang tiyak na landas (at relihiyon); at katunayan, kami ay susunod na rin sa kanilang mga bakas (na

naiwan). At sabihin mo (O! Muhammad ﷺ sa kanila): "Kahit pagdalhan ko kayo ng mas-magandang patnubay kaysa nakita ninyong sinusunod ng inyong mga ninuno?" At kanilang sasabihin; "Katotohanan kami ay hindi maniniwala sa kung ano man ang dahilan na ikaw ay ipinadala". (Kaya) Kami ay gumanti sa kanila, at tingnan mo kung ano ang naging katapusan ng mga (taong) tumanggi (sa Tawheed)."(Al-Zukhrof 43:23-25)

### 6.) Ang Pagpapaubaya (Pag-Suko) Ay Siya Ang Makapagpapapawalang Bisa Sa Mga Pagtanggi.

Ang pagpapaubaya ay makakamit sa pamamagitan ng pagiging masunurin sa Allah ﷻ at sa Kanyang Sugo sa pamamagitan din ng pangangalaga laban sa lahat ng bagay na ipinagbabawal ng Allah ﷻ .

قال تعالى: ﴿ وَمَنْ يُسْلِمْ وَجْهَهُ إِلَى اللهِ وَهُوَ مُحْسِنٌ فَقَدِ اسْتَمْسَكَ بِالْعُرْوَةِ الْوُثْقَى وَإِلَى اللهِ عَـٰقِبَةُ الأُمُورِ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Ang sinumang mukha (buong sarili) ang ipaubaya sa Allah ﷻ, at gumawa ng kabutihan (masunurin sa Allah ﷻ sa lahat ng bagay) ay kanyang nahawakan ang mapagkakatiwalaang tanganan." (Luqman 31:22)

### 7.) Ang Mahalin Ang Pagpapahayag.

Ang sinuman ang magmahal sa Allah ﷻ ay dapat ding magmahal sa relihiyon ng Allah ﷻ (Ang Islam) at sa pagpapahayag na ito (Ang Shahadatayn). Ang pagmamahal sa Allah ﷻ at sa Kanyang Sugo ay dapat na maisalin sa pagsunod sa Kanyang mga kautusan at sa Kanyang Sugo. Ito ay makapagpapawalang-bisa sa pagsunod sa mga pagbabago o mga panibagong konsepto na hindi naaayon sa turo ng Islam.

قال تعالى: ﴿ وَمِنَ النَّاسِ مَنْ يَتَّخِذُ مِنْ دُونِ اللهِ أَنْدَادًا يُحِبُّونَهُمْ كَحُبِّ اللهِ وَالَّذِينَ ءَامَنُوا أَشَدُّ حُبًّا لِلَّهِ وَلَوْ يَرَى الَّذِينَ ظَلَمُوا إِذْ يَرَوْنَ الْعَذَابَ أَنَّ الْقُوَّةَ لِلَّهِ جَمِيعًا وَأَنَّ اللهَ شَدِيدُ الْعَذَابِ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"At kasama sa mga tao na ang iba ay nagtatambal (ng sinasamba) bilang karibal (ng Allah ﷻ). Kanilang minamahal ito katulad sa pagmamahal nila sa Allah ﷻ. Subalit silang mga naniniwala, ay higit na minamahal ang Allah ﷻ (kaysa anupamang bagay). Kung makikita lamang ng mga gumagawa ng mga kamalian, kung kailan nila makikita ang (masakit na) parusa, na ang Allah ﷻ ang nagmamay-ari sa lahat ng kapangyarihan at ang Allah ﷻ ay mahigpit sa pagpaparusa." (Al-Baqarah 2:165)

عن أنس رضي الله عنه، عن النبي صلى الله و سلم قال: يَخْرُجُ مِنَ النَّارِ مَنْ قَـالَ: لاَ إِلَـهَ إِلاَّ اللهُ ، وَفِي قَلْبِهِ وَزْنَ شَعِيْرَةٍ مِنْ خَيْرٍ، وَيَخْرُجُ مِنَ النَّارِ مَنْ قَالَ: لاَ إِلَـهَ إِلاَّ اللهُ ، وَ فِي قَلْبِهِ وَزْنَ بُرَّةٍ مِنْ خَيْرٍ ، وَ يَخْرُجُ مِنَ النَّارِ مَنْ قَالَ: لاَ إِلَـهَ إِلاَّ اللهُ ، وَ فِي قَلْبِهِ وَزْنَ ذَرَّةٍ مِنْ خَيْرٍ. ( البخاري)

Mula sa salaysay ni Anas ﷺ: na sinabi ng Propeta ﷺ, "Sinuman ang magsabi ng La ilaha Illallah ( walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah ﷻ ) na may mabuting nilalaman ang kanyang puso (nang paniniwala) kahit kasin-timbang ng isang butil ay mailalabas sa Impiyerno. At "Sinuman ang sabihin ang La-ilaha Illallah (walang diyos na karapat dapat sambahin maliban sa Allah ﷻ) at may mabuting nilalaman ang kanyang puso (nang paniniwala) kahit kasin-timbang ng isang trigo ay mailalabas sa Impiyerno at "Ang sinuman ang sabihin ang La-ilaha Illallah (walang diyos na karapat dapat sambahin maliban sa Allah ﷻ) na may mabuting niloloob ang kanyang puso (nang paniniwala) kahit kasin-timbang ng alikabok, o maliit na langgam ay mailalabas sa Impiyerno." (Vol. 1 pp. 42 Al-Bukhari)

## • Ang Shirk ( POLITISMO )

Ito ang pagtatatag o kumilala ng katambal o kakambal, kawangis o kapalit ng Diyos (Allah ﷻ ). Ang paniniwalang ito (Shirk) ay salungat sa katuruan ng Tawhedullah (Ang Kaisahan ng Allah ﷻ ). Ang mga taong tagasunod nito ay tinatawag na **Mushrik**.

قال تعالى: ﴿ إِنَّ الشِّرْكَ لَظُلْمٌ عَظِيمٌ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Katotohanan! ang pagtatambal ng iba (para) sa pagsamba sa Allah ﷻ ay napakalaking pagkakamali." (Luqman 31:13)

## MGA BAGAY NA MAKAKASIRA SA TAWHEED.

نواقض الإسلام

### 1.) Shirk sa pagsamba sa Allah ﷻ.

قال تعالى: ﴿ إِنَّ اللَّهَ لاَ يَغْفِرُ أَنْ يُشْرَكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَلِكَ لِمَنْ يَشَاءُ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Katotohanan! hindi mapapatawad ng Allah ang kasalanang pagtatambal (Shirk (sa pagsamba)) sa Kanya[17] subalit Kanyang mapapatawad ang anumang pagkakasalang Kanyang nanaisin." (Al-Nisa 4:116)

قال تعالى: ﴿ إِنَّهُ مَنْ يُشْرِكْ بِاللَّهِ فَقَدْ حَرَّمَ اللَّهُ عَلَيْهِ الْجَنَّةَ وَمَأْوَاهُ النَّارُ وَمَا لِلظَّـٰلِمِينَ مِنْ أَنْصَارٍ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Katotohanan ang sinuman sa inyo ang magtatag ng katambal (sa pagsamba) sa Allah ﷻ, ang Paraiso ay ipagbabawal ng Allah ﷻ para sa kanya at ang Impiyerno ang

---

17. Mababasa natin sa Exodus 20:3-4 (Lumang Tipan sa Bibliya) "Huwag kang magkakaroon ng ibang diyos sa harap Ko. Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan o ng kawangis man ng anumang anyong nasa itaas sa langit o ng nasa ibaba ng lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa."

Exodus 20:23 "Huwag kayong gagawa ng ibang mga diyos na iaagapay sa Akin."

Isaias 44:9 "Silang nangaghigay anyo sa larawang inanyuan ay walang kabuluhan silang lahat at ang kanilang mga bagay na kinalulugdan ay hindi napapakinabangan."

Mga Bilang 23:19 "Ang Diyos ay hindi tao na magsisinungaling o ni anak ng tao na nagsisisi."

Mateo 15:9 (at si Hesus ay nagsabi:) "Subalit walang kabuluhan ang pagsamba nila sa akin, itinuturo (nila) para ituro ang (kanilang mga aral) mga kautusan ng tao."

magiging tirahan, at sa mga (politista) gumagawa ng mga kamalian (kasamaan) ay walang makakatulong sa kanila (sa Araw ng Paghuhukom)". (Al-Maidah 5:72)

2.) ANG MAGTATAG O KUMILALA NG NAMAMAGITAN SA TAO AT ALLAH ﷻ.

3.) ANG HINDI MANIWALA NA ANG MGA MUSHRIKEEN (POLITISTA) AY MGA KUFFAR (KAWALANG PANINIWALA) O ANG MAG-ALINLANGAN SA KANILANG PAGIGING KUFFAR, O DI KAYA AY IPAGTANGGOL SILA AT BIGYAN NG KATUWIRAN O TAMANG PANANAW ANG KANILANG PANINIWALA.

4.) ANG MANIWALA NA MAY GABAY (O PATNUBAY) AT PAMAMAHALA NA NAKAHIHIGIT SA PAMAMAHALA NG PROPETA MUHAMMAD ﷺ.

5.) ANG MASUKLAM SILA SA ALIN MAN SA MGA KAUTUSAN MULA SA MENSAHE NG PROPETA MUHAMMAD ﷺ KAHIT ITO AY SINUSUNOD PA.

قال تعالى: ﴿ ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ كَرِهُوا مَا أَنزَلَ اللَّهُ فَأَحْبَطَ أَعْمَالَهُمْ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

" Iyan ay dahil galit sila sa ipinahayag ng Allah ﷻ (Ang Kor'an at Batas ng Islam); kaya ginawa Niyang walang silbi ang kanilang mga gawa." (Muhammad 47:9)

6.) ANG MGA PANGUNGUTYA SA ALINMAN SA MGA BAHAGI NG RELIHIYONG ISLAM AT SA MGA PANGALAN AT KATANGIAN NG ALLAH ﷻ.

قال تعالى: ﴿ قُلْ أَبِاللَّهِ وَءَايَٰتِهِ وَرَسُولِهِ كُنتُمْ تَسْتَهْزِءُونَ، لَا تَعْتَذِرُوا قَدْ كَفَرْتُم بَعْدَ إِيمَٰنِكُمْ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"At sabihin mo: Ang inyong mga pangungutya ay para ba sa Allah ﷻ, sa Kanyang mga palatandaan at Sugo ? Walang paumanhin sa inyo; dahil kayo ay hindi naniniwala." (Al-Taubah 9:65-66)

7.) ANG PAGGAWA NG MGA MAHIKA O MAKISAMA SA MGA SALAMANGKERO KASAMA DITO ANG PAGGAWA (O MANIWALA) SA MGA PAMAMARAAN NG SALAMANGKA.

قال تعالى: ﴿ وَمَا يُعَلِّمَانِ مِنْ أَحَدٍ حَتَّى يَقُولَا إِنَّمَا نَحْنُ فِتْنَةٌ فَلَا تَكْفُرْ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Subalit wala sa dalawang ito (ang mga Anghel na Harut at Marut) na magturo (sa mga bagay na ito) hanggat hindi nila masabi, "Kami ay para sa mga pagsubok lamang, kaya huwag maging di-mananampalataya (sa pag-aaral ng salamangka mula sa amin)." (Al Baqara 2:102)

**8.) ANG PAKIKIISA SA MGA MUSHRIKEEN (POLITISTA), MAGBIGAY NG SUPORTA O TULONG LABAN SA MGA MUSLIM.**

قال تعالى: ﴿ وَمَنْ يَتَوَلَّهُمْ مِّنْكُمْ فَإِنَّهُ مِنْهُمْ ، إِنَّ اللَّهَ لَا يَهْدِي الْقَوْمَ الظَّـٰلِمِيْنَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"At kung mayroon man sa inyo na kakasamahin sila (bilang Auliya (katulong)), tiyak na siya ay isa sa kanila. Katotohanan hindi bibigyan ng Allah ﷻ ng patnubay ang mga Zalimun (politista, masasama at mga hindi makatarungan)." (Al Maidah 5:51)

**9.) ANG. MANIWALA NA MAYROONG ESPESYAL NA TAO NA HINDI NA KAILANGAN PANG SUMUNOD SA PROPETA MUHAMMAD ﷺ.**

قال تعالى: ﴿ وَمَنْ يَبْتَغِ غَيْرَ الإِسْلَـٰمِ دِيْناً فَلَنْ يُقْبَلَ مِنْهُ وَهُوَ فِي الأَخِرَةِ مِـنَ الْخَـٰسِرِيْنَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"At sinuman ang maghangad ng ibang relihiyon maliban sa Islam ay hindi ito tatanggapin para sa Kanya, at sa Araw ng Paghuhukom siya ay kasama sa mga talunan." (Al-Imran 3:85)

**10.) ANG GANAP NA PAGTALIKOD SA RELIHIYON NG ALLAH ﷻ, AT ANG HINDI MAG-ARAL AT SUMUNOD DITO.**

قال تعالى: ﴿ وَمَـنْ أَظْلَمُ مِمَّنْ ذُكِّرَ بِئَايَتِ رَبِّهِ ثُمَّ أَعْـرَضَ عَنْـهَآ إِنَّـا مِـنَ الْمُجْرِمِيْنَ مُنْتَقِمُوْنَ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"At alin ang mas nakakarami ang magagawang pagkakamali, kundi ang taong nabigyan ng mga (totoong) palatandaan mula sa kanyang Panginoon, ngunit siya ay (tumalikod) lumingon sa iba ? Katotohanan bibigyan namin ng ganap na paghihiganti ang mga Mujrimun (Kriminal, mga hindi naniniwala, politista at mga makasalanan)." (Al Sajdah 32:22)

## ② ANG PAGDARASAL SA ISLAM.

## الصلاة في الإسلام

Ang Pagdarasal ay isang uri ng pagsamba na binubuo ng kakaibang panalangin at gawa. Ito ay nag-uumpisa sa (Takbir, Allaho Akbar) pagbigkas sa Kadakilaan ng nag-iisang tunay na Diyos, ang Allah ﷻ, at nagtatapos sa (Tasleem, Assalamu alaikom warahmatulah) pagbati ng kapayapaan. Ang pagdarasal ay obligadong isinasagawa sa takdang oras. Ang pagdarasal ay siyang Haligi ng Deen at ang pinakaunang tutuusin sa ating mga gawa sa Araw ng Paghuhukom. Kung ito ay mabuti nangangahulugan na ang iba nating gawa ay lalong bubuti. Kung ito naman ay masama, kung gayon ay ang iba nating mga gawa ay mawawalan ng saysay dahil hindi ito bibilangin. Sa pamamagitan ng Pagdarasal ang tanging paraan na ang tao ay direktang nakikipag-ugnayan sa kanyang Diyos (ang Allah ﷻ ). Ganito kahalaga ang pagdarasal sa Islam.

قال تعالى : ﴿ وَأَقِمِ الصَّلَوٰةَ طَرَفَيِ النَّهَارِ وَزُلَفًا مِّنَ الَّيْلِ، إِنَّ الْحَسَنَـٰتِ يُذْهِبْنَ السَّيِّـَٔاتِ، ذَٰلِكَ ذِكْرَىٰ لِلذَّٰكِرِينَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"At isagawa ang mga Pagdarasal sa bawat katapusan ng ' araw at sa mga ibang oras ng gabi. Katotohanan, aalisin ng mga mabubuting gawain ang mga gawaing masasama. Ito ay paalala sa mga matatalino (silang mga tumanggap o nakinig sa mga payo)." (Hud 11:114)

قال تعالى : ﴿ أَقِمِ الصَّلَوٰةَ لِدُلُوكِ الشَّمْسِ إِلَىٰ غَسَقِ الَّيْلِ وَقُرْءَانَ الْفَجْرِ إِنَّ قُرْءَانَ الْفَجْرِ كَانَ مَشْهُودًا ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Isagawa ang mga Pagdarasal bago lumubog ang araw (Dasal sa Dhohr, 'Asr at Magrib) hanggang sa pagsapit ng gabi (pagdarasal sa Isha), at isaulo (o basahin) ang Koran sa madaling araw (dasal sa madaling araw). Katotohanan, ang pagsasaulo sa Kor'an sa madaling araw ay (palaging) nasasaksihan. " (Al-Isra 17:78)

### ANO ANG GAGAWIN BAGO MAGDASAL ?

Pagpapadalisay ng puso at (munting) paglilinis ng katawan (Taharah at Wudho).

قال تعالى : ﴿ يَـٰٓأَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَقْرَبُوا الصَّلَوٰةَ وَأَنتُمْ سُكَـٰرَىٰ حَتَّىٰ تَعْلَمُوا مَا تَقُولُونَ وَلَا جُنُبًا إِلَّا عَابِرِى سَبِيلٍ حَتَّىٰ تَغْتَسِلُوا۟ ، وَإِن كُنتُم مَّرْضَىٰٓ أَوْ عَلَىٰ سَفَرٍ أَوْ جَآءَ أَحَدٌ مِّنكُم مِّنَ الْغَآئِطِ أَوْ لَـٰمَسْتُمُ النِّسَآءَ فَلَمْ تَجِدُوا مَآءً فَتَيَمَّمُوا صَعِيدًا طَيِّبًا فَامْسَحُوا۟ بِوُجُوهِكُمْ وَأَيْدِيكُمْ، إِنَّ اللَّهَ كَانَ عَفُوًّا غَفُورًا ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"O! Kayong mga naniniwala, Huwag lumapit sa pagdarasal kung kayo ay nasa kalagayan ng pagkalango hanggang sa (manumbalik ang inyong katinuan at) alam (naiintindihan) ninyo ang inyong mga sinasabi, o di kaya ay nasa kalagayan ng Janaba (kalagayang hindi malinis dahil sa seksuwal na gawain) at hindi pa nakapaligo, maliban kung kayo ay naglalakbay, hanggang mahugasan ang buong katawan. At kung kayo ay may karamdaman, o naglalakbay, o ang isa sa inyo ay nanggaling sa tawag ng kalikasan, o kayo ay nakipagdiit sa mga kababaihan at wala kayong matagpuang

tubig, magsagawa ng Tayammum[18] sa pamamagitan ng malinis na lupa at haplusin kasama niyon ang inyong mga mukha at mga kamay. Katotohanan, ang Allah ay Laging Mapagbigay-Paumanhin, ang Mapagpatawad." (Al-Nisa 4:43)

## MGA PAMAMARAAN SA PAGLILINIS O PAGWU-WUDHU.

كيفية الوضوء

(Kinakailangan na ito ay magkasunod-sunod)[19].

قال تعالى : ﴿ يَـٰٓأَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِذَا قُمْتُمْ إِلَى الصَّلَوٰةِ فَاغْسِلُوا۟ وُجُوهَكُمْ وَأَيْدِيَكُمْ إِلَى الْمَرَافِقِ وَامْسَحُوا۟ بِرُءُوسِكُمْ وَأَرْجُلَكُمْ إِلَى الْكَعْبَيْنِ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"O, kayong mga naniniwala! Sa oras na balak ninyong isagawa ang pagdarasal. Hugasan ang inyong mukha at mga kamay hanggang siko, haplusin (ng basang kamay ang ibabaw) ang inyong ulo. At hugasan ang inyong mga paa hanggang bukong-bukong." (Al-Maidah 5:6)

---

[18]. *Tayammum* – Itapik ang inyong mga palad sa malinis na lupa, hipan ito para maalis ang alikabok at pagkatapos ay ihaplos ang kaliwang palad sa likod ng kanang kamay at ang kang kmay sa likuran ng kaliwang kamay at pagkatapos ay ihaplos ang mga ito sa inyong mukha.

[19]. Nai-ulat ni Humran ﷺ, ang alipin ni 'Uthman : at kanyang sinabi " Nakita ko si 'Uthman bin 'Affan ﷺ na nanghingi ng (isang baldeng) tubig (at noong maibigay sa kanya) ay binuhusan niya ng tubig ang kanyang mga kamay at hinugasan ito ng tatlong beses at inilagay niya ang kanyang kanang kamay sa looh ng sisidlan ng tubig (at kumuha ng sandakot na tubig) at minumog ang kanyang bunganga, hinugasan niya ang kanyang ilong sa pamamaraang pagsinghot ng tubig at pagkatapos ay isininga ito. Ang sumunod ay hinugasan niya ang kanyang mukha at kamay hanggang siko ng tatlong beses, ipinunas niya ang kanyang basang palad sa ibabaw ng kanyang ulo at kanyang hinugasan ang kanyang mga paa hanggang bukong-bukong ng tatlong beses. Pagkatapos ay sinabi ng Sugo ng Allah' sknk, " Kung mayroon mang taong magsasagawa ng paghuhugas na kahalintulad nang sa akin at magdasal ng dalawang rak'at na wala siyang iniisip na iba (at walang relasyon sa kasalukuyang pagdarasal) siya ay mabibigyan nang kapatawaran sa kanyang mga nakaraang pagkakasala". (Sahih al-Bukhari, Volume 1, Chapter no. 24, Hadith no. 161 page 113)

1. Hugasan ang dalawang kamay at bigkasin ang BISMILLAH.
2. Linisin ang bibig sa pamamagitan ng pag-mumumog ng tubig, tatlong beses.
3. Linisin ang ilong (loob) sa pamamagitan ng pag-singhot at pagsinga ng tubig, tatlong beses.
4. Hugasan ang Mukha (hanggang sa bahagi ng mukha na tinutubuan ng buhok), tatlong beses.
5. Hugasan ang kamay hanggang siko (magsimula sa kanan bago kaliwa), tatlong beses.
6. Haplusin minsan ng tubig ang buhok sa ulo mula sa bandang noo pababa hanggang sa batok at pabalik. Sa taynga ay ipasok ang hintuturo sa paglilinis sa loob ng taynga habang hinahaplos ng hinlalaki ang likod ng taynga.
7. Hugasan ang mga paa hanggang bukong-bukong (magsimula sa kanan bago ang kaliwa), tatlong beses.

☞ *Pagkatapos ng Paglilinis ay pumasok sa mosque o sa pook na doon isasagawa ang mga pagdarasal at bumarap sa Kiblab.*

### ANG KIBLAH القبلة

Ang Kiblah ay ang direksiyon kung saan humaharap ang mga Muslim kapag magdarasal. Ito ang dircksiyong padako sa Banal na Lupain ng Makkah sa bansang Saudi Arabia. Ang mga Muslim sa bandang Timog Silangang Asya ay kung saan lumulubog ang araw ay doon ang Qiblah at kailangan na dito sila humarap. Ang pinakaunang Qiblah ng mga Muslim ay ang Masjid Al-Aqsa sa Jerusalem at naiba ang Qiblah nang maibaba ang kapahayagang ito:

قال تعالى : ﴿ قَدْ نَرَى تَقَلُّبَ وَجْهِكَ فِي السَّمَاءِ فَلَنُوَلِّيَنَّكَ قِبْلَةً تَرْضَاهَا ، فَوَلِّ وَجْهَكَ شَطْرَ الْمَسْجِدِ الْحَرَامِ، وَحَيْثُ مَا كُنتُمْ فَوَلُّوا وُجُوهَكُمْ شَطْرَهُ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Katotohanan! Aming nakita (Muhammadﷺ) ang paglingon ng iyong mukha sa langit. Tiyak na tiyak, ikaw ay Aming pipihitin sa direksyon para sa pagdadasal. Iyon ay magugustuhan mo. Iharap ang iyong mukha sa direksyon ng

Al-Masjid Al Haram (sa Makkah) saan mang pook naroroon ang iyong mga tauhan. Ibaling ang inyong mukha (sa pagdadasal) sa direksyong ito." (Al-Baqarah 2:144)

### MGA BAGAY NA MAKAPAGPAPAWALANG-BISA SA WUDHO: نواقض الوضوء

1. Ang pag-ihi, pag-dumi, o paglabas ng hangin (utot) o likido o mga ibang likido katulad ng dugo mula sa maselang bahagi ng ating katawan (sexual organ).
2. Matulog o mawalan ng malay tao.
3. Mahawakan nang walang sapin ang maselang bahagi ng katawan ng tao.
4. Ang kumain sa karne ng Kamelyo.

### MGA OBLIGADONG PAGDARASAL

الصلواة المفروضة

قال تعالى : ﴿ أَقِمِ الصَّلَوٰةَ لِدُلُوكِ الشَّمْسِ إِلَىٰ غَسَقِ الَّيْلِ وَقُرْءَانَ الْفَجْرِ إِنَّ قُرْءَانَ الْفَجْرِ كَانَ مَشْهُودًا ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Isagawa ang mga Pagdarasal bago lumubog ang araw (dasal sa Dhohr, Asr at Magrib) hanggang sa pagsapit ng gabi (pagdadasal sa Isha) at isaulo (o basahin) ang Koran sa madaling araw (madaling araw na pagdarasal). Katotohanan, ang pagsasa-ulo sa Kor'an sa madaling araw ay (laging) nasasaksihan." (Al-Isra 17:78)

| Uri ng Dasal | Orasan | Rak'at |
|---|---|---|
| *1. Fajr* | Madaling Araw bago magbukang-liwayway | 2 |
| *2. Dhohr* | Tanghali | 4 |
| *3. Asr* | Hapon | 4 |
| *4. Maghrib* | Takipsilim | 3 |
| *5. Isha* | Gabi | 4 |

*Salatul Witr* = Ang dasal na ito ay sunnah at dasal pangsara. Ang pagdarasal na ito ay hindi kasama sa mga obligadong pagdarasal subalit kailangan nating maisagawa dahil ito ay araw-araw na isinagawa ng dakilang Propeta Muhammad ﷺ. Ito ay binubuo ng yunit mula 1-3-5-7 . . .

## ③ ANG ZAKAH الزكـاة

Ang Zakah ay takdang bahagi ng ating yaman para sa kawanggawa. Ito ang pagkakaltas sa halagang dalawa at kalahating (2.5%) porsiyento mula sa malinis nating kinita sa loob ng isang taon.

Ito ay kukunin sa mga may kaya at ipamimigay sa mga mahihirap at sa mga nangangailangan ng tulong.

قال تعالى: ﴿وَأَقِيمُوا الصَّلَوٰةَ وَءَاتُوا الزَّكَوٰةَ وَارْكَعُوا مَعَ الرَّاكِعِينَ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"At isagawa ang pagdarasal, magbigay ng Zakat at yumuko (o isuko ang inyong sarili kasama ng pagkamasunurin sa Allah ﷻ) kasama ng mga (taong) yumuyuko." (Al-Baqarah. 2:43)

قال تعالى : ﴿ وَأَقِيمُوا الصَّلَوٰةَ وَءَاتُوا الزَّكَوٰةَ، وَمَا تُقَدِّمُوا لِأَنفُسِكُم مِّنْ خَيْرٍ تَجِدُوهُ عِندَ اللَّهِ؛ إِنَّ اللَّهَ بِمَا تَعْمَلُونَ بَصِيرٌ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"At isagawa ang mga pagdarasal at *magbigay ng Zakat*, at kahit anumang mabuti ( mga gawaing magugustuhan ng Allah ﷻ) na maipadala para sa kabutihan ng inyong sarili habang wala ka, matatagpuan ito sa Allah ﷻ. Tiyak na tiyak, ang Allah ﷻ ang Lubos na Nakakakita sa iyong mga gawa." (Al-Baqarah 2:110)

و قال تعالى : ﴿ إِنَّ الَّذِينَ ءَامَنُوا وَعَمِلُوا الصَّـٰلِحَـٰتِ وَأَقَامُوا الصَّلَوٰةَ وَءَاتَوُا الزَّكَوٰةَ لَهُمْ أَجْرُهُمْ عِندَ رَبِّهِمْ وَلَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Katotohanan! silang naniniwala at gumagawa ng mga matuwid, nagdadasal at nagbibigay ng Zakat (kawanggawa), sila ay magkakamit ng gantimpala mula sa kanilang (Rabb) Panginoon. At (para sa kanila) sila ay walang pagkatakot at pagkalungkot." (Al-Baqarah 2:277)

Mula sa salaysay ni Abu Hurairah ؓ: May isang Arabong nagpunta sa Propeta ﷺ at nagtanong: Sabihin mo sa akin ang gawain na kung ito ay aking gagawin ay maipapasok ako sa Paraiso? Ang sagot ng Propeta ﷺ "Sambahin mo ang Allah ﷻ, at sambahin Siyang walang katambal, isagawa ang mga pagdarasal, magbayad ng Zakat at mag-ayuno sa buwan ng Ramadhan."Ang sagot ng Arabo, "Para sa Kanya, na may hawak sa aking kaluluwa, hindi ko susubrahan ito". Nang siya ay makaalis, ang Propeta ﷺ ay nagwika, "Ang sinuman sa inyo ang may gustong makita ang lalaki sa Paraiso, ay tumingin sa lalaking ito." (V-2 pp. 480 /AL-BUKHARI)

## Sino Ang May Karapatang Tumanggap Ng Zakat?

و قال تعالى : ﴿ إِنَّمَا الصَّدَقَـٰتُ لِلْفُقَرَآءِ وَالْمَسَـٰكِينِ وَالْعَـٰمِلِينَ عَلَيْهَا وَالْمُؤَلَّفَةِ قُلُوبُهُمْ وَفِي الرِّقَابِ وَالْغَـٰرِمِينَ وَفِي سَبِيلِ اللَّهِ وَابْنِ السَّبِيلِ فَرِيضَةً مِّنَ اللَّهِ وَاللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Ang kawanggawa ay para lang sa mga mahihirap (o dukha), sa mga nangangailangan (ng tulong), ang mga naninilbihan sa sa kanila, ang mga taong tinanggap ng kanilang puso ang katotohanan (Islam) ang pagpapalaya sa mga alipin o bihag, sa mga nakabaon sa utang, ang nakikipaglaban para sa Allah, ang mga Naglalakbay." (9:60 Al-Tawbah)

### MAGKANO ANG PARA SA ZAKAT ?

Ang katiyakan kung magkano ang Zakat na maibibigay ng isang tao ay depende sa halaga ng kanyang ari-arian o malinis na kinita sa loob ng isang taon na kasama sa tinatawag na NISAB.

- **NISAB:** Ito ang halagang nararapat ibawas para sa katumbas na halagang ibibigay na zakat o tulong sa kawang-gawa. Ito ay binubuo ng mula (sa minimum) 200 dirhams o 5 ½ tola ng pilak at 20 dinar o 7 1/2 tola sa ginto. Samakatuwid 1/40th o 2.5 porsiyento ng mga naipong kayamanan sa loob ng isang_taon ang kailangang maibayad ng zakah. (sumangguni sa sukatan ng Nisab )

## ④ ANG PAG-AAYUNO.

## الصوم

Ang Pag-aayuno (As-Sawm), ay ang pagtitiis na huwag kumain, uminom, sumiping sa asawa, mula sa Adhan (Panawagan sa Pagdarasal) ng Fajr (madaling araw na pagdarasal) hanggang sa Adhan ng Magrib (dasal sa takip-silim). Umiwas sa mga paggawa o pagsasalita ng mga bagay na hindi kanais-nais at salungat sa kagustuhan ng Allah ﷻ . Ang Pag-aayuno ay isang banal na tungkulin ng tao sa Allah ﷻ . Ito ay dati nang ipinag-utos ng Allah ﷻ sa mga naunang henerasyon katulad sa mga kapanahunan nina Propeta Moises ﷺ at Hesus ﷺ › Lalung-lalo na si Propeta David ﷺ na sa buong buhay niya ay punong-puno ng pag-aayuno. Ang araw ng kanyang pag-ayuno ay salit-salitan. Ang Pag-aayuno ay kailangan ng ating katawan para sa ating pesikal at spirituwal na kalusugan at ito ay isinasagawa isang buwan sa loob ng isang taon (sa buwan ng Ramadhan).

قال تعالى :﴿ يَـٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ كُتِبَ عَلَيْكُمُ ٱلصِّيَامُ كَمَا كُتِبَ عَلَى ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"O! kayong nananampalataya! Ang Sawm (pag-aayuno)ay Aming itinakda para sa inyo kagaya (ng pagkakatakda Namin) sa mga nauna sa inyo upang kayo ay matutong magtimpi (o magtiis) sa sarili (na may kasamang pagka-matakutin sa Allah ﷻ)." (Al-Baqarah 2:183)

قال تعالى : ﴿ شَهْرُ رَمَضَانَ الَّذِيْ أُنزِلَ فِيْهِ الْقُرْءَانُ هُدًى لِّلنَّاسِ وَبَيِّنَاتٍ مِنَ الْـهُدَى وَالْفُرْقَانِ ، فَمَنْ شَهِدَ مِنكُمُ الشَّهْرَ فَلْيَصُمْهُ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Sa Buwan ng Ramadhan ibinaba (ipinahayag) Ang Banal na Kor'an, patnubay para sa sangkatauhan at malinaw na mga patotoo (para) sa Patnubay at Hukuman (sa pagitan ng tama at mali). Kaya't sinuman sa inyo ang makatanaw (sa bagong buwan sa unang gabi) ng buwan (ng Ramadhan) na nananahan (nakatigil)sa (kanyang) tahanan ay karapat-dapat na mag-ayuno." (Al-Baqarah 2:185)

Mula sa salaysay ni Abu Hurairah ﷺ: Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: "Ang Pag-aayuno ay pananggalang (o tabing mula sa apoy ng Impiyerno). Kaya, ang taong nag-aayuno ay umiwas na magkaroon ng sekswal na relasyon sa kanyang asawa (sa araw), karapat-dapat na huwag manluko o maging imprudente, kung mayroon mang mang-aaway o mang-aabuso sa kanya ay dapat niyang sabihin nang dalawang beses, "ako ay nag-aayuno". At idinagdag pa ng Propeta ﷺ, "Sa Kanya na sa Kaniyang mga Kamay napapaloob ang aking kaluluwa, ang amoy na lumalabas mula sa bibig ng isang taong nag-aayuno ay mas mabuti sa Allah ﷻ kaysa amoy ng musko (pabango).(Ang sabi ng Allah ﷻ tungkol sa taong nag-aayuno), kanyang iniwan ang kanyang pagkain , inumin at mga hangaring (pansarili), dahil sa Akin ﷻ. Ang Sawm (Pag-aayuno) ay para sa Akin ﷻ, kaya bibigyan Ko ito ng gantimpala (ang taong nag-aayuno) at ang gantimpala ng bawat mabubuting gawain ay aking dadamihan ng sampung beses." (Al Bukhari Vol 3 pp 118)

قال تعالى: إِنَّآ أَنزَلْنَـٰهُ فِي لَيْلَةٍ مُّبَـٰرَكَةٍ إِنَّا كُنَّا مُنذِرِينَ

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Aming ipinahayag (Ang Kor'an na ito) sa Gabing Pinagpala sa Buwan ng Ramadhan (Ang Ika-Siyam na Buwan sa (Hejriyyah) Kalendaryo ng Islam). Katotohanan Kami ay nagbibigay ng babala (sa sangkatauhan na ang Aming parusa ay makakarating sa mga taong hindi naniniwala sa Aming Pagka-iisa sa Pagka-Panginoon at Aming Pagka-iisa sa Pagsamba." (Al-Dukhan 44:3)

وقال تعلى: ﴿ إِنَّآ أَنْزَلْنَـٰهُ فِي لَيْلَةِ الْقَدْرِ، وَمَآ أَدْرَاكَ مَا لَيْلَةُ الْقَدْرِ، لَيْلَـةُ الْقَدْرِ خَيْرٌ مِنْ أَلْفِ شَهْرٍ ﴾

At sinabi ng Allah ﷻ:

"Katotohanan! Aming ipinanaog ito (Ang Kor'an) sa Gabi ng *Al-Qadr (Pagpapasiya o pag-uutos)*. At ano ang makapagpapaliwanag sa iyo kung ano ang Gabi ng *Al-Qadr?* Ang Gabi ng *Al-Qadr (Pagpapasiya o pag-uutos)* ay higit na mabuti kaysa (isang) libong buwan (Ang pagsamba sa Allah sa gabing ito ay higit na mabuti kaysa sambahin siya ng (isang) libong buwan sa mga pangkaraniwang buwan. (83 taon at 4 na buwan)." (Al-Qadr 97:1-3)

Mula sa salaysay ni 'Aisha ؓ na sinabi ng Propeta ﷺ: "Hanapin ang Dakilang Gabi mula sa mga gansal na araw sa nalalabing sampung araw ng Ramadhan." (Bukhari)

## ⑤ ANG HAJJ
## الحج

Ang Hajj ay isang banal na paglalakbay patungo sa Banal na Lupain ng Makkah sa Saudi Arabia sa panahon ng Dhul Hijjah (Ang panglabing dalawang buwan sa Hijriyyah) upang maisagawa ang mga rituwal sa perigrinasyong ito. Kahit minsan lang maisagawa ito sa buong buhay ng isang Muslim (na may kakayahang isagawa ito).

Ang Banal na Kaabah, ang Baitullah ay nandito sa Makkah al Mukarramah simbolo ng pananampalataya sa Allah

ﷺ . Ito ay itinayong muli nina Propeta Abraham ﷺ at ang kanyang panganay na anak na lalaki, si Isma'el ﷺ.

قال تعالى : ﴿ إِنَّ أَوَّلَ بَيْتٍ وُضِعَ لِلنَّاسِ لَلَّذِي بِبَكَّةَ مُبَارَكًا وَهُدًى لِلْعَالَمِينَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

" Katotohanan, Ang kauna-unahang Bahay (ng pagsamba) na itinakda para sa tao ay sa Bakkah (Makkah). Punong-puno ng mga pagpapala at pamatnubay para sa Al-'Alamin (tao, Jinn at ang mga nilikha ng Allah ﷻ)." (Al-Imran 3:96)

قال تعالى : ﴿ فِيهِ ءَايَاتٌ بَيِّنَاتٌ مَّقَامُ إِبْرَاهِيمَ وَمَن دَخَلَهُ كَانَ ءَامِنًا وَلِلَّهِ عَلَى النَّاسِ حِجُّ الْبَيْتِ مَنِ اسْتَطَاعَ إِلَيْهِ سَبِيلًا، وَمَن كَفَرَ فَإِنَّ اللَّهَ غَنِيٌّ عَنِ الْعَالَمِينَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Napapaloob dito ang mga tanda ng pahayag; ang himpilan o kinatatayuan ni (Propeta) Abraham ﷺ ; sinuman ang makapasok dito ay makatatamo ng katiwasayan ( o proteksiyon ). At ang Hajj (Perigrinasyon o Paglalakbay) ay tungkulin ng tao para sa Allah ﷻ, silang (mga tao na) may kakayahang maglakbay; ngunit kung mayroon man sa kanila ang tanggihan ang paniniwala, ang Allah ﷻ ay hindi nangangailangan sa 'Alamin (tao, jinn at iba pa)." (Al-Imran 3:97)

Mula sa salaysay ni Abu Hurairah ؓ: Ang Propeta ﷺ ay nagsabi, " Sinuman ang magsagawa ng Hajj para sa Allah ﷻ lamang at hindi makipagtalik sa kanyang asawa, (sa panahon ng Hajj) at hindi gumawa ng mga masasama (o mga pagkakasala) at pagkatapos na pagkatapos, siya ay bumalik (pagkatapos ng hajj na malaya sa mga kasalanan) na parang (sanggol na walang kasalanan na) ipinanganak muli." (Vol. 2 pp. 596 Al-Bukhari)

Mula sa salaysay ni 'Aisha ؓ, ang Ina ng mga Mananampalataya: Aking sinabi " O Sugo ﷺ ng Allah ﷻ! Aming ipinalalagay na ang Jihad ay siya ang pinakamabuting gawain. Hindi ba kami maaring sumali sa Jihad? " Ang sagot ng Propeta, "Hindi! Ang magandang jihad (para sa mga babae) ay ang Hajj Mabrur (Hajj na Tinanggap)." (Vol. 2 pp. 595 Al-Bukhari)

### LIMANG KONDISYON PARA SA OBLIGADONG HAJJ:

1. Siya ay taong malaya.
2. Siya ay nasa tamang gulang.
3. Siya ay nasa matinong kaisipan.
4. Siya ay nasa malusog na pangangatawan.
5. Siya ay may kakayahang tustusan ang lahat ng gastusin sa paglalakbay, papunta at pabalik.

## • ANG PARAISO
## الجنة

Ang Paraiso ay tahanan ng mga tagapaglingkod sa Allah ﷻ sa Kabilang-Buhay. Ito ay tirahan na naglalaman ng lahat ng uri ng kaligayahan at kaginhawahang wala pang matang nakakita rito o di kaya ay narinig ito [20]; at walang imahinasyon, guni-guni at kathang-isip ng tao ang kayang ilarawan ang anyo, kagandahan, kaligayahan at kasayahan sa Paraiso.

قال تعالى: ﴿ لَـٰكِنِ الَّذِينَ اتَّقَوْا رَبَّهُمْ لَهُمْ جَنَّـٰتٌ تَجْرِى تَحْتِهَا الْأَنْهَارُ خَـٰلِدِينَ فِيهَا نُزُلاً مِّنْ عِندِ اللَّهِ وَمَا عِندَ اللَّهِ خَيْرٌ لِّلْأَبْرَارِ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Subalit, silang mga may takot sa kanilang Panginoon (Allah ﷻ) ay mapapasakanila ang Hardin na nasa ilalim doon ang dumadaloy na mga ilog (sa Paraiso); at doon sila maninirahan (magsapawalang-hanggan). Ito ay aliw mula sa Allah ﷻ; at ang Allah ﷻ, ang Pinakamabuti para sa mga Al-Abrar ( mga naniniwala sa Kaisahan ng Allah ﷻ , ang mga mabubuting alipin.)". (Al-Imran 3:198)

---

[20]. Al-Bukhari

قال تعالى: ﴿ مَّثَلُ الْجَنَّةِ الَّتِي وُعِدَ الْمُتَّقُونَ فِيهَآ أَنْهَـٰرٌ مِّن مَّآءٍ غَيْرِ ءَاسِنٍ وَأَنْهَـٰرٌ مِّن لَّبَنٍ لَّمْ يَتَغَيَّرْ طَعْمُهُ وَأَنْهَـٰرٌ مِّنْ خَمْرٍ لَّذَّةٍ لِّلشَّـٰرِبِينَ وَأَنْهَـٰرٌ مِّنْ عَسَلٍ مُّصَفًّى وَلَهُمْ فِيهَا مِن كُلِّ الثَّمَرَٰتِ وَمَغْفِرَةٌ مِّن رَّبِّهِمْ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Ang paglalarawan sa Paraisong naipangako sa mga Muttaqun (maka-Diyos) ay, napapaloob dito ang mga ilog na ang tubig at amoy ay hindi nagbabago, mga ilog ng gatas na ang lasa at amoy ay hindi nagbabago, mga ilog ng alak [21] na napakasarap sa yaong mga mang-iinom, at mga ilog ng (tunay na) pulut-pukyutan, at mayroon din para sa kanila na iba't ibang uri ng mga bungang-kahoy, at ang kapatawaran ng kanilang Panginoon." (Muhammad 47:15)

قال تعالى: ﴿ وَعَدَ اللَّهُ الْمُؤْمِنِينَ وَالْمُؤْمِنَـٰتِ جَنَّـٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا الْأَنْهَـٰرُ خَـٰلِدِينَ فِيهَا وَمَسَـٰكِنَ طَيِّبَةً فِى جَنَّـٰتِ عَدْنٍ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Ipinangako ng Allah ﷻ sa mga Mo'min at Mo'minat (mga mananampalatayang lalaki at mga babae), ang mga Hardin, na sa ilalim nito ay dumadaloy na mga ilog upang dito sila manirahan kailanman, (at) sa mga magagandang palasyo sa Hardin ng Eden." (Al-Tawbah 9:72)

## • ANG IMPIYERNO
## الجهنم

Ang Impiyerno ay tirahang inilalaan ng Allah ﷻ para sa mga hindi naniniwala sa Kanya sa Araw ng Paghuhukom.

Inilarawan ng dakilang Propeta ang Impiyerno na kanyang sinabi: Ito ay pinaningas (ang Apoy ng Impiyerno) sa

---

[21]. Ito ang tunay na Alak na hindi nakalalasing dahil ito ay walang alkohol, masarap at matamis (hindi katulad ng alak natin dito sa mundo na bukod sa mapait, mainit ay nakalalasing pa).

loob ng isang libong taon hanggang sa ito ay naging pula, patuloy ito na nakasindi ng isang libong taon ulit hanggang sa ito ay naging puti, at isang libong taon ulit hanggang sa ito ay naging itim. Ito ay pinakama-itim na ang kanyang liyab ay walang katapusan. Ang kasuotan ng mga bilanggo (sa Impiyerno) ay yari mula sa apoy ng Impiyerno. Ang kanilang pagkain ay ghisleen [22], az-zaqqoom [23] at dharee' [24]. Ang mga pagkain na ito ay hindi makakapawi sa kanilang gutom at uhaw at ang kanilang inumin ay napakainit na tubig, tatastasin at sisirain ang kanilang mga bituka. Kapag nasunog ang kanilang mga balat ay pinapalitan ito ng Allah ng panibagong balat upang patuloy pa rin ang kanilang pagdurusa [25] (sa Impiyerno). Ang Impiyerno ay may pitong malalaking pintuan at naglalaman ng mga alakdan at ahas. May nakalaan sa mga bilanggo ng Impiyerno na mga posas at kadena sa kanilang leeg at lumalagablab na apoy (ng Impiyerno). Sila ay maninirahan dito nang walang hanggan, walang kaibigan, kakampi at katulong.

قال تعالى: ﴿ وَلَا طَعَامٌ إِلَّا مِنْ غِسْلِينٍ، لَا يَأْكُلُهُ إِلَّا الْخَاطِئُونَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"O di kaya ay mga ibang pagkain maliban sa (Ghisleen) mga marurumi (dugo, nana at iba pang mga maruruming bagay) mula sa mga sugat (ng mga bilanggo sa Impiyerno), walang kakain dito maliban sa mga (Khaatiun) makasalanan (politista at mga walang paniniwala ( sa pagka-iisa ng Allah)). (Al-Haqqah 69:36-37)

---

22. Al-Haqqah 69:36

23. Al-Saffat 37:62

24. Al-Ghashiyah 88:6

25. Al-Nisa 4:56

قال تعالى: ﴿ أَذَٰلِكَ خَيْرٌ نُّزُلًا أَمْ شَجَرَةُ الزَّقُّومِ، إِنَّا جَعَلْنَاهَا فِتْنَةً لِّلظَّالِمِينَ، إِنَّهَا شَجَرَةٌ تَخْرُجُ فِي أَصْلِ الْجَحِيمِ، طَلْعُهَا كَأَنَّهُ رُءُوسُ الشَّيَاطِينِ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Gayunpaman (alin) ang mabuting pang-aliw (Paraiso) o di kaya ay ang Zaqqum (halaman sa Impiyernong nakapangingilabot)? Katunayan, (ito ay) Aming inihanda na (parang) nakabuntot sa mga Zalimun (politista, mga hindi naniniwala at mga gumagawa ng mga kamalian), Katotohanan, ito ay halamang sumibol mula sa kailaliman ng Apoy ng Impiyerno. Ang mga talbos nito mula sa tangkay ng kanyang prutas ay kasintulad sa ulo ng mga Shayatin (diyablo). " (Al-Saffat 37:62-65)

قال تعالى: ﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا قُوا أَنفُسَكُمْ وَأَهْلِيكُمْ نَارًا وَقُودُهَا النَّاسُ وَالْحِجَارَةُ عَلَيْهَا مَلَائِكَةٌ غِلَاظٌ شِدَادٌ لَّا يَعْصُونَ اللَّهَ مَا أَمَرَهُمْ وَيَفْعَلُونَ مَا يُؤْمَرُونَ ﴾

**Sinabi ng Allah ﷻ :**

"O kayong mga naniniwala! Iligtas ninyo ang inyong sarili at ang inyong pamilya mula sa Apoy (ng Impiyerno) na ang panggatong ay mga tao at bato, may mga anghel na nakatalaga doon mahigpit at mabagsik, hindi marunong sumuway sa mga kautusan ng Allah at kanilang ginagawa kung ano ang iniuutos sa kanila. " **(Al-Tahrim 66:6 , basahin din ang Al-Baqara 2:24)**

.قال تعالى: ﴿ فَاتَّقُوا النَّارَ الَّتِي وَقُودُهَا النَّاسُ وَالْحِجَارَةُ أُعِدَّتْ لِلْكَافِرِينَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Katakutan ninyo ang Impiyerno, na ang panggatong ay mga tao at bato na inihanda para sa mga di-sumasampalataya.". **(Al-Baqarah 2:24)**

Mula sa salaysay ni Abu Hurairah na sinabi ng dakilang Propeta "Ang inyong Apoy ay (isang) bahagi lamang ng ikapitumpong bahagi ng init ng apoy ng Impiyerno. Siya ay tinanong: O Sugo ng Allah, ang init ng apoy (dito sa lupa) ay sapat (na para magpahirap)." Kanyang sinabi (ang mahal na Propeta): "Ito (ang apoy ng Impiyerno) ay nakahihigit ng anim napu't siyam na bahagi (kaysa init ng lupa) at ang bawat bahagi nito ay kasing init ng apoy sa lupa." **(Muttafaqon Alayh, Miskat, Vol. 4 page 189)**

# KABANATA - III

## PALIWANAG SA MGA (IBANG) MALING PAKAHULUGAN TUNGKOL SA ISLAM:

بعض المفاهيم الخاطئة بالإسلام و توضيحها

### ❶ *Paniniwala kay Hesus* عليه السلام:

الإعتقاد في عيسى عليه السلام

☒ "SINASABI NILA (MGA HINDI- MUSLIM) NA ANG MGA MUSLIM AY HINDI NANINIWALA KAY HESUS; BAGKUS, SIYA AY KINAKALABAN NG ISLAM."

Ang paratang na ito ay mali at hindi totoo. Ang mga sumusunod na talakayan tungkol kay Propeta Hesus عليه السلام sa Islam ay ang katotohanan.

☑ Sa Islam, si Hesus عليه السلام ay siya ang Messiah o Kristo at isa sa mga dakilang Sugo at Alagad ng Allah ﷻ Ipinanganak ni Birheng Maria mula sa Salita at kagustuhan ng Allah ﷻ. Siya عليه السلام ay nakagagawa ng mga himala at nakakagamot ng mga ketongin, paralisado, bulag at iba't ibang mga sakit mula sa kapahintulutan ng Allah ﷻ. Kasama sa kanyang mga katuruan ang maniwala sa nag-iisang Tunay na Diyos. Siya ay hindi napako sa krus at hindi napatay ng mga Hudyo kundi siya ay itinaas ng Allah ﷻ sa Langit. Siya ay babalik muli sa daigdig hindi upang husgahan ang gawa ng tao dahil sa panahon ng kanyang muling pagbabalik ay hindi pa katapusan ng mundo. Kanyang papatayin ang (Dajjal) Bulaang Kristo at mamamatnubay muli ayon sa katuruan ng Islam dahil siya ay Muslim, sa mga taong niligaw ng (Dajjal) Bulaang Kristo, sisirain niya ang mga krus dahil isang kalapastanganan para sa kanya na sabihing siya ay namatay sa krus at ito ang naging dahilan kung bakit sinasamba ang krus. Ipag-uutos na rin niya ang paglipul o pagpapatay sa mga baboy dahil ipinagbawal ng Allah ﷻ na kainin ito subalit pinayagan ito ng

tao. Siya ay mag-aasawa at magkakaroon ng mga anak at sa huli siya ay mamatay kasingtulad natin, at sa Araw ng Paghuhukom tayong lahat ay bubuhaying muli ng Allah ﷻ kasama si Hesus at ang lahat ng Sugo at Propeta ng Allah ﷻ upang harapin ang Kanyang ﷻ hukuman.

### ➢Ang Paniniwala Sa Pagkakapanganak Sa Kanya : الإعتقاد بولادته

قال تعالى: ﴿ إِذْ قَالَتِ الْمَلَـٰئِكَةُ يَـٰمَرْيَمُ إِنَّ اللَّهَ يُبَشِّرُكِ بِكَلِمَةٍ مِّنْهُ اسْمُهُ الْمَسِيحُ عِيسَى ابْنُ مَرْيَمَ وَجِيهًا فِي الدُّنْيَا وَالْآخِرَةِ وَمِنَ الْمُقَرَّبِينَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"(Natatandaan mo) Noong sabihin ng Anghel: "O Maryam! Katotohanan, ipina-aabot sa iyo ng Allah ﷻ ang magandang balita, ang Salita mula sa Kanya, ang kanyang pangalan ay Mesias Isa ﷺ (Jesus the Messiah), anak na lalaki ni (birhen) Maria, dinadakila sa mundo hanggang sa kabilang daigdig at isa sa mga malalapit sa Diyos.“ (Al-Imran 3:45)

وقال تعالى: ﴿ وَيُكَلِّمُ النَّاسَ فِي الْمَهْدِ وَكَهْلًا وَمِنَ الصَّـٰلِحِينَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

“At siya (Hesus ﷺ) ay magsasalita sa mga tao, mula sa kanyang kamusmusan at pagkabinata, at siya ﷺ ay isa sa mga makatarungan." (Al-Imran 3:46)

قال تعالى: ﴿ قَالَتْ رَبِّ أَنَّى يَكُونُ لِي وَلَدٌ وَلَمْ يَمْسَسْنِي بَشَرٌ، قَالَ كَذَٰلِكِ اللَّهُ يَخْلُقُ مَا يَشَاءُ ، إِذَا قَضَى أَمْرًا فَإِنَّمَا يَقُولُ لَهُ كُن فَيَكُونُ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Siya (Birheng Maria) ay nagwika: " O Panginoon ko! Paano ako magkakaroon ng anak (na lalaki) nang walang lalaking nakahawak sa akin." Kanyang ﷻ sinabi : Ito (ay mangyayari) para sa Allah ﷻ na Kanyang lilikhain ang ano mang bagay na magustuhan. Kapag Siya ﷻ ay nag-utos, Kanya lang winiwika: "Maging! at Nangyari”. (Al-Imran 3:47)

ANG PANINIWALA SA PAGKAKALIKHA SA KANYA (HESUS) ﷺ:

الإعتقاد بخصوصية خلقه

قال تعالى:﴿ إِنَّ مَثَلَ عِيسَى عِندَ اللَّهِ كَمَثَلِ ءَادَمَ خَلَقَهُ مِن تُرَابٍ ثُمَّ قَالَ لَهُ كُن فَيَكُونُ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Ang pagkakalikha Niya kay Hesus ﷺ ay kahalintulad sa pagkakalikha Niya kay Adan ﷺ. Siya ay nilikha Niya mula sa alabok at Kanyang sinabi: "Maging at Nangyari." (Al-Imran 3:59)

BILANG SUGO SA ANGKAN NG ISRAEL:

أرسل كرسول إلى بني إسراعيل

قال تعالى: ﴿ وَرَسُولاً إِلَى بَنِي إِسْرَاءِيلَ أَنِّي قَدْ جِئْتُكُمْ بِئَايَةٍ مِّن رَّبِّكُمْ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"At (nahirang si Hesus ﷺ na) Sugo sa angkan ng Israel [26] (na may Mensahe):( kanyang sinabi) Ako ay naparito sa inyo, na may (dalang) Palatandaan galing sa inyong Panginoon." (Al-Imran 3:49)

SUGO HINDI DIYOS: الرّسول ليس إلـه

قال تعالى: ﴿ لَقَدْ كَفَرَ الَّذِينَ قَالُوٓا إِنَّ اللَّهَ هُوَ الْمَسِيحُ ابْنُ مَرْيَمَ ،وَقَالَ الْمَسِيحُ يَـٰبَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ اعْبُدُوا۟ اللَّهَ رَبِّى وَرَبَّكُمْ، إِنَّهُ مَن يُشْرِكْ بِاللَّهِ فَقَدْ حَرَّمَ اللَّهُ عَلَيْهِ الْجَنَّةَ وَمَأْوَاهُ النَّارُ، وَمَا لِلظَّـٰلِمِينَ مِنْ أَنصَارٍ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

---

[26]. Mababasa natin sa Bibliya sa Mateo 15:24 na si Hesus ay nagsabi: "...hindi ako isinugo kundi sa mga tupang nangaligaw sa bahay ni Israel."

"Katotohanang Sila ay naging kafir (kawalan ng paniniwala) yaong mga nagsasabi na katotohanan si Allah ﷻ ay si Kristo (Hesus) [27] ﷺ na anak ni Birheng Maria." Subalit sinabi ni Hesus ﷺ , "O Angkan ng Israel! Sambahin ang Allah ﷻ [28], aking Panginoon at inyong Panginoon[29]."Sinuman ang kumuha ng ibang diyos bilang katambal ng Allah ﷻ, ipagbabawal ng Allah ﷻ para sa kanya ang Paraiso, at sa Impiyerno siya maninirahan. At para sa mga Zalimun (mga politista at mga gumagawa ng mga kamalian o kasamaan) ay walang makakatulong sa kanila." (Al-Maidah 5:72)

**ANG GOSPEL O EBANGHELYO:** الإنجيل

قال تعالى: ﴿ وَقَفَّيْنَا عَلَىٰ ءَاثَٰرِهِم بِعِيسَى ٱبْنِ مَرْيَمَ مُصَدِّقًا لِّمَا بَيْنَ يَدَيْهِ مِنَ ٱلتَّوْرَىٰةِ وَءَاتَيْنَٰهُ ٱلْإِنجِيلَ فِيهِ هُدًى وَنُورٌ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"At mula sa kanilang mga bakas ay Aming ipinadala si Hesus ﷺ, ang anak ni Birheng Maria, nagpapatotoo sa Batas na nauna sa kanya. Aming ipinadala sa kanya ﷺ ang Ebanghelyo (Gospel) na naglalaman ng Patnubay at Liwanag." (Al-Maidah 5:46)

---

[27] Mababasa natin sa Bibliya na si Hesus ay tunay na Sugo ng Allah (swt) sa Lucas 24:19 "ang mga bagay tungkol kay Hesus na Nasareno, na isang PROPETA makapangyarihan sa gawa at salita sa harap ng Diyos at ng buong bayan."

Hebreo 3:1 "...inyong isipin ang Apostol (Propeta) at Dakilang Saserdote na ating kinikilala si Hesus."

[28]. (Bibliya) Sa Mateo 4:10 "Sambahin ang inyong Panginoong Diyos, at Siya lamang ang paglingkuran."

[29]. (Bibliya) Markus 12:29 "Pakinggan O (Angkan ng) Israel: ang Panginoon nating Diyos ay Iisang Panginoon."

ANG PANINIWALA SA PAGKAKAPAKO SA KRUS. الإعتقاد بالصلب

قال تعالى: ﴿ وَقَوْلِهِمْ إِنَّا قَتَلْنَا الْمَسِيحَ عِيسَى ابْنَ مَرْيَمَ رَسُولَ اللَّهِ وَمَا قَتَلُوهُ وَمَا صَلَبُوهُ وَلَـٰكِن شُبِّهَ لَهُمْ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"At kanilang sinabi (na may kayabangan), "Napatay namin si Kristo Hesus ﷺ ang anak ni Birheng Maria, Ang Sugo ng Allah." Subalit hindi nila napatay o di kaya ay naipako sa krus...." (Al-Nisa 4:157)

PANINIWALA SA PAG-AKYAT SA LANGIT: الإعتقاد برفعه إلى السماء

قال تعالى: ﴿ بَل رَّفَعَهُ اللَّهُ إِلَيْهِ، وَكَانَ اللَّهُ عَزِيزًا حَكِيمًا ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Subalit siya (si Hesus ﷺ) ay itinaas (na may katawan at kaluluwa) ng Allah ﷻ sa Kanyang Kinaroroonan [30]. Ang Allah ﷻ ang Lubos na Makapangyarihan at Lubos na Maalam." (Al-Nisa 4:158)

---

[30]. Si Hesus ﷺ ay sa paniniwala ng mga eskolar ng Teolohiyang Islamiko, siya ay nasa pangalawang palapag ng Langit.

## ● *Ang Shariah Sa Islam:*

**☒ "SINASABI NILA (ANG MGA HINDI NAKAKAALAM SA TUNAY NA KATURUAN NG SHARIAH) NA ANG SHARIAH ISLAMIAH DAW AY BRUTAL, MALUPIT, HINDI MAKATAO AT MGA IBA PANG HAKA-HAKA NA SALUNGAT SA TURO AT LAYUNIN NG SHARIAH ISLAMIAH."**

Ang mga paratang na ito ay hindi tama. Dahil sa kakulangan ng kanilang kaalaman sa Islam ay nagkakaroon sila ng maling haka-haka at maling pananaw tungkol sa Shariah. Ang katotohanan ay ito;

☑ Ang katagang Shariah ay salitang Arabo at galing sa salitang ugat na SHARI', na ang kahulugan ay Daan.

Ang literal na kahulugan ay "Maaliwalas na Landas, at panuntunan ng buong pamumuhay na itinadhana ng Allah ﷻ sa Islam [31]." Ito ang Batas na pangkalahatan at walang-hanggan.

Ang tao ay nilikha ng Allah ﷻ sa pinakamataas na antas. Ito ay dahil sa ipinagkaloob sa kanila ng Allah ﷻ ang kaalaman, kakayahang mag-isip, lumakad dahil may paa, gumawa ng mga bagay dahil may kamay at kakayahang makiramdam, tumingin, makalasa, magmahal at iba pang mga kakayahang hindi lahat ipinagkaloob ng Allah ﷻ sa iba niyang mga nilikha. Kasama sa mga layunin dito ay upang mamuhay ang tao sa pinakatama, pinakamahusay, at pinaka-mapayapang pamumuhay sa daigdig. Matatagpuan natin sa daigdig ang mga kalikasan, hayop at mga tao. Ang lahat ng ito ay para sa tao at kakailanganin nila lalung-lalo na ang kanyang kapwa tao upang magkaroon ng magandang ugnayan,

---

[31]. Shari'ah Ang Daan sa Diyos ni Khurram Murad, pahina 3

pagmamahalan at pagtutulungan para maitatag nila ang maganda at matagumpay na pamumuhay sa tamang pamamaraan. Subalit kung ang mga kapangyarihan at kakayahan na ito ay gagamitin sa mali at hindi wastong pamamaraan ay tiyak na makapagdudulot ng napakabigat na suliranin at pinsala. Ang tao kung titingnan natin ay nahahati sa dalawa. Una, ay ang mga taong sadyang inaabuso nila ang paggamit sa hindi tamang pamamaraan sa kakayahan at kapangyarihang ipinagkaloob sa kanila ng Allah ﷻ. Ito ay umaaksaya sa mga yaman ng kalikasan, naninira sa mga magagandang layunin at nakapagdudulot ng mga pananakit sa kapwa. Sila ang mga taong masasama at demonyo kaya nararapat sa kanila ang mabigyan ng sapat na hatol at parusa. Pangalawa, ay ang mga taong tapat, dalisay ang puso at masigasig subalit malimit magkamali dahil sa kakulangan ng kaalaman. Nararapat sa taong ito na maturuan ng sapat na kaalaman at bigyan ng gabay at patnubay sa tamang landas. Upang mapakinabangan nila, ang kanilang kakayahan at kapangyarihan sa tamang pamamaraan.

Ang Shariah ay tumatakda sa Batas ng Diyos at nagbibigay ng patnubay para sa ganap na panuntunan ng buhay para sa kapakanan ng tao. Dahil ang Shariah ay may malawak na sakop at ito ay sumasaklaw sa buong pamumuhay ng mga Muslim at di-Muslim upang maitatag nila ang malusog at mapayapang pamayanan. Ang batas ng Shariah ay nagbibigay proteksiyon sa mga mahihina at naaapi, at ito ay walang kinikilingan maliban sa mga makatarungan. Halimbawa, hindi lahat ng pumatay, bilang hatol ay papatayin din. Ito ay lilitisin muna ng batas ng Shariah at aalamin ang dahilan kung bakit naganap ang krimen. Ito ba ay sadya, aksidenteng di-sinasadya o di kaya ay pagtatanggol sa sarili? Kung ito ay sinadya, tiyak na ang hatol ay kamatayan dahil ang pumatay ay mahigpit na ipinagbabawal ng Allah ﷻ.

قال تعالى: مِنْ أَجْلِ ذَٰلِكَ كَتَبْنَا عَلَىٰ بَنِي إِسْرَآءِيلَ أَنَّهُ مَنْ قَتَلَ نَفْسًا بِغَيْرِ نَفْسٍ أَوْ فَسَادٍ فِي الْأَرْضِ فَكَأَنَّمَا قَتَلَ النَّاسَ جَمِيعًا وَمَنْ أَحْيَاهَا فَكَأَنَّمَا أَحْيَا النَّاسَ جَمِيعًا.

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Dahil doon, Aming ipinag-utos sa Angkan ng Israel, ang sinuman ang pumatay (dahil sa paghihiganti) o di kaya ay upang magpalaganap ng mga kasamaan sa lupa ay parang kanyang pinatay ang buong sangkatauhan. At kung mayroon man ang magligtas ng buhay ay parang iniligtas niya ang buhay ng buong sangkatauhan. " (Al-Maidah 5:32)

قال تعالى: ﴿ يَـٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ كُتِبَ عَلَيْكُمُ ٱلْقِصَاصُ فِى ٱلْقَتْلَى ٱلْحُرُّ بِٱلْحُرِّ وَٱلْعَبْدُ بِٱلْعَبْدِ وَٱلْأُنثَىٰ بِٱلْأُنثَىٰ، فَمَنْ عُفِىَ لَهُۥ مِنْ أَخِيهِ شَىْءٌ فَٱتِّبَاعٌۢ بِٱلْمَعْرُوفِ وَأَدَآءٌ إِلَيْهِ بِإِحْسَـٰنٍ، ذَٰلِكَ تَخْفِيفٌ مِّن رَّبِّكُمْ وَرَحْمَةٌ فَمَنِ ٱعْتَدَىٰ بَعْدَ ذَٰلِكَ فَلَهُۥ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"O kayong mga naniniwala! Al-Qisas (Ang Batas para sa Pagkakapantay-pantay sa Pagbibigay ng Parusa) ay itinakda sa inyo saka-sakaling may magaganap na sinadyang pagpatay (sa tao): ang malaya para sa malaya, ang alipin para sa alipin at ang babae para sa babae. Subalit kung ang pumatay ay pinatawad ng kapatid (o mga kamag-anak) ng napatay nang dahil sa sapat na halaga (salapi) bilang kabayaran at kalutasan sa kaso (blood-money), at naging makatarungan sa pagbabayad sa mga tagapagmana (ng namatay) sa pamamaraang pinakamakatarungan, ito ay pagpapagaan at habag mula sa inyong Panginoon. At pagkatapos nito, sinuman ang lumabag sa kasunduan (halimbawa, pinatay na rin ang nakapatay pagkatapos niyang mabayaran ang obligasyon (blood-money) sa mga tagapagmana), siya (ang suwail) ay nararapat na bigyan ng napakasakit na parusa." (Al-Baqarah 2:178)

قال تعالى: وَلَكُمْ فِى ٱلْقِصَاصِ حَيَوٰةٌ يَـٰٓأُو۟لِى ٱلْأَلْبَـٰبِ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"At may (pagliligtas sa) buhay para sa inyo ang Al Qisas (Ang Batas sa Pagkakapantay-pantay sa pagbibigay ng Parusa), O kayong mga maunawain, upang kayo ay maging Al-Muttaqoon (matakutin)." (Al-Baqarah 2:179)

## Apat Na Uri Ng Karapatan At Tungkulin Sa Bawat Tao. [32]

1. Ang karapatan ng Diyos sa bawat tao at tungkulin nilang magampanan ito.

قال تعالى : ﴿ ذَالِكُمُ اللَّهُ رَبُّكُمْ لَآ إِلَـٰهَ إِلَّا هُوَ خَـٰلِقُ كُلِّ شَيْءٍ فَاعْبُدُوهُ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Siya ang Diyos, ang tangi mong Panginoon; wala nang ibang Diyos maliban sa Kanya, ang Lumikha ng lahat ng bagay. Sa Kanya kayo lamang sumamba." (Al-An'am 6:102)

2. Ang karapatan ng tao sa kanyang sarili.
3. Ang karapatan ng ibang tao sa kanya.
4. Ang karapatan ng mga ibang nilikha katulad ng mga hayop, halaman, ang kalikasan at iba pa. Ganoon din ang mga karapatan ng mga kapangyarihan at kakayahang ipinagkaloob sa atin ng Diyos upang tayo ay mapagsilbihan nila na gamitin ito sa maganda at sa kapakanan ng ating sarili.

## Mga Batayan Ng Shariah [33]

1. Ang Banal na Kor'an.
2. Ang mga Hadeeth o Sunnah ng Propeta.
3. Ang Ijma' (Nagkakaisang opinion) ng mga pantas.
4. Ijtihad (Mga katuwiran at pagpapasiya)

"Ang pangatlo at pang-apat na Batayan ay kinakailangang magmumula sa mga opinion ng mga pangunahing paaralan ng batas pang-Muslim kagaya ng Hanafi, Maliki, Shafi'e at Hambali o sa mga karapat- dapat na mga pantas sa Teolohiyang Islamiko."

---

32. Tungo sa Pang-unawa sa Islam, Abul A'la Mawdudi, pahina 102

33. Shari'ah Ang Daan sa Diyos ni Khurram Murad pahina 8

Ang Batas ng Shariah Islamiah ay isang banal na kautusan. Ito ay galing sa Dakilang Tagapaglikha. Ito ay nangangahulugan na hindi maaring baguhin ng tao ang mga nakatala sa banal na Qur'an na siyang ugat ng Batas ng Shariah. Ito rin ay maliwanag na nagsasaad ng pagkapantay-pantay ng tao sa paningin ng Allah dahil walang kinikilala ang Shariah sa pagtupad sa tungkulin sa pagitan ng Hari at alipin, mayaman at mahirap, maputi sa maitim. Ito ay hindi maaring ihambing sa batas na gawa ng tao dahil ito ay hindi sagrado. Ang batas ng tao ay hindi matatag bagkus malimit mabago at magkamali. Kung minsan ang batas ng tao ay para sa mga mahihina at mahihirap lamang. Ilan ba ang mga kriminal na sadyang pumatay o nanggahasa na wala sa kulungan? At bagkus ay ang mga biktima pa ang sinisisi at idinidiin? O di kaya ay sanhi ng panliligalig sa kanila, sila ay tumatahimik na lamang lalo na kapag ang biktima ay mahirap, mangmang at mahina. Marami ang mga pangyayaring naganap na ang pagkakapantay-pantay ng karapatan sa batas ng tao ay nababaliwala minsan at hindi nabibigyan ng pansin lalo na kapag ang may kagagawan (suspek) ay may kaya sa buhay o may kapangyarihan sa pamahalaan.

قال تعالى: ﴿ شَرَعَ لَكُم مِّنَ الدِّينِ مَا وَصَّىٰ بِهِ نُوحًا وَالَّذِي أَوْحَيْنَا إِلَيْكَ وَمَا وَصَّيْنَا بِهِ
إِبْرَاهِيمَ وَمُوسَىٰ وَعِيسَىٰ أَنْ أَقِيمُوا الدِّينَ وَلَا تَتَفَرَّقُوا فِيهِ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"At ang Daan ay isinagawa Niya at ipinagkaloob kay Noe (AS) at sa mga ipinahayag Namin sa iyo, at sa mga ipinagkaloob Niya kay Abraham (AS), Moises (AS) at Hesus (AS). Panghawakan ninyo nang taimtim ang Daan at huwag magkaroon ng hidwaan." (Al-Shura 42:13)

قال تعالى: ﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا أَطِيعُوا اللَّهَ وَأَطِيعُوا الرَّسُولَ وَأُولِي الْأَمْرِ مِنكُمْ،
فَإِن تَنَازَعْتُمْ فِي شَيْءٍ فَرُدُّوهُ إِلَى اللَّهِ وَالرَّسُولِ إِن كُنتُمْ تُؤْمِنُونَ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ
الْآخِرِ، ذَٰلِكَ خَيْرٌ وَأَحْسَنُ تَأْوِيلًا ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"O! kayong mga naniniwala! Sundin ninyo ang Allah ﷻ at sundin ninyo ang Kanyang Sugo at ang mga namumuno sa inyo. At kung kayo man ay mayroong hindi pagkakaunawaan. Isangguni sa Allah ﷻ (Kor'an) at sa Kanyang Sugo ﷺ ( Sunnah) , kung kayo ay may paniniwala sa Allah ﷻ at sa Huling Araw. Iyan ang mabuti at magandang pasiya." (An-Nisa 4:59)

## ❸ *Ang Jihad Sa Islam*

☒ "KANILANG SINASABI (MGA HINDI-MUSLIM) NA ANG JIHAD DAW AY SANDATANG GINAGAMIT NG MGA MUSLIM SA KANILANG LAYUNIN UPANG MAPALAWAK ANG PAMAMAHAYAG SA RELIHIYONG ISLAM. ITO RIN DAW AY MALIMIT GAMITIN SA MGA PANG-AAPI AT TERORISMO."

Ang mga haka-haka na ito ay hindi totoo at ang katotohanan tungkol sa Jihad sa Islam ay ang mga sumusunod:

☑ Ang kahulugan ng **Jihad** ay pagsusumikap o pagpupunyagi. Sa teknikal na kahulugan ay ang pagpapakahirap o pagsusumikap na nangangailangan ng lakas upang masugpo o masupil ang lakas ng kaaway sa pamamagitan ng salita o ng gawa[34]. Ito rin ay nangangahulugan ng pagsasagawa ng pakikipaglaban sa tamang layunin na naaayon sa kagustuhan ng Allah ﷻ upang ***maipagtanggol ang Islam.*** Mula sa mga talata sa Banal na Kor'an, makikita natin ang paggamit sa katagang Jihad na ginagamit ito sa ibat-ibang pamamaraan.

قال تعالى: ﴿ وَالَّذِينَ جَٰهَدُوا فِينَا لَنَهْدِيَنَّهُمْ سُبُلَنَا، وَإِنَّ اللَّهَ لَمَعَ الْمُحْسِنِينَ﴾

[34]. Mishkat ul Masabih, pangalawang aklat, kabanata XXIII pahina 339

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Silang **nagpakahirap** sa atin (sa ating Layunin) tiyak papatnubayan namin sila sa Aming landas. Katotohanan ang Allah ﷻ ay kasama ang mga gumagawa ng kabutihan." (Al-Ankabut 29:69)

قال تعالى: ﴿ وَمَنْ جَـٰهَدَ فَإِنَّمَا يُجَـٰهِدُ لِنَفْسِهِ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Sinuman ang **magsumikap** ay nagsusumikap para sa **kanyang sarili.**" (Al-Ankabut :6)

قال تعالى: ﴿ وَجَـٰهِدُوا فِي اللَّهِ حَقَّ جِهَادِهِ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"**Magsumikap (o magpakahirap)** para sa Allah ﷻ na ang iyong pagsusumikap ay para sa Kanya lamang." (Al-Hajj 22:78)

Mapapansin natin ang katagang Jihad ay hindi lamang ginagamit sa pakikipagdigmaan, kundi ito ay ginagamit na rin sa ibat ibang pangkaraniwang pamamaraan.

Ang layunin ng Jihad ay **pagtatanggol sa sarili**. Ito ay batas pangkalikasan na tumatalakay sa malawak na paksa hindi lamang sa tao kundi pati sa mga hayop, kagubatan at iba pang mga nilikha ng Allah ﷻ. Bagamat kasama sa kautusan ang pagpapalaganap ng Islam sa lahat ng kinauukulan ay hindi nangangahulugan na ito ay kailangang gamitan ng lakas o puwersa. Sa Islam ay mahigpit na ipinagbabawal ng Allah ﷻ sa mga Muslim na ipagsapilitan ang Kanyang relihiyon. Bagkus Kanyang ipinag-utos ang pagpapalaganap nito sa isang malumanay at maayos na pamamaraan sa kaalaman at katuruan.

قال تعالى: ﴿ لَآ إِكْرَاهَ فِى الدِّينِ قَدْ تَّبَيَّنَ الرُّشْدُ مِنَ الْغَىِّ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Walang sapilitan sa pananampalataya. Katotohanan, ang tunay na landas ay maliwanag (at kaiba) kaysa sa maling landas." (Al-Baqarah 2:256)

قال تعالى: ﴿ ادْعُ إِلَى سَبِيْلِ رَبِّكَ بِالْحِكْمَةِ وَالْمَوْعِظَةِ الْحَسَنَةِ وَجَـٰدِلْهُمْ بِالَّتِي هِيَ أَحْسَنُ ، إِنَّ رَبَّكَ هُوَ أَعْلَمُ بِمَنْ ضَلَّ عَنْ سَبِيْلِهِ وَهُوَ أَعْلَمُ بِالْمُهْتَدِيْنَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"Anyayahan mo ﷺ sila sa landas ng iyong Panginoon ﷻ na may talino at mabuting pakikipag-usap, at makipagtalastasan sa kanila sa isang paraan na mainam. Katotohanan, ang iyong Panginoon ang nakababatid kung sino ang naliligaw mula sa kanyang landas at nababatid Niya kung sino ang nasa tamang landas." (Nahl 16:125)

قال تعالى: ﴿ أُذِنَ لِلَّذِيْنَ يُقَـٰتَلُوْنَ بِأَنَّهُمْ ظُلِمُوا، وَإِنَّ اللَّهَ عَلَى نَصْرِهِمْ لَقَدِيْرٌ، الَّذِيْنَ أُخْرِجُوا مِنْ دِيَـٰرِهِمْ بِغَيْرِ حَقٍّ إِلاَّ أَنْ يَقُوْلُوْا رَبُّنَا اللَّهُ وَلَوْلاَ دَفْعُ اللَّهِ النَّاسَ بَعْضَهُمْ بِبَعْضٍ لَهُدِّمَتْ صَوَامِعُ وَبِيَعٌ وَصَلَوَٰتٌ وَمَسَـٰجِدُ يُذْكَرُ فِيْهَا اسْمُ اللَّهِ كَثِيْرًا وَلَيَنْصُرَنَّ اللَّهُ مَنْ يَنْصُرُهُ ، إِنَّ اللَّهَ لَقَوِيٌّ عَزِيْزٌ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Pinahihintulutang lumaban (sa mga hindi mananampalataya) yaong (mga mananampalataya na) kinakalaban, dahil sila ay inaapi. At tiyak tutulongan sila ng Allah ﷻ (ang mga mana-nampalataya) upang magtagumpay. At silang pinalayas mula sa kanilang mga tahanan na walang sapat na dahilan (katarungan) maliban sa sila ay nagsasabi, "Ang aming Panginoon ay ang Allah ﷻ." At kung hindi dahil sa Allah ﷻ na nagbawal (sa mga iba sa mga taong hindi makatarungang pinalayas), ang mga monasteryo, simbahan, templo, mosque kung saan malimit binabanggit ang pangalan ng Allah ﷻ ay tiyak na gigibain nila. Katotohanan, tutulungan ng Allah ﷻ yaong mga tumutulong (para sa Kanya). Katotohanan, ang Allah ﷻ ang Malakas at Matatag." (Al-Hajj 22:39-40)

قال تعالى: ﴿ وَقَـٰتِلُوا فِي سَبِيْلِ اللَّهِ الَّذِيْنَ يُقَـٰتِلُوْنَكُمْ وَلاَ تَعْتَدُوا، إِنَّ اللَّهَ لاَيُحِبُّ الْمُعْتَدِيْنَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"At lumaban (pumatay) sa landas ng Allah ﷻ laban sa mga nang-aaway (pumapatay)sa inyo. Subalit huwag lumabag sa mga limitasyon o itinakda. Katotohanan, ayaw ng Allah ﷻ ang mga lumalabag (sa mga itinakda). (Al Baqarah 2:190)

Mula sa talatang ito, ay maliwanag na ang kautusan ng Dakilang Allah ﷻ ay pagtatanggol sa sarili at sumunod sa mga itinakdang limitasyon sa pakikipaglaban sa kaaway. Ang mga limitasyon ay bawal pumatay ng babae, bata at matanda.

Ang pakikipaglaban ay para doon sa mga mang-aapi na gumagawa ng gulo sa daigdig at naninira sa mga Bahay ng Diyos. Mahigpit na ipinagbabawal ng Islam ang mang-away sa mga taong hindi nang-aaway sa iyo lalung-lalo na kung sila ay may kasunduan sa inyo upang magbayad ng Jizya sa pamahalaan ng Muslim at makipagtulungan sa panahon ng labanan.

وقال تعالى: ﴿ إِلاَّ الَّذِينَ عَـٰهَدتُّم مِّنَ الْمُشْرِكِينَ ثُمَّ لَمْ يَنقُصُوكُمْ شَيْئاً وَلَمْ يُظَـٰهِرُوا عَلَيْكُمْ أَحَدًا فَأَتِمُّوا إِلَيْهِمْ عَهْدَهُمْ إِلَى مُدَّتِهِمْ، إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ الْمُتَّقِينَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"(makipaglaban laban sa mga mang-aapi) Maliban sa mga Mushrikun (Politista o mga idolatriya) na may kasunduan sa inyo, at hindi sila naging pabaya sa pagtupad sa kasunduan o di kaya ay tumulong sa inyong mga kalaban. Kaya tuparin ang inyong kasunduan hanggang sa matapos ang taning (ng kasunduan) . Katotohanan, minamahal ng Allah ﷻ ang mga Muttaqoon (matakutin)." (Al-Tawbah 9:48)

قال تعالى: ﴿ وَإِنْ أَحَدٌ مِّنَ الْمُشْرِكِينَ اسْتَجَارَكَ فَأَجِرْهُ حَتَّى يَسْمَعَ كَلَـٰمَ اللَّهِ ثُمَّ أَبْلِغْهُ مَأْمَنَهُ، ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ قَوْمٌ لاَّ يَعْلَمُونَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"At kung may isa man sa mga Mushrikun (Politista o Idolatriya) ang humihingi sa iyo ng pangangalaga ay tangkilikin mo upang sa gayon ay marinig niya ang Salita ng Allah (ang Qur'an) at samahan mo (o tulungan) siya hanggang sa

makarating sa pook na siya ay ligtas. Iyon ay dahil sa sila ay mga taong walang alam." (Al-Tawbah 9:6)

قال تعالى: ﴿ لاَ يَنْهَاكُمُ اللَّهُ عَنِ الَّذِينَ لَمْ يُقَاتِلُوكُمْ فِي الدِّينِ وَلَمْ يُخْرِجُوكُمْ مِّن دِيَـٰرِكُمْ أَن تَبَرُّوهُمْ وَتُقْسِطُوا إِلَيْهِمْ ، إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ الْمُقْسِطِينَ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Kayo ay hindi pinagbawalan ng Allah ﷻ na makipag-ugnayan nang makatarungan at magiliw sa mga taong hindi nakikipaglaban sa inyo nang dahil sa relihiyon o di kaya ay pinalalayas kayo sa inyong mga tahanan. Katotohanan, minamahal ng Allah yaong mga nakikipag-ugnayan na may kasamang pagka-makatarungan. (Al-Mumtahina 60:8)

## MGA KAHALAGAHAN NG JIHAD:

Ang Jihad ay isa sa mga gawaing matataas ang gantimpala sa paningin ng Islam at pinakamabuting pamamaraan na mapagka-kakitaan. Subalit ito ay dapat na maisagawa na may kasamang layunin upang ipagtanggol ang sarili katulad ng mga nabanggit natin sa itaas. Kung ang Jihad ng tao ay hindi umaangkop ayon sa layunin ng Jihad, ang lahat ng kahalagahan ng kanyang pagsusumikap ay mawawalan ng silbi.

Mula sa salaysay ni Mu'az ﷺ na sinabi ng Sugo ﷺ ng Allah ﷻ: "Ang pakikipaglaban ay may dalawang uri. Tungkol naman sa (pakikipaglaban ng) isa na ang hangarin ay para sa Kagustuhan ng Allah ﷻ, masunurin sa kanyang pinuno, kanyang ginugugol ang pinakamaganda sa kanyang mga ari-arian, madaling makipag-usap sa kanyang kasosyo at umiiwas sa mga pagtatalu-talo, ang lahat ng kanyang mga pagtulog at paggising ay bibigyan ng gantimpala.Tungkol naman sa mga nakikipaglaban upang magpakabayani, nagpaparangya at nagpapakitang-tao lamang at hindi sumusunod sa kanyang pinuno at nagkakalat ng pagtatalu-talo, sigalot o

pagaaway-away sa mundo, tiyak na siya ay babalik na walang-wala." [35]

Marami ang mga hadith ng Propeta ﷺ na nagsasalaysay tungkol sa mga kabutihan at kahalagahan ng Jihad, katulad halimbawa sa kanyang ﷺ sinabi: "Ang Jihad ay pinakamabuti sa mga gawain ng Muslim [36]," "Hindi susunugin ng Apoy ang paa na ginamit sa landas ng Allah ﷻ [37], Ang lahat ng kasalanan ng isang martir ay patatawarin ng Allah ﷻ maliban sa kanyang mga utang [38], Ang pintuan ng Paraiso ay nasa ilalim ng anino ng Espada [39], Ang isang sentimong magamit sa landas ng Allah ay magkakamit ng napakaraming pagpapala [40]. Dahil sa mga matataas at malalaking gantimpala na matatamo ng isang martir, ay minsan pinangarap ng mahal na Propeta ﷺ na sana, siya ay mamatay ng ilang beses sa larangan ng Jihad.

## Ang Esperituwal na Jihad.

Sinabi ng Mahal na Propeta ﷺ; "Ang pinakadakilang Jihad ay ang pakikipaglalaban sa sariling silakbo o simbuyo ng damdamin na salungat sa kagustuhan ng Allah ﷻ ". Ang sariling silakbo o simbuyo ng damdamin ay ang mga kaaway ng ating kaluluwa na sumisira sa ating panloob na diwa at katangian bilang tao. Ang pag-aagawan ng masamang puwersa sa mabuting puwersa ay ang tinatawag na pinakadakilang pakikipaglaban. Mayroong dalawang likas na

---

[35]. Malek, Abu Daud at Nisai pahina 361 Kabanata XXIII Mishkat

[36] Muslim

[37] Bukhari

[38] Muslim

[39] Muslim

[40] Tirmidhi, Nisai

hilig ang tao, ito ang makahayop at maka-anghel. Ang tao ay tinaguriang dakilang hayop. Kaya kung minsan, siya ay may likas na hilig panghayop at ang iba niyang gawain ay kasintulad sa gawain ng mga ibang hayop. Mayroon din siyang kaluluwa, na galing sa Allah ﷻ. Kaya mayroon din siyang likas na hilig upang gumawa ng kabutihan. Ang pagsusumikap ng kaluluwa upang manaig sa likas na ito ay tinatawag na pakikipaglabang espirituwal.

Maliwanag mula sa talakayan nating ito na ang Jihad ay isang pagtatanggol lamang sa sarili at sa relihiyon at hindi maaring gamitin ito sa anumang uri ng pang-aapi.

## ❶ *Ang Poligamiya Sa Islam*

☒ KANILANG SINASABI (MGA HINDI-MUSLIM) NA ANG POLIGAMIYA AY LABAG SA KAUTUSAN NG DIYOS AT PAMAMARAANG NAKAKASIRA SA KATAYUANG PAMPAMILYA AT SA MAMAMAYAN PANGKALAHATAN.

Ang mga haka-hakang ito ay mali. Ang katotohanan ay ang mga sumusunod na talakayan.

☑ Ang sistemang Poligamiya ay mula pa sa panahon ng mga naunang henerasyon[41], ang poligamiya ay nangyayari sa katayuang walang limitasyon ang bilang ng pag-aasawa. Kung babasahin natin ang mga kasaysayan ng mga naunang henerasyon katulad sa kasaysayan ng mga Babylonians, Assyrians, Persians at Israelites ay kasama sa kanilang mga kaugalian ang pag-aasawa ng marami o higit sa isa. Ang Talmud ng Jerusalem ay gumawa ng panukalang nagbibigay konsiderasyon sa pag-aasawa ayon sa kakayahan ng lalaki na matustusan ang kanyang mga asawa. Kasama sa mga

[41]. Mishkat ul Masabih, pangalawang aklat, kabanata XXIII pahina 339

kaugalian ng mga Athenians, (ang pinakamaalam at sibilisado na bansa sa mga naunang panahon): ang asawa ay maaaring gamitin bilang biyenes-muebles (garantor o taga-panagot), nabibili, at naililipat o naisasalin at malimit mapasailalim ng testamento o huling-habilin ang pagmamay-ari sa kanya. Samakatuwid, sa mga naunang panahon, ang ganitong uri ng pag-aasawa ng maramihan ay karaniwan sa mga maharlika, pari at mga ministro. Ang mga Propetang si Moises, Abraham, David, Solomon ﷺ at ang iba pang mga Propeta ay nag-aasawa nang higit sa isa.[42]

Ang Islam ay walang ginawa kundi bigyan ng limitasyon ang poligamiya. Bagamat Monogamia ang nasa batas ng Islam ay binibigyan din ng pansin ang kahalagahan ng poligamia bilang katangi-tangi at kataliwasang pangyayari. Ito ay ipinaliwanag ng Allah ﷻ sa Banal na Qur'an sa Kabanata 4 talata 3:

قال تعالى: ﴿ فَانكِحُوا مَا طَابَ لَكُم مِّنَ النِّسَاءِ مَثْنَىٰ وَثُلَاثَ وَرُبَاعَ فَإِنْ خِفْتُمْ أَلَّا تَعْدِلُوا فَوَاحِدَةً أَوْ مَا مَلَكَتْ أَيْمَانُكُمْ ذَٰلِكَ أَدْنَىٰ أَلَّا تَعُولُوا ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"At mag-asawa sa mga (ibang) babae mula sa inyong kagustuhan, dalawa, tatlo, o apat; subalit kung ikaw ay natatakot na baka ***hindi mo (sila) mabigyan ng katarungan ay*** (mas mabuti sa iyo ang) ***iisa*** o di kaya ay (mag-asawa) sa (mga) babaing nasa inyong pangangalaga o obligasyon (alipin). Iyan ang pinakamalapit na makapagliligtas sa iyo sa paggawa ng hindi makatarungan."
(Al-Nisa 4:3)

Kung pag-iisipan natin ang talatang ito ay makikita natin na ang Allah ﷻ ang nagbigay ng limitasyon na hanggang sa apat na asawa lamang at ang kondisyon ay kailangang

---

42. Poligamia sa Batas ng Islam ni Dr. Jamal A. Badawi, pahina 2

mabigyan silang lahat ng pagkakapantay-pantay na katarungan, at kung ito ay hindi kayang isakatuparan, ang rekomendasyon ng Allah ﷻ ay mabuti para sa iisang asawa lamang (Monogamia).

قال تعالى: ﴿ وَلَنْ تَسْتَطِيعُوا أَنْ تَعْدِلُوا بَيْنَ النِّسَاءِ وَلَوْ حَرَصْتُمْ، فَلاَ تَمِيلُوا كُلَّ الْمَيْلِ فَتَذَرُوهَا كَالْمُعَلَّقَةِ ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Kailanman ay hindi mo magagawa na mabigyan ang mga asawa mo nang ganap na katarungan kahit na ito ay marubdob mong minimithi. Kaya huwag masyadong kumiling sa isa sa kanila (na pagkaloob an ninyo sila ng mas-maraming oras at panustos) at pabayaang umaasa ang iba." (Al-Nisa 4:129)

Mula sa dalawang talata na ito, ay maliwanag na ang katuruan ng Islam ay para sa iisang asawa subalit patuloy pa rin na kanyang pinaglalaanan at pinag-iingatan ang mga pangyayaring biglaan upang mabigyan ito ng sapat na kasagutan.

Ang sistemang pag-aasawa ng iisang lalaki para sa iisang babae ay kamakailan lamang naisabatas, (sa mga bansang hindi Muslim). Sa dahilang marami ang bilang ng kanilang mga kalalakihan kung kaya ang pamahalaan ng kanilang bansa at ng simbahan ay nagkaisa na suportahan ang panukalang ito at maisagawa sa mga bansang kinauukulan. Subalit sa mga bansang kakaunti ang bilang ng mga lalaki, ay pinapayagan sila ng simbahan at ng pamahalaang mag-poligamia upang sila ay dumami katulad halimbawa sa mga ibang parte ng Afrika na kulang ang bilang ng mga kalalakihan.

Ang mga lalaki ay hindi katulad ng mga babae sa maraming dahilan. Karamihan sa mga lalaki ay namamatay nang maaga. Ang iba ay normal at ang iba ay namamatay sa maraming dahilan. Maaring sa sadyang pagkapatay, naaksidente, sa sakit, o di kaya ay naipadala sa digmaan at marami pang ibang kadahilanan. Ang mga ulila at ang mga

biyuda, paano natin silang matutulungan upang magkaroon ng normal na pamumuhay? Sila ba ay hahayaan nating mamuhay na walang alam sa tamang direksiyon? Sila ay tao ring katulad natin. Ang pagbibigay konsiderasyon sa poligamia sa Islam ay walang ibang hangarin kundi upang tumulong at mag-alay sa kapwa. Katulad halimbawa noong kapanahunan ng digmaan sa Europa. Ganoon din sa kapanahunan ng Propeta Muhammad ﷺ noong magkaroon ng napakalaking sagupaan sa pagitan ng mga pagano at Muslim sa bundok ng Uhud na kung saan marami ang namatay na mga kalalakihan sa digmaang ito. Marami ang mga kababaihang bata pa at ang iba ay mayroon pang mga anak na binubuhay dahil maagang nabiyuda. Sila ay mga taong normal na may isip at damdamin. Paano natin sila masasagip mula sa landas na walang patutunguhan at kadiliman at mabigyan ng liwanag ang direksiyon ng kanilang buhay? Ipagpalagay natin na ikaw (ay babae) o di kaya ay ang kapatid mong babae ay isa sa kanila, ano kaya ang maiisip mo at mararamdaman? Kaya ikaw o kayo na ang humusga kung alin ang tama.

Pinaghandaan ng Islam ang mga pangyayaring ito na may kasamang pagkahabag at pakikiramay upang masagip at mailigtas ang dangal at puri ng mga kababaihan. Sa pamamagitan ng limitadong poligamia ay mailalayo natin ang mga kababaihan sa posibleng ① prostitusyon, ② pagiging kabit ③at pagdami ng mga hindi lihitimong anak.

Sa pamamagitan din ng limitadong poligamia ay mailalayo tayo sa posibleng paggawa ng mga pagkakasala at krimen. Katulad halimbawa kung ang babae ay baog o di kaya ay may sakit na hindi maaring masipingan ng asawa, o di kaya ay hindi kayang pagsilbihan o paglingkuran ang kanyang asawa dahil siya ay masakitin. Alin sa dalawa ang mas mabuti; siya ay hiwalayan o payagan ang asawa na makapag-asawa ng iba upang siya ay may katulong sa pag-aalaga at pag-aaruga sa kanyang asawa at posibleng mabigyan pa ito ng anak? o di kaya ay mayroong hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mag-asawa na imposibleng mabigyan ng kalunasan? Ano kaya ang posibleng mangyayari kung sila ayon sa batas ng tao, ay hindi

maaring magkaroon ng diborsyo subalit sila ay pinayagang maghiwalay (sa higaan)? Mula sa ating mga nasaksihan sa mga nakaraang karanasan ay tiyak na hindi imposibleng marami ang mga pangyayaring nagaganap na hindi mabuti at hindi kanais-nais sa paningin ng Diyos at sa paningin ng tao sanhi ng kakulangan ng sapat na kasagutan sa mga suliraning ito. Minsan, sa mga pangyayaring katulad nito, ay hindi maiiwasan at malimit mangyari ang pangangalunya. At hindi hanggang dito lamang kundi maaaring may mangyayaring krimeng pagpatay sa pagitan ng mag-asawa. Sapagkat ito na lamang ang tanging paraan upang maisakatuparan ang minimithi ng bawat isa sa kanila na magkaroon ng kalayaang mamuhay dahil ito ang katuruan sa kanila ng batas ng tao: "na kamatayan lamang ang maaaring makapaghiwalay sa kanila."

Alhamdulillah, ang lahat ng ito ay binigyang kasagutan ng Allah ﷻ ayon sa mga panuntunan ng buhay ng mga Muslim sa Islam. Ang Islam ay pabor sa Monogamia (pag-asawa sa iisa lang) at sekondarya lamang ang Poligamia. At ito ay pinapayagan lang kung saka-sakaling ito ay kailangan para sa kabutihan ng bawat-isa.

## ❺ *Ang Muhammadanismo*

**☒ SINASABI NA MGA HINDI NAKAKAALAM SA ISLAM NA ANG RELIHIYON DAW NG MGA MUSLIM AY MUHAMMADAN DAHIL ANG RELIHIYON AY ITINATAG DAW NI PROPETA MUHAMMAD**

**ANG PANINIWALANG ITO AY MALI AT ANG KATOTOHANAN AY:**

☑ Ang maling pagbabansag ng Muhammadanismo ay walang kinalaman sa relihiyong Islam at sa mga Muslim. Kanilang inihahambing ang Islam sa mga ibang relihiyon na ang mga pangalan o titulo ay hinango mula sa pangalan ng nagtatag o sa mga kinikilala nilang mga kilalang tao o pook. Katulad ng Pananampalatayang Kristiyanismo na hinango sa pangalan ni Kristo. Subalit hindi si Kristo Hesus ang nagtatag rito kundi si

Pablo (Saint Paul, the self declared 13th apostle of Jesus). Kaya ang karamihan sa sekta ng mga Kristiyano ay tinaguriang Pauline Christians. Katulad na rin ng mga Budhismo, ito ay hinango sa pangalan ni Gautama Budha. Ang Confuceousianism naman ay hinango sa isang matalinong guro na si Confuceous. At marami pang iba na hinango ang kani-kanilang mga pangalan sa nagtatag o di kaya ay nakapangalan sa iba.

Para sa mga Muslim, ang Mohammadanismo ay hindi katanggap-tanggap na ipangalan sa kanilang relihiyon dahil ito ay lihis sa katuruan ng Islam. Ang relihiyon ng mga Muslim ay Islam at ang nagtatag dito ay ang Nag-iisang Tunay na Diyos (Allah ﷻ sa salitang Arabik). Diyos ng lahat ng mga Propeta kasama dito si Hesus ﷺ at Mohammad ﷺ. Diyos ng Sanlibutan at ng Sangkatauhan.

# KABANATA - IV

## *Kung Bakit Ako Yumakap Sa Islam ?*

## لماذا اعتنقت الإسلام؟

⊠ Ako ay ipinanganak mula sa isang karaniwan at makarelihiyosong pamilya sa bayan ng Payocpoc Norte, Bauang, La Union at ang kinagisnan kong relihiyon ay Katoliko.

Nang dahil sa isang mahiwagang bulong na bumubulong sa aking puso upang hanapin ang katotohanan sa Diyos. Pinagsumikapan kong magtanong at manaliksik tungo sa katotohanan ng aking paniniwala, na siya rin ang naging kasangkapan na nagtulak sa akin kung bakit ako nakapasok sa pananampalatayang Islam. Ang paniniwalang ito ay ang Pagkakaisa ng Diyos sa tatlong persona; ang diyos Ama, diyos anak at diyos espiritu santo, lahat sa katauhan ni Hesus, na siya ring diyos na bumaba sa lupa at nagkatawang-tao upang madama ang katayuan ng isang tao at mailigtas sila sa kanilang mga pagkakasala.

Alhamdulillah, mula sa aking malawak na pananaliksik, ako ay ginabayan ng Diyos na makarating sa lipunan ng Islam. Sa kawan ng Islam, ako ay namangha sa mga katuruan at paliwanag nila tungkol sa mga paniniwala sa Kaisahan (at hindi pagkaka-isa) ng Diyos. Ito ay matatagpuan sa Kabanata 112 Talata 1-4; "Ipahayag! Siya ang Diyos (Allah), ang Nag-iisa. Diyos, na Walang Hanggan, ang Ganap, Sandigan ng Lahat. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak. At Siya ay walang katulad".

Habang papalalim ako sa aking misyon ay aking nararamdaman na ako ay papalayo sa aking dating pananampalataya dahil habang dumadami ang aking nasasaliksik sa Islam ay lalong lumiliwanag sa akin ang daan patungo sa Kanya. Kaya Alhamdulillah noong taong 1993 sa Tanggapan ng " The World Assembly of Muslim Youth (WAMY)" sa Riyadh, ako ay taos-pusong yumakap sa pananampalatayang Islam na walang kasamang pag-aalinlangan at pagdududa.

Ako ay naniniwala na kung ang katuruan at layunin ng Islam ay siyang maisabuhay natin sa pang-araw araw na pamumuhay, ang mundo at sangkatauhan ay magiging mapayapa.

## FAHAD, ELEAZAR D. LLARENAS [43]

🖂 Ako ay ipinanganak noong Mayo 12, 1955 sa bayan ng Daraga, Albay at ang nakagisnan kong pananampalataya ay Katoliko.

Kasama sa aking mga nakahiligan ay ang magbasa ng mga espirituwal na babasahin. Subalit mula sa aking pagbabasa ay nabuo sa aking kaisipan ang napakalaking pagkalito sa mga doktrinang itinuturo nito. Marami ang pinagsisilbihan sa mga pagsamba. Una, ay ang pagka-diyos ni Hesus. Pangalawa, ay ang mga pag-aalay sa mga santo, santa at patron at iba pa na naging sanhi ng aking pagkalito kung alin sa mga pagsamba ang totoong para sa Kanya. Ako ay napilitang magtanong. Subalit walang matinong kasagutan ang naibigay sa akin hanggang dumating sa punto na ang aking pananampalataya ay lalong nanghina. Taon ang binilang na ako ay halos walang espirituwal na direksiyon.

Alhamdulillah, sa unang pagkakataon, sa Saudi Arabia ay aking narinig ang mahiwagang panawagan ng Adhan na nagmumula sa kanilang Mosque limang beses araw-araw. Ito ay nakapagbigay ng kakaibang pansin sa aking espirituwal na damdamin. Iba ang tama ng panawagan na ito sa aking damdaming pangloob at hindi ko alam kung ano ang kahulugan ng mahiwagang Adhan na ito sa aking buhay? Sa pamamagitan nito ay muling nagising ang aking damdamin at nanumbalik ang dati kong kinalimutang pananaliksik sa tunay na Diyos. Ako ay nagtanong kung ano ang kahulugan nito? Ang kahulugan ay; "Ang Diyos (Allah) ay Dakila, Ako ay sumasaksi na walang diyos maliban sa Allah, Ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ng

---

[43]. Napagkalooban ng Katibayan sa pagyakap sa Islam mula sa Ministro para sa mga Suliraning Pang-Islamik, Riyadh at nalathala sa Saudi Gazette noong Nob.11, 1999.

Allah, Halina't Magdasal, Halina sa Tagumpay, Ang Allah ay Dakila, Walang diyos maliban sa Allah.

Alhamdulillah, mula sa aking muling pananaliksik ay nagkaroon ng ganap na kasagutan at liwanag ang aking mga katanungan na siyang naging daan kung bakit ako yumakap sa pananampalatayang Islam noong Abril 17, 1999. Ako ay naniniwala na ang Islam, ay ang relihiyong aking hinahanap-hanap. Sa kasalukuyan, bilang isang Muslim, ay gumaang ang aking kalooban sa pang-araw-araw na pamumuhay. Kapayapaan ng pag-iisip at kapanatagan ng kalooban ang naidulot sa akin ng Islam.

## SALEM, DANTE M. MONREAL [44]

☒ Ako ay ipinanganak sa Bamban, Tarlac noong Abril 25, 1961 sa isang karaniwang pamilya, at Katoliko ang relihiyong aking nakagisnan.

Mula sa aking mga maling paniniwala noon sa Muslim at Islam, Napilitan akong siyasatin ang katotohanan tungkol sa Islam sa mga hindi inaasahang pangyayari. At siya rin ang dahilan na umakay sa akin sa landas ng Islam. Ito ay nag-umpisa noong ako ay magkaroon ng pagkakataon na makapagtrabaho sa Saudi Arabia. Minsan ako ay na destino sa Ministry of Islamic Affairs sa Riyadh at may nakilala akong isang Arabong marunong magsalita ng Ingles. At mula sa aming kuro-kuro at talakayan ay naipaliwanag niya sa akin ang kagandahan, at ang tunay na katayuan ng relihiyong Islam, na siya ring relihiyon ni Hesus dahil siya (si Hesus) ay Muslim sa tunay na buhay. Ako ay nabigla sa kanyang mga sinabi dahil iyon ay salungat sa aking paniniwala. Mula sa aking pagsisiyasat ay lalung sumiklab at sumidhi ang aking hangarin dahil sa mga magagandang kasaysayan sa buhay ng mga naunang propeta na sa buong buhay ko ay ngayon ko

---

[44]. Napagkalooban ng Katibayan sa pagyakap sa Islam na may numero bilang 3945 mula sa Ministro para sa mga Suliraning Pang-Islamik, Riyadh at nalathala sa Saudi Gazette noong Oktobre 1, 1999.

lang narinig, kung gaano kahirap ang mga pagsubok na dinanas nila maipahayag lamang ang relihiyon ng Allah. Ang karamihan sa kanila ay namatay na pinaslang, katulad ng mag-amang propeta Zacharias at Juan Bautista na sila ay pinatay ng mga (sundalong) Romano. Ganoon din ayon sa kanila si Hesus na anak ni Birheng Maria. Habang binabasa ko ang kanilang kasaysayan ay hindi ko mapigilan ang pagpatak ng aking luha, mula sa aking mga mata. Mula sa mga kasaysayan na ito ay naging maliwanag sa aking kaalaman na ang relihiyon ng mga propeta kasama si Hesus ay Islam. Ako ay naniniwala mula sa katuruan ng Islam, na ito (ang Islam) ang tunay na katuruan tungo sa Nag-iisang Tunay na Diyos. Kaya noong Enero 13, 1998 nabuo ang aking pasiya at taos-pusong yumakap sa Islam.

Alhamdulillah, ako ay nagpapasalamat sa lahat ng tumulong sa akin lalung-lalo na sa Allah (subhanahu wata'ala) na ako ay Kanyang ginabayan sa tamang landas dahil walang pagdududa sa Araw ng Paghuhukom bawat isa sa atin ay mananagot sa kani-kanilang gawa. Ito man ay masama o di kaya ay mabuti ay makakamit natin ang sapat na gantimpala. Kaya mga kapatid, paghandaan natin ang pagdating ng Araw na ito kung paano tayo maililigtas sa mga kaparusahan. Aking sinasabi, ang kaligtasan ay nasa Islam.

### MUSA, MANUEL S. AGUILAR [45]

⊠ Ako ay ipinanganak sa San Fernando, La Union noong Disyembre 5, 1947 at Katoliko ang dati kong pananampalataya.

Sa edad kung ito ay hindi maipagkakailang marami akong alam tungkol sa kasaysayan ng ating pinakamamahal na bansa

---

[45]. Napagkalooban ng Katibayan sa pagyakap sa Islam na may numero bilang 1121 mula sa Ministro para sa mga Suliraning Pang-Islamik, Riyadh at nalathala sa Saudi Gazette noong Oktobre 8, 1999.

ayon sa mga kuwento at katuruan ng ating mga ninuno. Maging sa paaralan ay itinuturo sa amin noon na ang ating mga ninuno ay mga Muslim at sa pamamaraan ng panlulupig ay napasok ng mga dayuhan at mga mandirigmang Kastila ang ating kapuluan at ikinulong ang kalayaan natin at tuluyang itinanim ang pananampalatayang Kristiyanismo sa ating bansa. Kasama sa mga katuruang kanilang itinanim sa puso ng mga Kristiyano ay ang paniniwala sa Trinidad (the Doctrine of Divine Trinity), ang pagka-Diyos ni Hesus bilang anak ng Diyos, ang Diyos na nagkatawang-tao at siya rin ang Espirito at iba pa. Kasama na rin sa tradisyon ng pananampalatayang ito ang pagbibigay ng mga pag-aalay at mga pag-diriwang sa mga santo at patron na sinasabi nilang ito ay puro paglilingkod sa Tunay na Diyos. Kung minsan ay pumapasok sa aking kaisipan ang katuruan ng Trinidad na ito ay halos walang ipinagkaiba sa kasaysayang Metolohiya ng Bansang Greko o ang alamat ng mga diyus-diyosan sa Bundok ng Olimpia sa panahon ng unang-Greeko sa bansang Europa.

Sa mga hindi inaasahang pangyayari, ako ay napunta ng Saudi Arabia sa Gitnang Silangan at dito ay labis ang aking pagkamangha sa maraming dahilan; Una ay ang pagbabatian nila ng "Assalamu Alaykom" na ang kahulugan ay sumaiyo nawa ang kapayapaan. Ito ang pagbating ginamit ni Hesus at ng kanyang mga Apostoles kapag sila ay nagtitipon-tipon, sila ay naghahalikan ng pisngi habang pinatutuloy nila ang kanilang besita na parang magkakapatid at lalo akong nabigla nang makita ko sila sa telebisyon sa loob ng kanilang mosque sa Makkah habang ang kanilang Imam (pinuno sa pagdarasal) ay nagbibigay ng utos sa daang libong mananampalatayang Muslim na binubuo ng ibat-ibang kulay at lahi at sabay-sabay na sumusunod sa utos ng Imam at iisa ang kanilang mga galaw sa bawat yugto ng kanilang pagsamba at dito ko napagtanto ang kaisahan ng kanilang pananampalataya sa Allah (swt). Ako ay hindi mapakali upang malaman ang tunay na katuruan ng relihiyong Islam at sa pamamagitan ng isang masugid at masusing pananaliksik ay nalaman ko na ang pangkalahatang mensahe na ipinag-utos sa lahat ng Sugo at Propeta ng Tunay na Diyos ay ang "La-Ilaha Illallah" na ang kahulugan ay "Walang Diyos na karapat-dapat sambahim maliban sa Nag-iisang Tunay na Diyos (Allah sa Arabik). Nalaman ko rin na si Hesus ay isang Muslim dahil ang kahulugan ng katagang Muslim ay "Taga-sunod sa Relihiyon ng Allah, ang Islam".

Mula nang ako ay yumakap sa Islam ay nagkaroon ng malinaw at maliwanag na direksiyon ang aking buhay na dati ay mang-mang sa katotohanan at walang alam na patutunguhan maliban sa paghahanap-buhay, kumain, matulog at mag-pakasaya .

Alhamdulillah (Ang pagpupuri ay para sa Nag-iisang Tunay na Diyos), at mula ng dumating sa aking buhay ang Islam ay kasingtulad ng pagdating nang liwanag sa isang sulok na madilim na habang paparating ang liwanag ng ilaw ay siya ring paunti-unting pag-alis ng dilim. Ako ay nagpapasalamat sa Allah (swt) dahil ako ay Kanyang tinuro at ginabayan sa tamang landas. Mga kapatid, pag-isipang mabuti ang katotohanan dahil nasa Islam ang katotohanan. Sa Islam ay walang katalu-talo at tiyak na malalasap mo ang tagumpay dito sa lupa at ang tagumpay sa kabilang buhay.

## UMAR, ALBERTO C. MUNAR[46]

🖂 Ako ay ipinanganak noong Augusto 1, 1975 sa bayan ng Quezon, Probinsiya ng Quezon sa isang maka-relihiyoso at karaniwang pamilya. Katoliko ang aking nakagisnang pananampalataya sa relihiyon ng Kristiyanismo. Kasama sa aking mga kahiligan ay ang makisali sa mga organisasyong pangkabataan, pang-sosyal at politikal at lalung-lalo na sa mga organisasyong pang-espirituwal.

Sa mga hindi inaakalang pangyayari, ako ay nagkaroon ng kaisipang magtrabaho sa ibayong dagat at mula sa aking mga panalangin ay sa bansa ng Saudi Arabia ako napunta. Kaagad kung napansin, sa bansang ito ng mga Muslim ang malaking kaibahan nito sa aking pinakamamahal na bansa. Mapayapa ito at mayroong kapanatagan ang buhay. Ang bilang ng krimen ay pinakamababa dahil sa kawalan ng mga pam-publikong bahay

---

46. Napagkalooban ng Katibayan sa pagyakap sa Islam na may numero bilang 2870 mula sa Ministro para sa mga Suliraning Pang-Islamik, Riyadh at nalathala sa Saudi Gazette noong Oktobre 15, 1999.

aliwan, pasugalan, inuman at iba pang mga gawaing labag sa batas ng kanilang relihiyon. Sigaw ng kanilang panawagan sa pagdarasal sa araw at gabi at ingay ng daan ang naririnig mo, trabaho at pagdarasal ang inaasikaso at ginagampanan araw-araw. Sa sistemang ito ay nakapagbigay sa akin ng pagkagusto upang alamin at saliksikin ang relihiyong Islam. Dito ko nalaman ang katotohanan tungkol sa Islam na siya pala ang relihiyon nang lahat ng mga Propeta kasama si Hesus dahil silang lahat ay mga Muslim. Ang banal na Torah, Psalmo at Ebanghelyo at ang Kor'an ay lahat galing sa Allah. Sinubukan kung pumasok sa Islam at sumali sa kanilang mga kuro-kuro, subalit hindi ako makapaniwala sa mga makatotohanang alituntunin, kaalaman at katuruan ng Islam. Kaya Alhamdulillah, tinangap ko ang Islam nang lubusan at walang pag-aalinlangan. Marami ang mga pagbabagong aking nadama bilang tagasunod sa mga kautusan ng Islam. Nailalayo ako nito mula sa mga tukso o panawagan ng kasamaan katulad ng pambabae, pagsusugal, paglalasing at iba pang masasama at nakakatuksong hindi mabuting gawain bagkus binigyang buhay ang aking kaluluwang dati ay walang patutunguhan at kanyang binigyang sigla at pinuno ng pagmamahal ang aking pusong dati ay masakitin at binigyan din ng kalusugan at lakas ang aking katawang dati ay mahina at tinuruan ako upang pakinabangan ang mundong ito para sa daigdig ng walang hanggan. Limang beses na pagdarasal sa araw at gabi ang naging kapalit ng aking besyo, paggunita sa kabilang buhay kahit minsan sa isang araw ang naging ala-ala tuwi-tuwina. Sa pamamagitan nito ay paano ka makagagawa ng masama? Salamat sa Allah swt. dahil sa Kanyang gabay at katuruan. Kasama sa aking mga payo ang saliksikin ang tunay na katuruan ng Islam dahil ang kapanatagan, kaligtasan at tunay na tagumpay ay na sa ilalim nito.

**IBRAHEM, HAROLD M. AMARGO** [47]

---

47. Napagkalooban ng Katibayan sa pagyakap sa Islam na may numero bilang 1122 mula sa Ministro para sa mga Suliraning Pang-Islamik, Riyadh.

🖂 Taong 1954 ang araw ng aking kapanganakan sa Isla ng Palawan at bininyagan sa pangalang Leonardo sa simbahan at pananampalatayang Katoliko ang aking kinagisnan. Isa ako sa mga debotong Kristiyano at kasama sa aking mga nakahiligan ay ang mag-panata at mag-pinitensiya sa tuwing sasapit ang mahal na araw. Subalit, pangkaraniwan sa katayuan ng isang deboto sa pananampalataya kung minsan, dahil sa kakulangan ng pang-unawa sa mga retwal na pagsamba ay hindi mabigyan ng sapat na mga paliwanag ang tungkol sa mga katuruan nito na kung minsan ay hindi maiwasan na bigla na lamang pumapasok at umuulik-ulik sa aking kaisipan ang katotohanan tungkol sa tunay na katayuan ng aking pananampalataya. Isa sa mga katanungan at mga bagay na sumasagabal sa aking kaisipan na hindi ko maintindihan ay kung bakit si Hesus na pinaniniwalaang Panginoon ay nagpakahirap at nagpapako sa krus sa dahilang pagtubos sa ating mga kasalanan. Samakatuwid baga, kung totoo man ito ay tiyak na tayong lahat ay ligtas na sa Impiyerno dahil ang ating mga pagkakasala ay tinubos na ng Panginoon. Paano ngayon mabibigyan ng hustisya ang mga naaapi? Ano pa ba ang kabuluhang matatamo sa paggawa ng mga kabutihan at ano rin ba ang biyayang makakamit ng mga masasama? Maraming mga katanungan ang ihinahanap ko ng tamang kasagutan subalit hindi ako nagtagumpay.

Dahil sa aking pangarap upang magkaroon ng kaginhawahan sa buhay ay naisipan kong magtrabaho sa ibayong dagat at noong taong 1996, ako ay napunta ng Riyadh sa Bansa ng Saudi Arabia. Isang araw, ang lahat ng magaganda kong pangarap ay biglang naglaho at nawalan ako ng pag-asang mabuhay pa ulit dahil sa hindi inaasahang vehicular accident na ikinasawi ng isang Indianong bumangga sa aking sasakyan. Kaya ang nasabi ko sa mga pangyayaring naganap ay Diyos lamang ang nakakaalam sa aking tadhana at sa magiging kahihinatnan ng aking may-bahay at mga anak.

Sa kulungang aking kinasadlakan ay hindi ako makapaniwala dahil puro pagsamba at pag-aaral sa mga katuruan at alituntunin ng relihiyong Islam ang kanilang mga itinuturo sa amin. Isa sa mga mahahalaga nilang itinuturo ay ang wastong kaalaman kung paano natin makikilala ang tunay

na katayuan ng Nag-iisang (Tunay na) Diyos. Mula sa kanilang mga katuruan ay paunti-unting nagkaroon ng liwanag ang madilim kong daigdig, at masalimuot kong kapaligiran, binuhay ang aking kaluluwang walang tiyak na patutunguhan at binigyan ng pag-asang gumaan ang dati'y napakabigat kong suliranin at nagkaroon ng sigla at kulay ang mukha kong dati'y matamlay.

Sa kanilang mga panayam at pagtuturo ay bulto ang dami ng mga katanungang (major or minor) aking inihagis sa kanila, sapagkat ang aking layunin ay magkaroon ng lubos na kasagutan ang akin mga agam-agam tungo sa katotohanan. Subalit, sa mga hindi inaasahang pangyayari ay sa katuruan ng relihiyong Islam ko natagpuan ang mga kasagutan nang aking mga katanungan na hindi nabigyan ng sapat na kapaliwanagan. Mula sa aking sariling pagpapasiya ay tinanggap ko ng bukal sa aking kalooban ang pananampalataya sa Islam.

Alhamdulillah, pagkaraan ng dalawang taon, ang blood money na dapat kung bayaran ay sinagot ng isang Muslim na Prinsipe at ako'y pinalaya. Mula sa maikling panahon ng aking pag-aaral at sariling pananaliksik ay bigla akong nagising sa katotohanan at malinaw na lumantad sa aking kaisipan bilang isang tunay na mananampalatayang Muslim ang higit na pangangailangan sa buhay natin dito sa kasalukuyang daigdig upang gamitin ito sa mga kabutihan at mga pagsamba sa Allah swt. bago maglakbay patungo sa daigdig at buhay na walang hanggan. Ang mga katuruan at pagsamba sa Islam ay siya ang daan tungo sa kaligtasan at susi sa tunay na tagumpay at kasiyahan doon sa buhay na walang hanggan.

*KHALED, Leonardo A. Basarez* [48]

---

[48]. Napagkalooban ng Katibayan sa pagyakap sa Islam na may numero bilang 3884/19/9/J12 mula sa Ministro para sa mga Suliraning Pang-Islamik, Riyadh.

☒ Ako ay ipinanganak noong Abril 27, 1950 sa bayan ng Dankias, Siyudad ng Butuan sa isang maka-relihiyoso at karaniwang pamilya. Bininyagan ako sa pangalang Pedrito ng simbahang Katoliko bilang ganap na Kristiyano.

Simula sa pagkabata ay mahilig na akong magdasal at mag-aral ng Katikismo sa simbahan at sa aking paglaki ay naging isang panatiko sa pananampalatayang Kristiyanismo. Dahil sa dami ng mga sekta sa pananampalatayang Kristiyanismo at hindi pagkaka-pareho ng kani-kanilang mga doktrina, ako ay naging palatanong na ito na rin ang siyang nagtulak sa akin sa isang walang paghintong pagsasaliksik tungo sa katotohanan.

Ako ay napilitang lumipat, makisali at mabinyagan sa mga iba't-ibang sekta ng Kristiyanismo alang-alang sa katotohanan, subalit lalong lumabo sa aking pang-unawa ang tunay na katayuan sa pagkatotoo ng mga katuruan sa pananampalatayang Kristiyanismo, dahil ang iba sa mga katuruan ng Bibliya ay magkakasalungatan.

Halimbawa, sinabi ni Hesus sa Mateo 5:17-20; "Huwag ninyong akalaing naparito ako upang ipawalang bisa ang Kautusan at ang aral ng mga Propeta. Naparito ako kundi upang ipaliwanag at ipatupad ang lahat ng iyon. Tandaan ninyo ito, magwawakas ang langit at ang lupa ngunit ang kaliit-liitang bahagi ng kautusan ay di mawawalan ng bisa hangga't hindi maipatupad ang lahat....." subalit ayon naman sa turo ni Pablo ay kanyang sinabi sa Galacia 5:2-6,"Akong si Pablo ang nagsasabi sa inyo; Kapag nagpatuli kayo ay pinawalang kabuluhan ninyo si Kristo. Hindi na kailangan sundin niya (ni Kristo) ang buong kautusan, ang mga nagsusumikap na maging matuwid sa paningin ng Diyos sa pamamagitan ng pagtupad sa kautusan ay napahiwalay na kay Kristo at wala ng karapatan sa habag ng Diyos...."

Hindi ko malaman kung sino sa mga sekta ng Kristiyanismo ang tama at dapat sundin upang makamit ang

tunay na turo tungo sa kaligtasan sa Araw ng Paghuhukom, dahil bawat isa sa kanila ay nagsasabi na sa kanilang sekta lamang ang kaligtasan. Hindi ako nawalan ng pag-asa sa aking layunin at isang araw, nang dahil sa pangangailangan ng panahon naisipan kong mangibang bansa at sa awa ng Diyos; sa bansa ng Saudi Arabia ako napunta.

Sa bansang ito ay walang simbahan para sa mga mananampalatayang Kristiyano o templo ng mga ibang relihiyon at maliban sa mga Mosque ay wala nang iba. Nagkaroon ako ng pagka-gusto upang siyasatin ang pananampalataya ng mga Muslim para sa karagdagang kaalaman lamang dahil mula sa kuwento ng mga nakakatanda sa amin ay sinasabi nila na ang mga Muslim ay mga mamamatay tao, mga pagano at sumasamba sa mga bagay, marami ang kanilang kinikilalang diyos-diyusan at iba pa. Wala akong balak na maging isa sa kanila dahil noon pa ay kinamumuhian ko sila at itinuturing kong sila ay kaaway base sa mga masasamang kuwento laban sa kanila.

Sa unang araw pa lamang ng aking pagsisiyasat ay nabigla ako sa mga hindi inaakalang katuruan ng Islam sa mga Muslim at lalong umapaw ang aking interes sa pagsisiyasat dahil habang tumatagal at lumalalim ang aking pagsisiyasat ay lalo akong inaakay sa isa pang maganda at matinding pagsisiyasat na ang turing ko sa aking sarili ay para akong isang Abenturero na dahil sa mga panibagong katuklasan sa isang bagay na kapaki-pakinabang ay hindi mo na maisipan pa kung gaano ito kapanganib, ganoon din ang isang Minero na dahil sa mga magagandang pakinabang ang matatamo sa minahan ay wala na ring katapusan ang aking paghuhukay ng mga ginto.

Umabot ng anim na buwan ang aking pagsisiyasat at doon ay nakita ko ang liwanag at malinaw na mga palatandaan na ang aking hinahanap na mga kasagutan sa aking mga katanungan ay sa landas ng relihiyong Islam ko ito natagpuan. Napagtanto ko sa aking sarili na ang Islam ay puno ng yamang maka-mundo at maka-espirituwal na siya ang matagal kong

hinahanap at ina-asam, yamang pinupuno ang aking puso ng sapat na pananalig sa Diyos at tiwala sa sarili. Kaya hindi ko napigilan ang aking sarili na maghintay pang gumawa ng ibang panukala't palatuntunan upang hanapin ang daan papasok sa Relihiyong Islam at harapin ang buong-buhay na tungkulin at paglilingkod sa nag-iisang tunay na Diyos. Alhamdulillah, gabay ng Allah swt. ay sa wakas dumating at tinanggap ko ang Islam at binanggit ang pagpapahayag sa pagtanggap sa paniniwala sa nag-iisang tunay na Diyos na Siya lamang ang Diyos na dapat sambahin at paglingkuran ng buong puso at kaluluwa.

Sa buhay ng isang tunay na mananampalatayang Muslim ay kasiyahang hindi kayang sukatin ang kanyang tinatamasa sa buhay. Kapayapaan at kapanatagan ng puso at isipan ang naging kapalit ng aking pusong dati'y mapangamba at damdaming dati'y maligalig. Payo ko sa lahat ng naghahanap ng katotohanan sa pananampalataya patungo sa tunay na kaligtasan ay dapat nilang subukan ang pag-aaral sa Islam at tiyak na hindi sila magsisisi at hindi nila ako sisihin kung bakit ko niyakap ang panampalatayang ito.

*FAREED, Pedrito D. Alas* [49]

49. Napagkalooban ng Katibayan sa pagyakap sa Islam noong taong 1992 na may numero bilang 1384/9/4/2 mula sa Ministro para sa mga Suliraning Pang-Islamik, Riyadh.

# المحتويات


| العنوان | صفحة | العنوان | صفحة |
|---|---|---|---|
| فهرس | ١ | الشهادتين | ٣٤ |
| مقدمة | ٥ | التوحيد الله | ٣٥ |
| الإسلام الدين الأول في الفلبين | ٧ | التوحيد الربوبية | ٣٥ |
| ما هو الإسلام؟ | ١٤ | التوحيد الأسماء و الصفاة | ٣٧ |
| الإسلام هو دين الله | ١٥ | التوحيد الألوهية | ٣٨ |
| من هو الله ؟ | ١٥ | شروط لا إله إلا الله | ٣٩ |
| من هو المسلم؟ | ١٦ | الشرك | ٤٣ |
| من هو محمد؟ | ١٧ | نوا قض الإسلام | ٤٤ |
| ما هو القرآن؟ | ١٨ | كيفية الصلاة في الإسلام | ٤٧ |
| ما هو الحديث؟ | ١٩ | الزكاة | ٥٢ |
| من هم الصحابة؟ | ٢٠ | الصيام | ٥٤ |
| ما هو الإحسان؟ | ٢١ | الحج | ٥٦ |
| ما هو الإيمان؟ | ٢١ | الجنة | ٥٨ |
| الإيمان بالله | ٢٢ | جهنم | ٥٩ |
| الإيمان بالملائكة | ٢٥ | نؤمن بعيسى | ٦٢ |
| الإيمان بالكتب | ٢٧ | شريعة الإسلام | ٦٧ |
| الإيمان بالرسل | ٢٩ | معنى الجهاد في الإسلام | ٧٢ |
| الأنبياء والرسل | ٣١ | تعدد الزوجات في الإسلام | ٧٨ |
| الإيمان باليوم الآخرة | ٣٢ | المحمدية | ٨٢ |
| الإيمان بالقدر | ٣٣ | لماذا اعتنقت الإسلام؟ | ٨٤ |

© المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد بالسلي، ١٤٢٢هـ

*فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر*

شريفادا ، عبدالخالق

الهداية إلى الحق . ـــ ط ٢ .- الرياض.

٩٥ص ؛ ..سم

ردمك : ٠-٢-٩٣٥٦-٩٩٦٠

(النص باللغة التجالوج)

١- الدعوة الإسلام　　أ- العنوان

ديوي ٢١٣　　٢٢/٤٤٢٥

رقم الإيداع : ٢٢/٤٤٢٥

ردمك : ٠-٢-٩٣٥٦-٩٩٦٠

حقوق الطباعة محفوظة

الطباعة الثانية

نسخة مزيدة و منقحة

١٤٢٢هـ/٢٠٠١م

كتب الجاليات $\frac{٦٧}{٥}$

# الهداية إلى الحق



باللغة الفلبينية

إعداد

قسم الجاليات بالمكتب

الطبعة الخامسة

ISBN: 9960 - 9356 - 2 - 0

0401043

المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالسلي

الرياض-السلي-شارع هارون الرشيد مخرج (١٦) الدائري الشرقي-ص.ب ١٤١٩ الرمز البريدي ١١٤٣١

هاتف ٢٤١٠٦١٥ ناسوخ ٢٤١٤٤٨٨ تحويلة ٢٣٢